
# MGA UGNAYANG PANGMAG-ASAWA AT PANGMAG-ANAK

## GABAY SA PAG-AARAL NG KALAHOK



# Mga Ugnayang Pangmag-asawa at Pangmag-anak

## Gabay sa Pag-aaral ng Kalahok

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga
Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

**Mga Puna at Mungkahi**

Ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa gabay sa pag-aaral na ito ay pasasalamatan. Mangyari lamang na ipadala ang mga ito sa:

Curriculum Planning
50 East North Temple Street, Floor 24
Salt Lake City, UT 84150-3200
USA

E-mail: cur-development@ldschurch.org

Mangyari lamang na isulat ang inyong pangalan, tirahan, purok, at istaka. Tiyaking isulat ang pamagat ng gabay sa pag-aaral. Pagkatapos ay ilahad ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kalakasan ng gabay sa pag-aaral at mga bahaging maaari pang pagandahin.

© 2001 ng Intellectual Reserve, Inc.
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/97
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/97
Pagsasalin ng *Marriage and Family Relations: Participant's Study Guide*
Tagalog

# Mga Nilalaman


"Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" . . . . . . . . iv
Pambungad . . . . . . . . v
Buod ng Kurso Ukol sa Mga Ugnayang Pangmag-asawa at Pangmag-anak . . . . . . . . vii

**Bahagi A: Pagpapatatag ng Pagsasama ng Mag-asawa**

1. "Ang Mag-anak ay Sentro sa Plano ng Lumikha" . . . . . . . . 3
2. Pagkakaroon ng Pagkakaisa sa Pagsasama ng Mag-asawa . . . . . . . . 8
3. Pangangalaga sa Pagmamahalan at Pagkakaibigan ng Mag-asawa . . . . . . . . 12
4. Pagtugon sa mga Hamon sa Pagsasama ng Mag-asawa . . . . . . . . 16
5. Pagtugon sa mga Hamon sa Pamamagitan ng Magandang Pag-uusap . . . . . . . . 18
6. Pagpapatatag ng Pagsasama ng Mag-asawa sa Pamamagitan ng Pananampalataya at Panalangin . . . . . . . . 22
7. Ang Nakapagpapagaling na Kapangyarihan ng Pagpapatawad . . . . . . . . 27
8. Pangangasiwa ng Pananalapi ng Mag-anak . . . . . . . . 30

**Bahagi B: Mga Pananagutan ng mga Magulang sa Pagpapatatag ng mga Mag-anak**

9. "Ang mga Anak ay Mana mula sa Panginoon" . . . . . . . . 39
10. Ang mga Sagradong Tungkuling Ginagampanan ng mga Ama at Ina (Bahagi 1: Mga Tungkulin ng mga Ama) . . . . . . . . 44
11. Ang mga Sagradong Tungkuling Ginagampanan ng mga Ama at Ina (Bahagi 2: Mga Tungkulin ng mga Ina) . . . . . . . . 49
12. Pagtuturo sa mga Anak sa Pamamagitan ng Halimbawa at Tagubilin . . . . . . . . 55
13. Pagtuturo ng mga Alituntunin ng Ebanghelyo sa mga Bata (Bahagi 1) . . . . . . . . 62
14. Pagtuturo ng mga Alituntunin ng Ebanghelyo sa mga Bata (Bahagi 2) . . . . . . . . 67
15. Paggabay sa mga Anak sa Paggawa Nila ng mga Pasiya . . . . . . . . 74
16. Pangmag-anak na Panalangin, Pangmag-anak na Pag-aaral ng Banal na Kasulatan, at Gabing Pantahanan ng Mag-anak . . . . . . . . 78

# ISANG PAGPAPAHAYAG SA MUNDO

## ANG UNANG PANGULUHAN AT KAPULUNGAN NG LABINDALAWANG APOSTOL NG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

KAMI, ANG UNANG PANGULUHAN at ang Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay taimtim na nagpapahayag na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inordena ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak.

LAHAT NG TAO—lalaki at babae—ay nilalang sa wangis ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at, bilang gayon, bawat isa ay may banal na katangian at tadhana. Ang kasarian ay isang mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan.

SA BUHAY BAGO PA ANG BUHAY SA MUNDO, kilala at sinamba ng mga espiritung anak na lalaki at anak na babae ang Diyos bilang kanilang Ama at tinanggap ang Kanyang plano na naglaan sa Kanyang mga anak na magkamit ng pisikal na katawan at magtamo ng karanasan sa mundo upang umunlad patungo sa kaganapan at sa huli ay makamtan ang kanilang banal na tadhana bilang tagapagmana ng buhay na walang hanggan. Ang banal na plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang buhay. Ang mga sagradong ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga tao upang makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan.

ANG UNANG KAUTUSAN NA IBINIGAY ng Diyos kina Adan at Eva ay tungkol sa kanilang posibilidad bilang mag-asawa na maging mga magulang. Ipinahahayag namin na ang kautusan ng Diyos na magpakarami at kalatan ang lupa ay nananatiling may bisa. Amin pang karagdagang ipinahahayag na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae, na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas.

IPINAHAHAYAG namin na ang paraan ng paglikha ng buhay na mortal ay itinakda ng Diyos. Pinagtitibay namin ang kabanalan ng buhay at ang kahalagahan nito sa walang hanggang plano ng Diyos.

ANG MAG-ASAWA AY MAY BANAL na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak. 'Ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon' (Mga Awit 127:3). Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, maglaan para sa kanilang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan, turuan silang magmahal at maglingkod sa isa't isa, sundin ang mga kautusan ng Diyos at maging masunurin sa batas saanman sila naninirahan. Ang mga mag-asawa—ang mga ina at ama—ay papananagutin sa harap ng Diyos sa kanilang pagtupad sa mga tungkuling ito.

ANG MAG-ANAK ay inordena ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang hanggang plano. Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng bigkis ng kasal at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal. Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at mga kapaki-pakinabang na gawaing panlibangan. Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan ng mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak. Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga ng kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan. Ang pagkakaroon ng kapansanan, kamatayan, o iba pang kalagayan ay maaaring magpabago sa mga takdang tungkulin ng bawat isa sa pagkalinga sa mag-anak. Ang mga kamag-anak ay dapat magbigay ng tulong kung kinakailangan.

KAMI ay nagbababala sa mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang-puri, nagmamalabis sa asawa o anak, o bigo sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa mag-anak, na balang araw sila ay papananagutin sa harap ng Diyos. At gayon din, kami ay nagbababala na ang pagkakawatak-watak ng mag-anak ay magdudulot sa mga tao, mga komunidad, at mga bansa ng mga kapahamakang sinabi na noon pa ng mga sinauna at makabagong propeta.

KAMI ay nananawagan sa mga may-pananagutang mamamayan at mga pinuno ng gobyerno sa lahat ng dako na magtatag ng mga pamamaraan upang mapanatili at mapalakas ang mag-anak bilang ang pangunahing yunit ng lipunan.

*Ang pagpapahayag na ito ay binasa ni Pangulong Gordon B. Hinckley bilang bahagi ng kanyang mensahe sa Pulong ng Pangkalahatang Samahang Damayan na ginanap noong ika-23 ng Setyembre, 1995, sa Lungsod ng Salt lake, Utah.*

# Pambungad

## Layunin ng Kursong Ito

Ang kursong Mga Ugnayang Pangmag-asawa at Pangmag-anak ay nilayon upang tulungan ang mga miyembro ng Simbahan na patatagin ang pagsasama ng mga mag-asawa at mag-anak at makatagpo ng kagalakan sa kanilang mga ugnayang pangmag-anak. Ito ay nahahati sa dalawa. Ang Bahagi A, "Pagpapatatag ng Pagsasama ng Mag-asawa," ay higit na nakatutulong sa mga mag-asawa at sa mga miyembrong naghahandang magpakasal. Ang Bahagi B, "Mga Pananagutan ng mga Magulang sa Pagpapatatag ng mga Mag-anak," ay tumutulong sa mga magulang at mga lolo at lola sa kanilang mga pagsisikap na "turuan ang [mga anak] ayon sa saway at aral ng Panginoon" (Mga Taga Efeso 6:4).

Ang kurso ay batay sa mga doktrina at alituntuning itinuro sa mga banal na kasulatan at ng mga propeta at apostol sa mga huling araw. Nagbibigay-diin ito sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," na kabilang sa pahina iv ng gabay sa pag-aaral na ito.

Para sa buod ng kurso, tingnan ang mga pahina vii–viii. Sumangguni sa buod na ito nang madalas upang repasuhin ang mga doktrina at alituntuning natutuhan ninyo at upang ihanda ang inyong sarili para sa darating na mga aralin.

## Pagdalo sa Kurso Ayon sa Inyong Sariling mga Pangangailangan

Mapipili ninyong dumalo ayon sa inyong mga kani-kanyang pangangailangan. Halimbawa, kung kayo ay may asawa ngunit walang mga anak, maaari ninyong piliing daluhan ang unang walong aralin ngunit hindi ang huling walo. Kung kayo ay nag-iisang magulang, maaari kayong magpasiyang daluhan lamang ang mga aralin sa bahagi B.

## Pakikilahok sa Kurso

Sa pamamagitan ng pakikilahok sa kursong ito, naipamalas ninyo ang pagnanais na patatagin ang inyong mag-anak. Upang makamit ang buong kapakinabangan ng kurso, kailangan ninyong mag-ambag sa mga talakayan sa klase, gamitin ang gabay sa pag-aaral na ito, at magpunyaging ipamuhay ang mga doktrina at alituntuning natututuhan ninyo.

### *Pag-aambag sa mga Talakayan sa Klase*

Habang kayo at ang iba pang mga kalahok ay nag-aambag sa mga talakayan sa klase, maaanyayahan ninyo ang impluwensiya ng Espiritu Santo at matuturuan at mapapalago ang bawat isa. Sinabi ng Panginoon, "Magtalaga sa inyo ng isang guro, at huwag maging mga tagapagsalita ang lahat kaagad; sa halip magsalita nang isa-isa at makinig ang lahat sa kanyang sinasabi, upang kapag ang lahat ay nakapagsalita na ang lahat ay mapasigla ng lahat, at upang ang bawat tao ay magkaroon ng pantay na pribilehiyo" (D at T 88:122).

Lahat ng lumalahok sa kurso ay matututo mula sa isa't isa, anuman ang kanilang karanasan sa pag-aasawa o sa pagpapalaki ng mga anak. Ang inyong karanasan sa silid-aralan ay magiging napakamakabuluhan habang nagbabahagi kayo ng mga karanasan na nauugnay sa mga aralin at buong galang na nakikinig kapag gayon din ang ginagawa ng iba. Habang nagpapatotoo kayo sa mga katotohanang tinatalakay, mapalalakas ninyo ang inyong patotoo at ang mga patotoo ng iba. Gayunpaman, dapat kayong maging maingat na huwag magtalakay ng mga matalik o sagradong karanasan na hindi angkop na talakayin sa silid-aralan. Dapat din ninyong malaman ang mga limitasyon sa oras ng klase at isaalang-alang ang guro at iba pang mga kalahok.

### *Paggamit sa Gabay sa Pag-aaral na Ito*

Sa linggong kasunod ng bawat aralin, gamitin ang gabay sa pag-aaral na ito upang repasuhin ang napag-aralan ninyo. Ang gabay sa pag-aaral ay naglalaman ng "Mga Ideya para sa Pagsasagawa," na mga mungkahi upang tulungan kayong mamuhay ayon sa mga doktrina at alituntuning natutuhan ninyo sa bawat aralin. Dagdag pa rito, isa o dalawang lathalain ng mga Pangkalahatang Awtoridad ng Simbahan ang kasama sa bawat aralin. Kung kayo ay may asawa, malaki ang magiging pakinabang ninyo mula sa pagbabasa at pagtalakay ng mga lathalain kasama ang inyong asawa.

Ang ilan sa mga lathalain ay ibinigay bilang mga talumpati sa pangkalahatang komperensiya at iba pang tagpo, at ang iba ay isinulat para sa mga

magasin ng Simbahan. Dahil kinuha sila sa iba't ibang paglalathala, maaaring may maliliit na pagbabagong kinailangang gawin upang maitugma ang pormat sa gabay sa pag-aaral na ito. Halimbawa, ilang mga pambungad na puna ang inalis sa mga talumpati mula sa pangkalahatang komperensiya, at ilang mga pang-ulo at sipi ang maaaring binago. Ang mga itinuturo ay hindi binago.

*Pamumuhay ng mga Doktrina at Alituntuning Natutuhan Ninyo*

Hindi sapat na matutuhan lamang ang ebanghelyo. Upang maging mabisa ang ebanghelyo sa inyong buhay, kailangan ninyong ipamuhay ang inyong natutuhan. Ipinayo ni Pangulong Harold B. Lee, ika-11 Pangulo ng Simbahan:

"Lahat ng alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo ay pawang mga paanyaya lamang na pag-aralan ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pamumuhay ng mga turo nito. Walang taong nakaaalam ng alituntunin ng ikapu hanggang sa magbayad siya ng ikapu. Walang taong nakaaalam ng alituntunin ng Salita ng Karunungan hanggang sa masunod niya ang Salita ng Karunungan. Ang mga bata, o mga matatanda man, ay hindi napapaniwala sa ikapu, sa Salita ng Karunungan, sa pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath, o sa panalangin sa pakikinig lamang sa isang taong nagsasalita tungkol sa mga alituntuning ito. Natututuhan natin ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pamumuhay nito. . . .

". . .Hindi natin kailanman tunay na malalaman ang anuman sa mga turo ng ebanghelyo hanggang sa maranasan natin ang mga pagpapalang nagmumula sa pamumuhay ng bawat alituntunin" (Stand Ye in Holy Places [1974], 215).

**Mga Karagdagang Mapagkukunan**

Ang mga sumusunod na mapagkukunan na inilathala ng Simbahan ay naglalaan ng karagdagang impormasyon sa mga paksang tinalakay sa kursong ito. Makukuha ang mga mapagkukunang ito sa mga sentro ng pamamahagi ng Simbahan. Maaaring ninyong naising makakuha ng mga latlahang ito at gamitin sila sa inyong tahanan.

- *Gabay na Aklat ng Mag-anak* (31180 893). Ang gabay na aklat na ito ay naglalarawan ng organisasyon ng mag-anak, naglalaan ng impormasyon tungkol sa pagtuturo ng ebanghelyo sa tahanan, at nagbabalangkas ng mga pamamaraan para sa mga ordenansa at pagpapala ng pagkasaserdote.
- Mga lathalain tungkol sa pag-aasawa at mag-anak sa mga magasin ng Simbahan.
- *Family Home Evening Resource Book* (31106). Tumutulong ang aklat na ito sa mga magulang at anak sa paghahanda ng mga aralin para sa gabing pantahanan ng mag-anak (mga pahina 3–160, 173–332). Naglalaman ito ng mga ideya upang gawing matagumpay ang gabing pantahanan ng mag-anak (mga pahina 163–70) at nagsasaad ng mga mungkahi para sa pagtuturo ng mga natatanging alituntunin at pananagutan sa mga anak (mga pahina 235–62). Naglalaman din ito ng mga ideya para sa mga gawaing pangmag-anak (mga pahina 265–340).
- *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (36123 893). Naglalaman ito ng mga alituntunin at praktikal na mungkahi upang tulungan ang mga miyembro ng Simbahan na magpakahusay bilang mga guro ng ebanghelyo. Ang bahagi D, "Pagtuturo sa Tahanan" (mga pahina 167–89), ay tiyak na makatutulong sa mga magulang.
- *Gabay na Aklat sa Pagtuturo* (34295 893). Ang gabay na aklat na ito ay naglalaan ng mga mungkahi para sa pagpapahusay ng pagtuturo at pagkatuto ng ebanghelyo.
- *Para sa Lakas ng Kabataan* (34285 893). Ibinabalangkas ng polyetong ito ang mga pamantayan ng Simbahan sa pakikipagtipanan, pananamit at kaanyuan, pakikipagkaibigan, katapatan, pananalita, media, kalusugang pangkaisipan at pangkatawan, musika at pagsasayaw, kadalisayan ng puri, pag-uugali tuwing Linggo, pagsisisi, pagkamarapat, at paglilingkod.
- *Gabay ng Magulang* (31125 893). Ang hanbuk na ito ay naglalaman ng mga mungkahi upang tulungan ang mga magulang na turuan ang kanilang mga anak tungkol sa pisikal na pagniniig.
- *Cornerstones of a Happy Home* (33108). Ang polyetong ito ay naglalaman ng pananalitang ipinihayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley noong naglilingkod siya bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.
- *One for the Money: Guide to Family Finances* (33293). Ang polyetong ito ni Elder Marvin J. Ashton ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay naglalaan ng mga praktikal na mungkahi sa pangangasiwa sa pananalapi ng mag-anak.

# Buod ng Kurso Ukol sa mga Ugnayang Pangmag-asawa at Pangmag-anak

## Bahagi A: Pagpapatatag ng Pagsasama ng Mag-asawa

### Aralin 1: "Ang Mag-anak ay Sentro sa Plano ng Lumikha"

Ipinahahayag ng mga propeta sa mga huling araw ang walang-hanggang kahalagahan ng kasal at ng mag-anak.

Nakapagdudulot ng kagalakan at mga dakilang pagpapala sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan ang walang-hanggang kasal.

Ang kurso ukol sa mga Ugnayang Pangmag-asawa at Pangmag-anak ay nilayon upang tulungan tayong makatagpo ng kagalakan sa ating mga ugnayang pangmag-anak.

Maaaring maging "kapirasong langit" ang ating mga tahanan habang nagtatayo tayo "sa bato na ating Manunubos."

### Aralin 2: Pagkakaroon ng Pagkakaisa sa Pagsasama ng Mag-asawa

Inatasan ng Panginoon ang mga mag-asawa na magkaisa.

Dapat pahalagahan ng mga mag-asawa ang isa't isa bilang magkapantay na pareha

Dapat pahintulutan ng mga mag-asawa na umakma sa isa't isa ang kani-kanilang mga katangian at kakayahan.

Dapat maging tapat sa isa't isa ang mga mag-asawa.

### Aralin 3: Pangangalaga sa Pagmamahalan at Pagkakaibigan ng Mag-asawa

Kailangang pangalagaan ng mga mag-asawa ang kanilang pagmamahal sa isa't isa.

Ang mga pagpapahayag ng pagkagiliw at kabaitan ay nagpapanatiling masigla sa pagmamahal at pagkakaibigan ng mag-asawa.

Ang angkop na intimasiya sa mag-asawa ay isang pagpapahayag ng pag-ibig.

Dapat pagsikapan ng mga mag-asawa na magkaroon ng pag-ibig sa kapwa, na siyang dalisay na pag-ibig ni Cristo.

### Aralin 4: Pagtugon sa mga Hamon sa Pagsasama ng Mag-asawa

Lahat ng mag-asawa ay makararanas ng mga paghamon.

Malalampasan ng mga mag-asawa ang anumang hamon kung ituturing nilang isang pakikipagtipan ang pag-aasawa.

Kapag dumarating ang mga hamon, maaari nating piliing tumugon nang may pagtitiyaga at pagmamahal sa halip na tumugon nang may pagkabigo o galit.

### Aralin 5: Pagtugon sa mga Hamon sa Pamamagitan ng Magandang Pag-uusap

Ang bawat mag-asawa ay magkakaroon ng ilang pagkakaiba ng opinyon.

Dapat hanapin ng mga mag-asawa ang mga kahanga-hangang katangian ng isa't isa.

Ang magandang pag-uusap ay nakatutulong sa pag-iwas at paglutas sa mga suliranin.

### Aralin 6: Pagpapatatag ng Pagsasama ng Mag-asawa sa Pamamagitan ng Pananampalataya at Panalangin

Dapat magtulungan ang mag-asawa na pag-ibayuhin ang pananampalataya nila kay Jesucristo.

Pinagpapala ang mag-asawa kapag magkasama silang nananalangin

### Aralin 7: Ang Nakapagpapagaling na Kapangyarihan ng Pagpapatawad

Ang diwa ng pagpapatawad sa pagitan ng mag-asawa ay pagdudulot ng kapayapaan at damdamin ng pagtitiwala at katiyakan.

Dapat humingi ng tawad sa isa't isa ang mag-asawa para sa kanilang mga pagkukulang at gumawa ng taimtim na pagsisikap na magbago.

Dapat hangaring patawarin ng mag-asawa ang isa't isa.

### Aralin 8: Pangangasiwa ng Pananalapi ng Mag-anak

Ang wasfong pangangasiwa ng pananalapi ay mahalaga para sa masayang pagsasama ng mag-asawa.

Dapat magtulungan ang mag-asawa na sundin ang mga pangunahing alituntunin sa pangangasiwa ng pananalapi.

### Aralin 9: "Ang mga Anak ay Mana mula sa Panginoon"

Ipinagkakatiwala ng Ama sa Langit ang Kanyang mga espiritung anak sa mga magulang sa lupa.

Dapat hangarin ng mga magulang na matugunan ang bawat pangangailangan ng bawat anak.

Ang mga anak ay may karapatan sa magiliw na pakikipag-ugnayan sa kanilang mga magulang.

Ang pang-aabuso sa anak ay kasalanan sa Diyos .

Nagdudulot ng malaking kagalakan ang mga anak sa buhay ng kanilang mga magulang.

### Aralin 10: Ang Mga Sagradong tungkuling Ginagampanan ng mga Ama at Ina (Bahagi 1: Mga Tungkulin ng mga Ama)

Dapat magtulungan ang mga ama at ina upang makapaglaan ng kalasag ng pananampalataya sa bawat isa sa kanilang anak.

Dapat mamuno ang mga ama nang may pagmamahal at kabutihan.

Dapat tustusan ng mga ama ang mga pangunahing pangangailangan sa buhay ng kanilang mga mag-anak at pangalagaan sila.

### Aralin 11: Ang mga Sagradong Tungkuling Ginagampanan ng mga Ama at Ina (Bahagi 2: Mga Tungkulin ng mga Ina)

Nakikilahok ang mga ina sa gawain ng Diyos.

Pangunahing pananagutan ng mga ina ang pangangalaga sa kanilang mga anak.

Dapat tulungan ng mga ama at ina ang isa't isa bilang magkapantay na pareha.

### Aralin 12: Pagtuturo sa mga anak sa Pamamagitan ng Halimbawa at Tagubilin

Pananagutan ng mga magulang na turuan ng kanilang mga anak.

Makatatanggap ng inspirasyon ang mga magulang sa pagtuturo sa kanilang mga anak.

Nagtuturo ang mga magulang sa pamamagitan ng halimbawa at tagubilin.

### Aralin 13: Pagtuturo ng mga Alituntunin ng Ebanghelyo sa mga Bata (Bahagi 1)

Makatutulong ang mga turo ng mga magulang sa mga bata upang manatiling malakas ang kanilang pananampalataya.

Dapat ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak ang mga unang alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo.

Ang mga magulang ay dapat "turuan ang kanilang mga anak na manalangin, at lumakad nang matwid sa harapan ng Panginoon."

### Aralin 14: Pagtuturo ng mga Alituntunin ng Ebanghelyo sa mga Bata (Bahagi 2)

Nagpapakita ng pagmamahal ang mga magulang sa kanilang mga anak kapag tinuturuan nila ang mga ito.

Dapat turuan ng mga magulang ang mga anak ng pagkahabag at paglilingkod.

Dapat turuan ng mga magulang ang mga anak ng katapatan at paggalang sa pag-aari ng iba.

Dapat ituro ng mga magulang sa mga anak ang tungkol sa mga gantimpala ng matapat na pagtatrabaho.

Dapat turuan ng mga magulang ang mga anak ng kadalisayang pari.

### Aralin 15: Paggabay sa mga anak sa Paggawa nila ng mga pasiya

Kailangan ng mga anak ng gabay sa paggawa nila ng mga pasiya.

Matutulungan ng mga magulang ang mga anak na gamitin sa kabutihan ang kanilang pagpili.

Dapat pahintulutan ng mga magulang ang mga anak na matuto mula sa mga kinahinatnan ng hindi mabubuting pasiya.

Dapat magpakita ng walang-maliw na pagmamahal ang mga magulang sa mga anak na naliligaw ng landas.

### Aralin 16: Pangmag-anak na Panalangin, Pangmag-anak na Pag-aaral ng Banal na Kasulatan, at Gabing Pantahanan ng Mag-anak

Dapat bigyan ng bawat mag-anak na Banal sa mga Huling Araw ng mataas na priyoridad ang pangmag-anak na panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan at gabing pantahanan ng mag-anak.

Nakatatanggap ng mga dakilang pagpapala ang mga mag-anak kapag magkakasama silang nananalangin.

Ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay nakatutulong sa mga mag-anak na mapalapit sa Diyos.

Tumutulong ang gabing pantahanan ng mag-anak na mapatibay ng mga mag-anak ang kanilang sarili laban sa mga makamundong impluwensiya.

# Bahagi A
## Pagpapatatag sang Pagsasama ng Mag-asawa



# “Ang Mag-anak ay Sentro sa Plano ng Lumikha” 1

## Mga Ideya para sa Pagsasagawa

Ayon sa inyong sariling mga pangangailangan at kalagayan, sundin ang isa o ang kapwa mga mungkahing ito.

- Repasuhin ang “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” (pahina iv). Humanap ng mga paraan na mas masusunod ninyo ang payong ito ng propeta.
- Kumuha ng isang poster ng “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” (35602 893 o 35538) mula sa sentro sa pamamahagi ng Simbahan. Ipakita ito sa lantad na lugar sa inyong tahanan.

## Takdang Babasahin

Pag-aralan ang sumusunod na lathalain. Kung kayo ay may-asawa, basahin at talakayin ang lathalain na kasama ang inyong asawa.

### Para sa Panahon at sa Walang Hanggan

Elder Boyd K. Packer
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

**Ang Dakilang Plano ng Kaligayahan**

Minamahal na mga kapatid, ang mga banal na kasulatan at mga turo ng mga apostol at propeta ay tumutukoy sa atin sa buhay bago ang buhay na ito bilang mga anak na lalaki at babae, mga espiritung anak ng Diyos.1 Mayroon nang kasarian doon, at hindi ito nagsimula sa mortal na pagsilang.[2]

Sa malaking pagpupulong sa langit[3] ay itinanghal ang plano ng Diyos:[4] ang plano ng kaligtasan,[5] ang plano ng pagtubos,[6] ang dakilang plano ng kaligayahan.[7] Naglalaan ang plano ng isang pagsubok; lahat ay kailangang pumili sa tama at mali.[8] Naglalaan ang Kanyang plano ng isang Manunubos, isang Pagbabayad-sala, ng Pagkabuhay na Mag-uli, at, kung susunod tayo, ng ating pagbalik sa piling ng Diyos.

Naghimagsik ang kaaway at gumawa ng sarili niyang plano.[9] Ang mga sumunod sa kanya ay inalisan ng karapatang magkaroon ng katawang-lupa.10 Ang pag-iral natin dito ay nagpapatunay na sinang-ayunan natin ang plano ng Ama.[11]

Ang tanging layunin ni Lucifer ay ang salungatin ang dakilang plano ng kaligayahan, upang sirain ang mga pinakadalisay, pinakamaganda at pinakakaakit-akit na karanasan sa buhay: ang pagsusuyuan, pagmamahalan, kasal, at pagiging magulang.[12] Ang mga multo ng kasawian at kasalanan[13] ay susunud-sunod sa kanya. Tanging pagsisisi lamang ang makagagamot sa kanyang mga nasaktan.

**Kinakailangan ang Kasal at Mag-anak sa Plano ng Diyos**

Kinakailangan ang matwid na pagsasama ng lalaki at babae sa plano ng kaligayahan.[14] Itinuturo sa atin ng mga doktrina kung paano tutugon sa mga nagpupumilit na likas na simbuyo ng damdaming na kadalasang namamayani sa ating pag-uugali.

Isang katawang itinulad sa katauhan ng Diyos ang nilikha para kay Adan,[15] at inilibot siya sa Halamanan.[16] Noong una ay nag-iisa si Adan. Taglay niya ang pagkasaserdote,[17] ngunit kung nag-iisa siya ay hindi niya matutupad ang mga layunin ng pagkalikha sa kanya.[18]

Hindi makatutulong kay Adan ang isa pang lalaki sa pagtupad sa mga layunin ng pagkalikha sa kanya. Nag-iisa man o may kasamang ibang lalaki ay hindi uunlad si Adan. Maging si Eva ay dayundin kung ang kasama ay ibang babae. Ganito noon. Ganito rin ngayon.

Si Eva, na isang katuwang, ay nilikha. Itinatag ang kasal,[19] dahil inutusan si Adan na pumisan sa kanyang *asawa* (hindi sa kung sinong *babae* lamang) at “wala nang iba.”[20]

Maaaring sabihing pinilit si Eva na piliin iyon.[21] Dapat siyang purihin sa kanyang pasiya. Dahil doon “nahulog si Adan nang ang tao ay maging gayon.”[22]

Inilarawan ni Elder Orson F. Whitney ang Pagkahulog bilang pagkakaroon ng “isang dalawahang direksyon—

pababa, ngunit pasulong. Dinala nito ang tao sa mundo at itinuntong ang kanyang mga paa sa landas ng pag-unlad."[23]

Binasbasan ng Diyos sina Adan at Eva "at sinabi sa kanila: Magpakarami, at kalatan ang mundo."[24] Kaya nga naitatag ang mag-anak.

**Pantay ang Pagpapahalaga ng Diyos sa mga Lalaki at Babae**

Walang anuman sa mga paghahayag na nagsasabing mas mahalaga sa paningin ng Diyos ang pagiging lalaki kaysa pagiging babae, o mas pinahahalagahan Niya ang mga anak na lalaki kaysa sa mga anak na babae.

Ang lahat ng magagandang katangian na nakalista sa mga banal na kasulatan—pagmamahal, kagalakan, kapayapaan, pananampalataya, kabanalan, pag-ibig sa kapwa-tao—ay pinagsasaluhan ng kapwa mga lalaki at babae,[25] at ang pinakamataas na ordenansa sa pagkasaserdote sa buhay na ito ay ibinibigay lamang sa lalaki at babae na magkasama.[26]

Matapos ang Pagkahulog, naging napakabisa ng likas na batas sa mortal na pagsilang. Ito ang mga tinatawag ni Pangulong J. Reuben Clark Jr. na "mga kalokohan" ng kalikasan,[27] na nagiging dahilan ng iba-ibang kapansanan, kakulangan, at kapinsalaan. Gaano man tila hindi makatarungan ang mga ito sa pangangatwiran ng tao, kahit paano'y naaakma ang mga ito sa mga layunin ng Panginoon sa pagsubok sa sangkatauhan.

Ang pagsunod sa bawat karapat-dapat na likas na damdamin, ang pagtugon sa bawat matwid na simbuyo ng damdamin, ang pagsasakatuparan ng bawat nagpapadakilang kaugnayan ng tao ay nakalaan at sinang-ayunan sa mga doktrina ng ebanghelyo ni Jesucristo at pinangangalagaan ng mga kautusang inihayag sa Kanyang Simbahan.

**Ang mga Tungkuling Ginagampanan ng mga Lalaki at Babae**

Kung hindi likas na nagkaiba sa isa't isa sina Adan at Eva, hindi sila makapagpaparami at kakalat sa lupa.[28] Ang mga magkatugmang pagkakaiba ang mismong susi sa plano ng kaligayahan.

Ang ilang tungkulin ay akmang-akma sa panlalaking kalikasan at ang iba ay sa pambabaeng kalikasan. Itinuturing kapwa ng mga banal na kasulatan at mga huwaran ng kalikasan ang lalaki bilang tagapagtanggol at tagatustos.[29]

Ang mga pananagutang iyon ng pagkasaserdote na may kinalaman sa pamamahala ng Simbahan ay kinakailangang gawin sa labas ng tahanan. Sa pamamagitan ng banal na ordenansa, ipinagkatiwala ang mga ito sa mga lalaki. Ganoon na iyon sa simula pa lamang, dahil inihayag ng Panginoon na "ang orden ng pagkasaserdoteng ito ay pinagtibay na ipasa-pasa mula sa ama patungo sa anak na lalaki. . . . Ang orden na ito ay itinatag sa mga araw ni Adan."[30]

Ang isang lalaking may taglay na pagkasaserdote ay hindi nakalalamang sa isang babae sa pagkakamit ng kadakilaan. Ang babae, sa pamamagitan ng kanyang likas na katauhan, ay katuwang ng Diyos sa paglikha at ang pangunahing tagapangalaga ng mga bata. Ang magagandang pag-uugali at katangiang pinagbabatayan ng pagiging perpekto at pagdakila ay likas na dumarating sa isang babae at pinagbubuti ito ng pag-aasawa at pagiging ina.

Iginagawad lamang ang pagkasaserdote sa mga karapat-dapat na lalaki upang tumugma sa plano ng kaligayahan ng ating Ama. Sa pagtutulungan ng mga batas ng kalikasan at ng inihayag na salita ng Diyos, talagang iyon ang pinakamainam na paraan.

Dala ng pagkasaserdote ang katakut-takot na pananagutan. "Walang kapangyarihan o impluwensiya na *maaari* o nararapat na panatilihin sa pamamagitan ng kabanalan ng pagkasaserdote, tanging sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig; sa pamamagitan ng kabaitan, at dalisay na kaalaman."[31]

Kung ang isang lalaki ay "gumamit ng lakas o kapangyarihan o pamimilit. . .sa alinmang antas ng kasamaan,"[32] nilalabag niya "ang sumpa at tipan na napapaloob sa pagkasaserdote."[33] Kung magkagayon "ang kalangitan ay lalayo; ang Espiritu ng Panginoon ay magdadalamhati."[34] Kung hindi siya magsisisi, mawawala ang kanyang mga pagpapala.

Kahit na itinakda sa mga dakilang selestiyal na pagpapahayag ang iba't ibang tungkuling ginagampanan ng lalaki at babae, naipamamalas ang mga ito nang lubos sa mga pinakapraktikal, at karaniwang karanasan ng buhay mag-anak.

Kamakailan lamang ay narinig kong magreklamo ang isang tagapagsalita sa pulong sakramento na hindi niya maunawaan kung bakit laging binabanggit ng kanyang mga apo ang pagpunta sa bahay ni *Lola*, at kailanma'y hindi sa bahay ni Lolo. Nilutas ko ang malaking hiwagang ito para sa kanya: hindi nagluluto ng pastel ang mga lolo!

**Ang mga Likas at Espirituwal na Batas ay Walang Hanggan**

Ang mga likas at espirituwal na batas na namamahala sa buhay ay itinatag mula pa sa pagkakatatag ng mundo.[35] Ang mga ito ay walang

hanggan, gaya ng mga kahihinatnan ng pagsunod man o pagsuway dito. Hindi nababatay ang mga ito sa panlipunan o pulitikal na mga kalagayan. Hindi mababago ang mga ito. Walang pamumuwersa, walang pagtutol, walang pagsasabatas na makapagpapabago sa mga ito.

Maraming taon na ang nakalilipas noong pangasiwaan ko ang mga seminary ng mga Indian. Nang bisitahin ko ang eskuwelahan sa Albuquerque, ikinuwento sa akin ng punong-guro ang isang pangyayaring naganap sa isang klase sa unang grado.

Habang nagleleksyon, isang kuting ang naligaw sa kuwarto at ginulo ang mga kabataan. Dinala ito sa harapan ng kuwarto upang makita ng lahat.

Tanong ng isang kabataan, "Lalaki ba ang kuting o babae?"

Dahil hindi handa sa talakayang iyon, sinabi ng guro na, "Hindi na mahalaga iyon; kuting lang iyon."

Ngunit nagpilit ang mga bata, at isang batang lalaki ang nagsabi, "Alam ko kung paano natin malalaman kung lalaki o babae ang isang kuting."

Sukol, sinabi ng guro, "Sige nga, sabihin mo sa amin kung paano natin masasabi kung lalaki o babae ang isang kuting."

Sagot ng batang lalaki, "Puwede nating pagbotohan iyon!"

Hindi mababago ang ilang bagay. Hindi mababago ang doktrina.

"Ang mga alituntuning inihayag," sabi ni Pangulong Wilford Woodruff, "para sa kaligtasan at kadakilaan ng mga anak ng tao. . .ay mga alituntuning hindi ninyo mapupuksa. *Ito ay mga alituntuning hindi masisira ng anumang kombinasyon ng mga lalaki [o babae].* Ito ay mga alituntuning hindi kailanman namamatay. . . . Malayo ito sa abot ng tao upang hawakan o wasakin. . . . Wala sa pinagsama-samang kapangyarihan ng buong mundo ang makawawasak sa mga alituntuning iyon. . . . Walang isa mang tuldok o kudlit ng mga alituntuning ito ang mawawasak kailanman."[36]

Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, tinawag ang mga lalaki upang makipaglaban. Sa mga biglaang pangangailangan, ang mga asawang babae at mga ina sa buong mundo higit kailanman ay napilitang magtrabaho na di tulad noon. Ang lubhang nakapipinsalang epekto ng digmaan ay sa mag-anak. Nagtatagal ito hanggang sa henerasyong ito.

**Magpakarami at Kalatan ang Lupa**

Sa pangkalahatang komperensiya noong Oktubre 1942, nagbigay ng mensahe ang Unang Panguluhan sa "mga Banal sa bawat lupain at pook," kung saan sinabi nila, "Sa pamamagitan ng awtoridad na iginawad sa amin bilang Unang Panguluhan ng Simbahan, binabalaan namin ang aming mga tao."

At sinabi nila, "Kabilang sa mga pinakauna Niyang utos kina Adan at Eva, sabi ng Panginoon ay: 'Magpakarami at kalatan ang lupa.' Inulit Niya ang utos na iyon sa ating panahon. Muli Niyang inihayag dito, sa huling dispensasyong ito, ang alituntunin ng kawalang hanggan ng tipan sa kasal. . . .

"Sinabi sa atin ng Panginoon na tungkulin ng bawat asawang lalaki at babae na sundin ang utos na ibinigay kay Adan na magpakarami at kalatan ang lupa, upang ang mga hukbo ng mga piling espiritu na naghihintay para sa kanilang mga tabernakulong laman ay makarating dito at sumulong sa ilalim ng dakilang disenyo ng Diyos na maging mga perpektong kaluluwa. Sapagkat kung wala ang mga tabernakulong ito ng laman ay hindi sila uunlad sa naging plano ng Diyos na kanilang kahantungan. Kung magkagayon, bawat asawang lalaki at babae ay dapat maging isang ama at ina sa Israel sa mga batang ipinanganak sa ilalim ng banal at walang-hanggang tipan.

"Sa pamamagitan ng pagdadala sa mga piling espiritung ito sa daigdig, bawat ama at bawat ina ay nagkakaroon ng napakabanal na pananagutan sa mga espiritu na nagkaroon ng tabernakulo at sa Panginoon Mismo sa pamamagitan ng pananamantala sa pagkakataong handog Niya. Ito ay sapagkat ang kapalaran ng espiritung iyon sa darating na walang hanggan, ang mga pagpapala o parusang maghihintay dito sa kabilang buhay, ay batay, sa malaking bahagi, sa pag-aaruga, sa mga turo, sa pagsasanay na ibibigay ng mga magulang sa espiritung iyon.

"Walang magulang na makatatakas sa obligasyon at pananagutang iyon, at para sa wastong pagtugon doon, papananagutin tayong mabuti ng Panginoon. Wala nang mas matayog na tungkulin kaysa rito ang maaangkin ng mga mortal."

**Ang Pagiging Ina ay Isang Banal na Tungkulin**

Ganito ang sinabi ng Unang Panguluhan tungkol sa mga ina: "Ang pagiging ina kung gayon ay nagiging isang banal na tungkulin, isang sagradong dedikasyon sa pagsasakatuparan ng mga plano ng Panginoon, isang lubusang katapatan sa pagpapalaki at pagtataguyod, sa pangangalaga sa katawan, isipan, at espiritu, sa mga taong napanatili ang kanilang unang kalagayan at nakarating sa daigdig na ito para sa kanilang ikalawang kalagayan 'upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos.' (Abraham 3:25) Ang akayin sila sa pagpapanatili ng kanilang

ikalawang kalagayan ay gawain ng pagiging ina, at 'sila na mga nakapanatili sa kanilang ikalawang kalagayan ay magtatamo ng kaluwalhatiang idaragdag sa kanilang mga ulo magpakailanman at walang katapusan.' (op. cit.) [Abraham 3:26]

"Ang banal na paglilingkod na ito ng pagiging ina ay maibibigay lamang ng mga ina. Hindi ito maipapasa sa iba. Hindi ito magagawa ng mga narses; hindi ito magagawa ng mga pampublikong alagaan [nursery]; hindi ito magagawa ng mga bayarang katulong—tanging ina lamang, sa lubos na pag-aalalay ng mapagmahal na mga kamay ng ama, mga kapatid na lalaki, at mga kapatid na babae, ang makapagbibigay ng kinakailangang buong sukatan ng mapagkalingang pag-aaruga."

Ipinayo ng Unang Panguluhan na "ang inang ipinagkakatiwala ang kanyang anak sa pag-aaruga ng iba, upang makagawa siya ng mga gawaing hindi para sa ina, maging para sa ginto, para sa katanyagan, o para sa paglilingkod sa kapwa, ay dapat tandaan na 'ang batang binabayaan ay humihiya sa kaniyang ina.' (Mga Kawikaan 29:15) Sa ating panahon sinabi ng Panginoon na maliban kung tinuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak ng mga doktrina ng Simbahan 'ang kasalanan ay nasa ulo ng mga magulang.' (D at T 68:25)

"Ang pagiging ina ay malapit sa kabanalan. Ito ang pinakamataas, ang pinakabanal na paglilingkod na maaangkin ng sangkatauhan. Inilalagay siya sa tabi ng mga anghel ng taong nagbibigay-dangal sa kanyang banal na katungkulan at paglilingkod."[37]

Ang mensahe at babalang iyon mula sa Unang Panguluhan ay mas kailangan ngayon kaysa noong ibigay ito. At walang anumang tinig mula sa anumang organisasyon ng Simbahan sa anumang antas ng pamamahala ang nakapapantay sa Unang Panguluhan.[38]

Sinumang kaluluwang likas o sapilitang hindi nadudulutan ng pagpapala ng kasal at pagiging magulang, o hindi sinasadyang kinakailangang mag-isang magpalaki sa mga bata at magtrabaho upang suportahan sila, ay hindi mapagkakaitan ng anumang pagpapala sa kawalang-hanggan—basta't sinusunod nila ang mga kautusan.[39] Tulad ng ipinangako ni Pangulong Lorenzo Snow, "Ito'y tiyak at positibo."[40]

**Parabula ng Kayamanan at mga Susi**

Magwawakas ako sa isang parabula.

Minsan ay nagmana ang isang lalaki ng dalawang susi. Ang unang susi, sabi sa kanya, ay magbubukas ng isang balantok [vault] na kailangan niyang pangalagaan anuman ang mangyari. Ang ikalawang susi ay para sa isang kaha de yero na nasa loob ng balantok na naglalaman ng kayamanang walang kasinghalaga. Kailangan niyang buksan ang kaha de yerong ito at buong layang gamitin ang mahahalagang bagay na nakatago doon. Binalaan siya na maraming maghahangad na umagaw sa kanyang mana. Pinangakuan siya na kung marapat niyang gagamitin ang kayamanan, papalitan ito at hindi kailanman mababawasan, hindi sa buong walang hanggan. Susubukin siya. Kung gagamitin niya ito sa kapakinabangan ng iba, madaragdagan ang kanyang sariling mga pagpapala at kagalakan.

Mag-isang nagtungo ang lalaki sa balantok. Nabuksan ng unang susi ang pintuan. Sinikap niyang buksan ang kayamanan sa pamamagitan ng isa pang susi, ngunit hindi niya nagawa, sapagkat dalawa ang susian sa kaha de yero. Hindi ito mabuksan ng kanyang susi lamang. Gaano man niya sikapin, hindi niya ito mabuksan. Nagtaka siya. Nabigyan siya ng mga susi. Alam niyang ang kayamanan ay talagang kanya. Sinunod niya ang mga tagubilin, ngunit hindi niya mabuksan ang kaha de yero.

Nang malaon ay may dumating na isang babae sa balantok. May taglay din siyang isang susi. Mapapansing kakaiba ito sa taglay niyang susi. Lumapat ang susi niya sa isa pang susian. Naantig siya na malamang hindi niya makakamtan ang kanyang karampatang mana kung wala ang babae.

Gumawa sila ng tipan na magkasama nilang bubuksan ang kayamanan at, gaya ng tagubilin, babantayan at pangangalagaan ng lalaki ang balantok; babantayan ng babae ang kayamanan. Hindi inalintana ng babae na, bilang bantay ng balantok ay dalawang susi ang taglay ng lalaki, sapagkat ang kanyang buong layunin ay ang tiyakin na ang babae ay ligtas habang binabantayan nito ang pinakamahalagang bagay para sa kanilang dalawa. Magkasama nilang binuksan ang kaha de yero at nakamtan nila ang kanilang mana. Nagalak sila, sapagkat, gaya ng ipinangako, kusa itong napapalitan.

Napakalaki ng kanilang kagalakan na matuklasang maaari nilang ipasa ang kayamanan sa kanilang mga anak; bawat isa ay maaaring makatanggap ng buung-buo at walang bawas hanggang sa huling henerasyon.

Marahil ilan sa kanilang mga inapo ang hindi makatatagpo ng kaparehang nagtataglay ng katugmang susi, o isang taong marapat at handang sundin ang mga tipang nauugnay sa kayamanan. Gayunpaman, kung susundin nila ang mga kautusan, maging ang pinakamaliit na pagpapala ay hindi ipagkakait sa kanila.

Sapagkat ilang tao ang tumukso sa kanilang gamitin sa kasamaan ang kanilang kayamanan, maingat sila sa pagtuturo sa kanilang mga anak tungkol sa mga susi at mga tipan.

Nang malaon, dumating at napabilang sa kanilang mga inapo ang ilang nalinlang o nainggit o makasarili dahil nabigyan ang isa ng dalawang susi at ang isa ay iisa lamang. "Bakit," pangangatwiran ng mga makasarili, "hindi maaaring maging aking-akin lamang ang kayamanan upang magamit ayon sa aking nais?"

Sinikap ng ilan na baguhin ang hugis ng susing ibinigay sa kanila upang maging kamukha ng isa pang susi. Marahil, inisip nila, na magkakasya rin ito sa dalawang susian. Dahil dito ang kaha de yero ay nanatiling sarado sa kanila. Nawalan ng kabuluhan ang kanilang mga susing binago, at ang kanilang kayamanan ay nawala.

Ang mga nakatanggap ng kayamanan nang may pasasalamat at sumunod sa mga batas hinggil dito ay nakabatid ng kagalakang walang hangganan ngayon at magpakailanman.

Pinatototohanan ko ang plano ng ating Ama para sa kaligayahan, at nagpapatotoo ako sa pangalan Niya na nagsakatuparan ng Pagbabayad-sala, na maaari itong mangyari.

Mula sa talumpati ni Elder Packer sa pangkalahatang komperensiya ng Simbahan noong Oktubre 1993 (tingnan sa Conference Report, Okt. 1993, 27–31; o *Ensign*, Nob. 1993, 21–24).

MGA TALA

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:24; tingnan din sa Mga Bilang 16:22; Sa Mga Hebreo 12:9.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 132:63; Unang Panguluhan, "Ang Pinanggalingan ng Tao" (Nob. 1909), sa *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints,* na tinipon ni James R. Clark, 6 na tomo (1965–75), 4:203; tingnan din sa Spencer W. Kimball, "The Blessing and Responsibilities of Womanhood," *Ensign,* Mar. 1976, 71; Gordon B. Hinckley, sa Conference Report, Okt. 1983, 115; o *Ensign,* Nob. 1983, 83.
3. Tingnan sa *Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith (1976), 348–49, 357, 365.
4. Tingnan sa Abraham 3:24–27.
5. Tingnan sa Jarom 1:2; Alma 24:14; 42:5; Moises 6:62.
6. Tingnan sa Jacob 6:8; Alma 12:25–36; 17:16; 18:39; 22:13–14; 39:18; 42:11, 13.
7. Alma 42:8.
8. Tingnan sa Alma 42:2–5.
9. Tingnan sa 2 Nephi 9:28; Alma 12:4–5; Helaman 2:8; 3 Nephi 1:16; Doktrina at mga Tipan 10:12, 23; Moises 4:3.
10. Tingnan sa *Teachings of the Prophet Joseph Smith,* 181, 297.
11. Tingnan sa *Teachings of the Prophet Joseph Smith,* 181.
12. Tingnan sa 2 Nephi 2:18; 28:20.
13. Tingnan sa Alma 39:5; Moroni 9:9.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 130:2; 131:2; 1 Mga Taga Corinto 11:11; Mga Taga Efeso 5:31.
15. Tingnan sa Moises 6:8–9.
16. Tingnan sa Moises 3:8.
17. Tingnan sa Moises 6:67.
18. Tingnan sa Moises 3:18.
19. Tingnan sa Moses 3:23–24.
20. Doktrina at mga Tipan 42:22.
21. Tingnan sa Moises 4:7–12.
22. 2 Nephi 2:25.
23. *Cowley and Whitney on Doctrine,* tinipon ni Forace Green (1963), 287.
24. Moises 2:28; tingnan din sa Genesis 1:28; 9:1.
25. Tingnan sa Galacia 5:22–23; Doktrina at mga Tipan 4:5–6; Alma 7:23–24.
26. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 131:2.
27. Tingnan sa "Our Wives and Our Mothers in the Eternal Plan" (talumpating ibinigay sa pangkalahatang komperensiya ng Relief Society, Okt. 1946 sa *J. Reuben Clark: Selected Papers on Religion, Education, and Youth,* na inedit ni David H. Yarn Jr. (1984), 62.
28. Tingnan sa Genesis 1:28, tala 28c.
29. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 75:28; 1 Timoteo 5:8.
30. Doktrina at mga Tipan 107:40–41; Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 84:14–16.
31. Doktrina at mga Tipan 121:41–42; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik.
32. Doktrina at mga Tipan 121:37.
33. Doktrina at mga Tipan 84:39.
34. Doktrina at mga Tipan 121:37.
35. Tingnan sa *Teachings of the Prophet Joseph Smith,* 308, 367.
36. *The Discourses of Wilford Woodruff,* tinipon ni G. Homer Durham (1946), 25–26; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik.
37. Sa Conference Report, Okt. 1942, 7, 11–12.
38. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:8–9, 22, 91.
39. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 137:7–9.
40. "Talumpati ni Pangulong Lorenzo Snow," *Millennial Star, ika-*31 ng Ago. 1899, 547.

# Pagkakaroon ng Pagkakaisa sa Pagsasama ng Mag-asawa

# 2

## Mga Ideya para sa Pagsasagawa

Sang-ayon sa sarili ninyong mga pangangailangan at kalagayan, sundin ang isa o pareho sa mga mungkahing ito.

- Basahin ang mga sumusunod na talata sa banal na kasulatan tungkol sa pagkakaisa: 1 Mga Taga Corinto 1:9–10; Mga Taga Filipo 1:27; Mosias 18:21; Doktrina at mga Tipan 38:27. Pag-isipang mabuti kung paano maisasagawa ang mga talatang ito sa ugnayan ng mag-asawa.
- Talakayin sa inyong asawa ang mga kahilingan ninyong dalawa sa inyong oras, kabilang na ang mga tungkulin sa pakikisama sa lipunan, trabaho, komunidad, at Simbahan. Mag-ukol ng oras upang unawain ang mga pangangailangan ng bawat isa, at tiyakin na ang iba pa ninyong tungkulin ay hindi nakasasagabal sa inyong katapatan sa isa't isa.

## Takdang Babasahin

Pag-aralan ang sumusunod na lathalain. Kung kayo ay may asawa, basahin at talakayin ang lathalain kasama ang inyong asawa.

### Upang Tayo'y Magkaisa

Elder Henry B. Eyring
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

**"Kung Hindi Kayo Isa Kayo ay Hindi sa Akin"**

Ang Tagapagligtas ng mundo, si Jesucristo, ay sinabi sa mga taong magiging bahagi ng Kanyang Simbahan: "Maging isa; at kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin" (D at T 38:27). At sa paglikha ng lalaki at babae, ang pag-iisa nila sa kasal ay hindi ibinigay bilang pag-asa; ito ay isang utos! "Kaya't iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa; at sila'y magiging isang laman" (Genesis 2:24). Nais ng Ama sa Langit na magkabigkis ang ating mga puso. Ang pag-iisang iyon sa pag-ibig ay hindi lamang isang huwaran. Ito ay kailangan.

Ang pangangailangang maging isa tayo ay hindi para sa buhay na ito lamang. Dapat ay wala itong hangganan. Ang kauna-unahang kasal ay isinagawa ng Diyos sa halamanan kung saan sina Adan at Eva ay walang kamatayan. Sa simula pa lamang ay inilagay na Niya sa mga lalaki at babae ang pagnanais na magsama bilang mag-asawa sa walang hanggan upang manirahan sa mga mag-anak sa isang perpekto at makatwirang pag-iisa. Inilagay Niya sa Kanyang mga anak ang pagnanais na mabuhay sa kapayapaan sa piling ng lahat ng nasa paligid nila.

Ngunit sa Pagkahulog ay naging malinaw na ang pamumuhay sa pagkakaisa ay hindi magiging madali. Maagang dumating ang kapahamakan. Pinatay ni Cain si Abel na kanyang kapatid. Ang mga anak nina Adan at Eva ay napasailalim sa mga tukso ni Satanas. Ipinagpatuloy ni Satanas ang kanyang mithiin nang buong kasanayan, pagkamuhi, at katusuhan. Ito ay kabaligtaran ng layunin ng ating Ama sa Langit at ng Tagapagligtas. Bibigyan Nila tayo ng perpektong pag-iisa at walang hanggang kaligayahan. Batid na ni Satanas, na kaaway nila at natin, ang plano ng kaligtasan mula pa noong Paglikha. Batid niya na sa walang hanggang buhay lamang mananatili ang mga sagrado at maliligayang pagsasama ng mga mag-anak. Ihihiwalay tayo ni Satanas sa ating mga mahal sa buhay at gagawin tayong miserable. At siya ang nagtanim ng mga binhi ng alitan sa puso ng mga tao sa pag-asang magkakalayo tayo at magkakahiwalay.

Lahat tayo ay nakadama kahit kaunti ng pagsasama at paghihiwalay. Kung minsan sa mga mag-anak at marahil sa iba pang tagpo ay nasilayan na natin ang buhay nang unahin ng isang tao ang kapakanan ng isa pa kaysa sa sarili niya, nang may pag-ibig at sakripisyo. At lahat tayo ay may kaunting alam sa kalungkutan at lumbay ng pagkawalay at pag-iisa. Hindi na tayo kailangang sabihan pa kung ano ang dapat nating piliin. Alam natin. Ngunit kailangan natin ng pag-asa na makakaranas tayo ng pagkakaisa sa buhay na ito at magiging marapat na makamtan ito nang walang hanggan sa mundong darating. At kailangan nating malaman kung paano darating ang malaking pagpapalang iyon upang malaman natin kung ano ang gagawin.

### Ginagawang Posible ng Tagapagligtas ang Pagkakaisa

Nagsalita ang Tagapagligtas ng daigdig tungkol sa pagkakaisang iyon at kung paano natin mababago ang ating mga likas na pagkatao upang gawin itong posible. Maliwanag Niya itong itinuro sa panalanging ibinigay Niya sa Kanyang huling pakikipagpulong sa Kanyang mga Apostol bago Siya namatay. Ang makalangit at magandang panalanging iyon ay nakatala sa aklat ni Juan. Malapit na Niyang kaharapin ang matinding sakripisyo para sa ating lahat na siyang nagbibigay daan sa buhay na walang hanggan. Malapit na Niyang iwanan ang mga Apostol na Kanyang inordena, minahal, at pag-iiwanan ng mga susi upang mamuno sa Kanyang Simbahan. Kaya nanalangin Siya sa Kanyang Ama, ang perpektong Anak sa perpektong Ama. Makikita natin sa Kanyang mga salita kung paano mapag-iisa ang mga mag-anak, tulad ng lahat ng mga anak ng ating Ama sa Langit na sumusunod sa Tagapagligtas at sa Kanyang mga tagapaglingkod:

"Kung paanong ako'y iyong sinugo sa sanglibutan, sila'y gayon ding sinusugo ko sa sanglibutan.

"At dahil sa kanila'y pinabanal ko ang aking sarili, upang sila naman ay mangagpakabanal sa katotohanan.

"Hindi lamang sila ang idinadalangin ko, kundi sila rin naman na mga nagsisisampalataya sa akin sa pamamagitan ng kanilang salita;

"Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako'y sa iyo, na sila nama'y suma atin: upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ako'y sinugo mo" (Juan 17:18–21).

Sa ilang salitang iyon ay nilinaw Niya kung paano pinahihintulutan ng ebanghelyo ni Jesucristo ang mga puso na maging isa. Ang mga taong maniniwala sa katotohanang itinuro Niya ay matatanggap ang mga ordenansa at tipan na inihandog ng Kanyang mga may karapatang tagapaglingkod. Pagkatapos, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ordenansa at tipan, mababago ang kanilang mga likas na pagkatao. Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa gayong paraan ay ginagawang posible para tayo ay maging malinis. Sa gayo'y mabubuhay tayo sa pagkakaisa, tulad ng nararapat nating gawin upang magkaroon ng kapayapaan sa buhay na ito at manirahan sa piling ng Ama at ng Kanyang Anak sa kawalang hanggan.

Ang ministeryo ng mga apostol at propeta sa araw na iyon, tulad ngayon, ay upang dalhin ang mga anak nina Adan at Eva sa pagkakaisa ng pananampalataya kay Jesucristo. Ang kahuli-hulihang layunin ng kanilang itinuro, at ng ating itinuturo, ay ang pag-isahin ang mga mag-anak: mga asawang lalaki, asawang babae, anak, apo, ninuno, at sa huli ay lahat ng mag-anak nina Adan at Eva na pipiling gayon.

### Umaakay sa Pakikiisa sa Iba ang Espiritu

Natatandaan ninyo nang manalangin ang Tagapagligtas, "At dahil sa kanila"—patungkol sa mga Apostol—"pinabanal ko ang aking sarili, upang sila naman ay mangagpakabanal sa katotohanan" (Juan 17:19). Isang tagapagpabanal ang Espiritu Santo. Makakapiling natin ito dahil ipinanumbalik ng Panginoon ang Pagkasaserdoteng Melquisedec sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Narito sa daigdig ngayon ang mga susi ng pagkasaserdoteng iyan. Sa pamamagitan ng kapangyarihan nito ay makagagawa tayo ng mga tipan na magpapahintulot sa ating laging makapiling ang Espiritu Santo.

Kapag kapiling ng mga tao ang Espiritung iyon, makaaasa tayo ng pagkakasundo. Inilalagay ng Espiritu ang patotoo ng katotohanan sa ating mga puso, na pinag-iisa ang mga taong nagbabahagi ng patotoong iyon. Hindi kailanman lumilikha ng pagtatalo ang Espiritu ng Diyos (tingnan sa 3 Nephi 11:29). Hindi ito kailanman lumilikha ng damdamin ng pagkakaiba sa pagitan ng mga tao na nauuwi sa alitan (tingnan sa *Gospel Doctrine,* ni Joseph F. Smith, ika-5 edisyon [1939], 131). Nauuwi ito sa pansariling kapayapaan at isang damdamin ng pakikiisa sa iba. Pinag-iisa nito ang mga kaluluwa. Ang nagkakaisang mag-anak, nagkakaisang Simbahan, at mapayapang mundo ay umaasa sa mga nagkakaisang kaluluwa.

### Pagtupad sa mga Pangakong Ginawa sa Panalanging Pangsakramento

Maging ang isang bata ay mauunawaan kung ano ang gagawin upang makapiling ang Espiritu Santo. Sinasabi ito sa atin ng panalanging pangsakramento. Naririnig natin ito linggu-linggo sa pagdalo natin sa ating mga pulong sa sakramento. Sa mga sagradong sandaling iyon pinaninibago natin ang mga tipang ginawa natin sa binyag. At ipinaaalala sa atin ng Panginoon ang pangakong tinanggap natin sa pagpapatibay sa atin bilang mga miyembro ng Simbahan—ang pangakong tatanggapin natin ang Espiritu Santo. Narito ang mga salita ng panalanging pangsakramento: "Sila ay pumapayag na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ng inyong Anak, at lagi siyang alalahanin at susundin ang kanyang mga kautusan na ibinigay niya sa kanila; nang sa tuwina ay mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila" (D at T 20:77).

Mapapasaatin ang Kanyang Espiritu kung tutuparin natin ang tipang iyon. Una, nangangako tayong tataglayin sa ating sarili ang Kanyang pangalan. Nangangahulugan iyon na kailangan nating ituring ang ating sarili na sa Kanya. Uunahin natin Siya sa ating buhay. Nanaisin natin ang nais Niya sa halip na ang nais natin o ang itinuturo ng mundo na naisin natin. Basta't una nating minamahal ang mga bagay sa

mundo, hindi tayo magkakaroon ng kapayapaan. Ang pagsang-ayon sa pagiging huwaran ng isang mag-anak o isang bansa sa pamamagitan ng ginhawang dulot ng mga materyal na bagay, sa wakas, ay maghihiwa-hiwalay sa kanila (tingnan sa Harold B. Lee, *Stand Ye in Holy Places* [1974], 97). Ang huwaran ng paggawa para sa isa't isa kung ano ang ipinagagawa sa atin ng Panginoon, na likas na sumusunod sa pagtataglay ng Kanyang pangalan sa ating sarili, ay aakay sa atin sa antas na espirituwal na isang haplos ng langit sa lupa.

Ikalawa, nangangako tayong lagi Siyang aalalahanin. Ginagawa natin iyon tuwing mananalangin tayo sa Kanyang pangalan. Lalo na kapag humihingi tayo ng tawad sa Kanya, na dapat nating gawin nang madalas, ay inaalala natin Siya. Sa sandaling iyon inaaalala natin ang Kanyang sakripisyo na dahilan kung bakit posible ang pagsisisi at pagpapatawad. Kapag sumasamo tayo, inaaalala natin Siya bilang ating Tagapamagitan sa Ama. Kapag dumating ang damdamin ng pagpapatawad at kapayapaan, inaaalala natin ang Kanyang pagtitiis at walang-katapusang pag- ibig. Ang pag-alaalang iyon ang pumupuspos ng pag-ibig sa ating mga puso.

Tinutupad din natin ang ating pangakong aalalahanin Siya kapag sama-sama tayong nananalangin bilang mag-anak at nagbabasa ng mga banal na kasulatan. Sa panalanging pangmag-anak sa almusal sa paligid ng hapag-kainan, maaaring manalangin ang isang bata para pagpalain ang isa pa na maging maayos ang araw na iyon sa isang pagsusulit o anumang pagtatanghal. Kapag dumating ang mga pagpapala, ang pinagpalang bata ay maaalala ang pag-ibig ng umaga at ang kabaitan ng Tagapagtanggol na kung kaninong pangalan ay inialay ang panalangin. Mabibigkis ng pag-ibig ang mga puso.

Tinutupad natin ang ating tipan na aalalahanin Siya tuwing tinitipon natin ang ating mga mag-anak upang magbasa ng mga banal na kasulatan. Nagpapatotoo ang mga ito sa Panginoong Jesucristo, sapagkat iyon ang mensahe ng mga propeta at laging iyon sa tuwina. Kahit na hindi maalala ng mga bata ang mga salita, maaalala nila ang totoong May-akda, na si Jesucristo.

### Sundin ang Lahat ng mga Kautusan

Ikatlo, nangangako tayo habang nakikibahagi ng sakramento na tutuparin ang kanyang mga kautusan, ang lahat ng ito. Sa pagsusumamo ni Pangulong J. Reuben Clark Jr.— gaya ng maraming beses niyang ginawa—sa talumpati sa isang pangkalahatang komperensiya para sa pagkakaisa, binalaan niya tayo laban sa pagiging mapili sa kung ano ang ating susundin. Ganito ang sabi niya: "Walang ibinigay sa atin ang Panginoon na walang pakinabang o hindi kailangan. Pinuno niya ang mga Banal na Kasulatan ng mga bagay na dapat nating gawin upang magtamo ng kaligtasan."

Nagpatuloy si Pangulong Clark: "Kapag nakikibahagi tayo ng Sakramento tayo ay nakikipagtipan na susundin at tutuparin ang kanyang mga kautusan. Walang eksepsiyon dito. Walang kinikilala, walang pagkakaiba" (sa Conference Report, Abr. 1955, 10–11). Itinuro ni Pangulong Clark na habang pinagsisisihan natin ang lahat ng kasalanan, hindi lamang isang kasalanan, tayo ay matibay na nangangako na tutuparin ang lahat ng kautusan. Mahirap man kung pakikinggan, simple lang ito. Napasasakop lamang tayo sa awtoridad ng Tagapagligtas at nangangakong susundin ang anumang ipag-uutos Niya (tingnan sa Mosias 3:19). Ang ating pagsuko sa awtoridad ni Jesucristo ang magpapahintulot sa ating mabigkis bilang mga mag-anak, bilang isang Simbahan, at bilang mga anak ng ating Ama sa Langit.

Inihahatid ng Panginoon ang awtoridad na iyon sa mga abang tagapaglingkod sa pamamagitan ng Kanyang propeta. Dahil sa pananampalatayang iyon ay nagiging utos mula sa Panginoon ang ating tungkulin bilang tagapagturo ng tahanan o dumadalaw na tagapagturo. Sumusunod tayo sa Kanya, sang-ayon sa Kanyang utos. Isang karaniwang lalaki at binatilyong kasama nito ang nagtutungo sa mga tahanan na umaasang tutulungan sila ng mga kapangyarihan ng langit upang tiyakin na ang mga mag-anak ay nagkakaisa at walang pagmamatigas, pagsisinungaling, paninira, ni pagmumura. Ang pananampalatayang iyon—na ang Panginoon ang tumatawag sa mga tagapaglingkod—ay makatutulong sa atin na huwag pansinin ang kanilang mga limitasyon kapag pinagsasabihan nila tayo, dahil gagawin nila ito. Mas malinaw nating makikita ang mabuting layunin nila kaysa sa kanilang mga limitasyon bilang tao. Mas malamang na hindi tayo magdaramdam at makadarama tayo ng pasasalamat sa Panginoon na tumawag sa kanila.

### Mahalaga sa Pagkakaisa ang Pag-ibig sa Kapwa

May ilang kautusan na, kapag nilabag, ay sumisira sa pagkakaisa. Ang ilan dito ay may kinalaman sa sinasabi natin at ang ilan ay sa kung paano tayo tumutugon sa sinasabi ng iba. Hindi tayo dapat magsalita ng masama laban sa iba. Kailangan nating makita ang mabuti sa bawat isa at magsalita ng mabuti tungkol sa bawat isa hangga't kaya natin (tingnan sa David O. McKay, sa Conference Report, Okt. 1967, 4–11).

Kasabay nito, kailangan nating manindigan laban sa mga taong nanlalait sa mga sagradong bagay, dahil ang epekto ng kasalanang iyon ay nakasasakit sa Espiritu kung kaya lumilikha ng pagtatalo at

pagkalito. Ipinakita ni Pangulong Spencer W. Kimball ang paraan sa paninindigan nang hindi nakikipagtalo habang nakaratay siya sa teheras ng ospital at pinakiusapan ang isang alalay ng ospital na, sa isang saglit ng kawalang-pag-asa, ay ginamit ang pangalan ng Panginoon sa walang-katuturan: " 'Pakiusap! Pakiusap! Pangalan ng aking Panginoon ang iyong nilalapastangan.' Nagkaroon ng nakabibinging katahimikan, pagkatapos ay isang mahinang tinig ang bumulong: 'Ipagpaumanhin n'yo po' " (*The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball [1982], 198). Ang isang inspirado at mapagmahal na pagkagalit ay maaaring maging isang paanyaya sa pagkakaisa. Ang kabiguang ibigay ito kapag inuudyukan ng Espiritu Santo ay mauuwi sa alitan.

Kung nais nating magkaroon ng pagkakaisa, mayroong mga kautusang kailangan nating tuparin hinggil sa ating damdamin. Kailangan nating magpatawad at hindi mag-isip ng masama laban sa mga nagkasala sa atin. Nagpakita ng halimbawa ang Tagapagligtas mula sa krus: "Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" (Lucas 23:34). Hindi natin alam ang nasa puso ng mga taong nagkasala sa atin. Ni hindi natin alam ang mga pinagmulan ng ating sariling galit at sakit. Sinasabi sa atin ni Apostol Pablo kung paano magmahal sa isang mundo ng mga imperpektong tao, kabilang na ang ating sarili, nang sabihin niyang, "Ang pagibig ay mapagpahinuhod, at magandang-loob; ang pagibig ay hindi nananaghili; ang pagibig ay hindi nagmamapuri, hindi mapagpalalo, hindi naguugaling mahalay, hindi hinahanap ang kaniyang sarili, hindi nayayamot, hindi inaalumana ang masama" (I Mga Taga Corinto 13:4–5). At pagkatapos ay nagbigay siya ng taos-pusong babala laban sa pagtugon sa pagkukulang ng iba at paglimot sa ating sariling pagkukulang nang isulat niyang, "Sapagka't ngayo'y malabo tayong nakakikita sa isang salamin; nguni't pagkatapos ay makikita natin sa mukhaan: ngayo'y nakikilala ko ng bahagya, nguni't pagkatapos ay makikilala ko ng gaya naman ng pagkakilala sa akin" (I Mga Taga Corinto 13:12).

**Manatiling Malinis at Umiwas sa Kapalaluan**

Ipinaaalala sa atin ng panalanging pangsakramento linggu-linggo kung paano darating ang kaloob na pagkakaisa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo ni Jesucristo. Kapag tinutupad natin ang ating mga tipan upang taglayin ang Kanyang pangalan sa ating sarili, upang alalahanin Siya sa tuwina, at upang tuparin ang lahat ng Kanyang mga kautusan, makakapiling natin ang Kanyang Espiritu. Palalambutin nito ang ating mga puso at tutulungan tayong magkaisa. Ngunit may dalawang babala na kaakibat ng pangakong iyon.

Una, ang Espiritu Santo ay mananatili lamang sa atin kung mananatili tayong malinis at malaya sa pag-ibig sa mga bagay ng daigdig. Ang pagpili na maging marumi ay magpapalayo sa Espiritu Santo. Ang Espiritu ay tumatahan lamang doon sa mga taong higit na pinipili ang Panginoon kaysa sa daigdig. Ang "maging malinis kayo" (3 Nephi 20:41; D at T 38:42) at mahalin ang Diyos ng inyong buong "puso, . . . kapangyarihan, pag-iisip, at lakas" (D at T 59:5) ay hindi mga mungkahi kundi mga utos. At kailangan ang mga ito sa pagsama ng Espiritu, at kung wala ito ay hindi tayo magiging iisa.

Ang isa pang babala ay ang mag-ingat sa kapalaluan. Ang pagkakaisang dumarating sa isang pamilya o sa mga taong pinalambot ng Espiritu ay magdudulot ng malaking kapangyarihan. Kaakibat ng kapangyarihang iyon ang pagkilala ng daigdig. Magdulot man ng papuri o pag-iimbot ang pagkilalang iyon, maaakay pa rin tayo nito sa kapalaluan. Hindi ito magiging kalugud-lugod sa Espiritu. May proteksiyon laban sa kapalaluan, na siyang tiyak na pinagmumulan ng hindi pagkakaisa. Ito ay ang pagkilala sa mga biyayang ibinubuhos ng Diyos sa atin hindi lamang bilang tanda ng Kanyang pagkalugod kundi bilang isang pagkakataon upang makiisa sa mga nakapaligid sa atin sa mas higit na paglilingkod. Natututong magkaisa ang isang mag-asawa sa pamamagitan ng paggamit sa kanilang mga pagkakatulad upang unawain ang isa't isa at paggamit sa kanilang mga pagkakaiba upang magtulungan sa paglilingkod sa bawat isa at sa mga nakapaligid sa kanila. Sa ganitong paraan, maaari tayong makiisa sa mga hindi tumatanggap sa ating dokrina ngunit naghahangad din naman na pagpalain ang mga anak ng ating Ama sa Langit.

Tayo'y magiging mga mapagpayapa, nararapat na tawaging mapapalad at mga anak ng Diyos (tingnan sa Mateo 5:9).

Buhay ang Diyos na ating Ama. Ang Kanyang minamahal na Anak na si Jesucristo ang ulo ng Simbahang ito, at iniaalok Niya sa lahat ng tatanggap nito ang pamantayan ng kapayapaan.

Mula sa talumpati ni Elder Eyring sa pangkala-hatang komperensiya ng Simbahan noong Abril 1998 (tingnan sa Conference Report, Abr. 1998, 85–89; or *Ensign,* Mayo 1998, 66–68).

# Pangangalaga sa Pagmamahalan at Pagkakaibigan ng Mag-asawa

# 3

## Mga Ideya para sa Pagsasagawa

Sang-ayon sa sarili ninyong mga pangangailangan at kalagayan, sundin ang isa o ang dalawang mungkahing ito.

- Pag-aralan ang Moroni 7:45–48. Gumawa ng listahan ng mga katangian ng pag-ibig sa kapwa-tao na binanggit sa talatang ito. Gumawa ng matibay na pangako na pagbubutihin ang mga katangiang ito sa inyong buhay. Mag-isip ng mga paraan kung paano makatutulong ang mga katangiang ito na mapangalagaan ng mag-asawa ang kanilang pagmamahalan at pagkakaibigan.
- Kasama ang inyong asawa, magplanong gumugol ng oras para sa inyong dalawa lamang bawat linggo. Maaaring kailanganin ninyong iplano ang mga araw na ito sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga paalala sa kalendaryo o sa kuwaderno.

## Takdang Babasahin

Pag-aralan ang sumusunod na lathalain. Kung kayo ay may-asawa, basahin at talakayin ang lathalaing ito kasama ang inyong asawa.

### Pagkakaisa sa Pagsasama ng Mag-asawa

Pangulong Spencer W. Kimball
Ika-12 Pangulo ng Simbahan

Ang marangal, masaya, at matagumpay na pag-aasawa ang tiyak na pangunahing adhikain ng bawat normal na tao. Ang pag-aasawa marahil ang pinakamahalaga sa lahat ng pagpapasiya at siyang may pinakamalawak na epekto, dahil hindi lamang ito nauugnay sa dagliang kaligayahan, kundi pati sa mga walang hanggang kagalakan. Naaapektuhan nito hindi lamang ang dalawang taong nasasangkot, kundi pati ang kanilang mga mag-anak at lalung-lalo na ang kanilang mga anak at ang kanilang mga apo hanggang sa mga susunod pang henerasyon.

Sa pagpili ng makakasama sa buhay at sa walang hanggan, walang alinlangang dapat gawin ang pinakamaingat na pagpaplano at pag-iisip at panalangin at pag-aayuno upang makatiyak na sa kabila ng lahat ng mga pagpapasiya ay hindi dapat magkamali sa isang ito. Sa tunay na pag-aasawa kailangang mayroong pagkakaisa ng mga isipan at gayon din ng mga puso. Hindi dapat na damdamin lamang ang pairalin sa mga pagpapasiya, kundi kapwa ang isip at puso, na pinalakas ng pag-aayuno at panalangin at matinding pagsasaalang-alang, ang magbibigay sa isang tao ng pinakamalaking pagkakataong lumigaya sa pag-aasawa. Kaakibat nito ang sakripisyo, pakikibahagi, at matinding pagpaparaya.

Marami sa mga palabas sa telebisyon at mga kathang-isip na kuwento ang nagtatapos sa pag-aasawa na: "Namuhay silang maligaya mula noon." Napagtanto natin na hindi nagdudulot ng kaligayahan at matagumpay na pag-aasawa ang pagsasagawa lamang ng seremonya. Hindi dumarating ang kaligayahan sa pagpindot ng isang buton, tulod ng sa ilawan; nasa isip ang kaligayahan at nanggagaling sa kalooban. Pinagsusumikapan ito. Hindi ito mabibili ng salapi; hindi ito makukuha nang basta-basta.

Iniisip ng ilan na ang kaligayahan ay isang nakahahalinang buhay ng kaginhawaan, karangyaan, at palagiang paglilibang; ngunit ang tunay na pag-aasawa ay batay sa isang kaligayahang higit pa riyan, isang nagmumula sa pagbibigay, paglilingkod, pakikibahagi, sakripisyo, at pagpaparaya.

Dalawang taong nagmula sa magkaibang kinalakhan ang nakatatanto matapos na matapos maisagawa ang seremonya na kailangan nilang harapin ang nagdudumilat na katotohanan. Wala na ang buhay ng pangangarap o likhang-isip; kailangan nating harapin ang katotohanan at magpakatatag. Kailangang akuin ang mga responsibilidad at tanggapin ang mga bagong tungkulin. Kailangang iwanan ang ilang pansariling kalayaan, at gumawa ng maraming pakikibagay, mapagparayang pakikibagay.

Hindi nagtatagal at napagtatanto ng isang tao na may mga kahinaan ang kanyang asawa na hindi naihayag o natuklasan noon. Ang magagandang ugaling dati'y laging naipakikita noong nagliligawan

pa ay babahagya nang napapansin ngayon, at ang tila maliliit at di kapansin-pansing mga kahinaan noong nagliligawan ang naging kapansin-pansin na ngayon. Dumating na ang oras para sa mga maunawaing puso, para sa pagsusuri sa sarili, at sa mabuting pag-iisip, pangangatwiran, at pagpaplano. Nahahayag na ngayon ang mga nakaugalian sa mga nagdaang taon; ang asawa ay maaaring kuripot o gastador, tamad o masipag, relihiyoso o hindi; marahil ay mabait siya at matulungin o madaling magalit at pikon, mapaghanap o mapagbigay, mayabang o mapagpakumbaba. Lumalaki ang problema sa mga biyenan, bayaw, at hipag, at tumitindi naman ang kaugnayan sa kanila ng kabiyak.

Kadalasa'y walang pagkukusang lutasin at akuin ang mabibigat na responsibilidad na kaagad na naroroon. Nag-aatubiling halinhan ng pagtitipid ang marangyang pamumuhay, at kadalasa'y tila marubdob ang pagnanasa ng mga batang mag-asawa na makipagsabayan sa kanilang mga kapitbahay. Karaniwa'y walang pagkukusang iangkop ang kanilang pamumuhay sa kanilang kinikita. Kadalasa'y ipinipilit ng mga batang maybahay na patuloy nilang matamasa sa sarili nilang tahanan ang karangyaang dati nilang tinamasa sa mauunlad na tahanan ng matatagumpay nilang ama. Ilan sa kanila ang nagkukusang tumulong na makamtan ang marangyang pamumuhay na iyon sa pamamagitan ng pagtatrabaho matapos ang kasal. Dahil dito ay iniiwan nila ang tahanan, kung saan naroroon ang kanilang tungkulin, upang maghanap ng propesyon o trabaho, para patatagin ang kanilang kabuhayan kaya nagiging napakahirap nang mamuhay pa na tulad ng karaniwan. Dahil parehong nagtatrabaho ang mag-asawa, pagpapaligsahan sa halip na pagtutulungan ang pumapasok sa mag-anak. Dalawang pagal sa trabaho ang umuuwi nang pagod na pagod, may kani-kanyang kapalaluan, ibayong kalayaan, at pagkatapos ay nagkakaroon ng di-pagkakaunawaan. Lumalaki ang dati'y maliliit na di-pagkakasundo.

Bagama't mahirap mag-asawa, at karaniwan na ang di-pagkakasundo at kabiguan sa pag-aasawa, gayunpama'y maaari pa ring magkaroon ng tunay at walang-maliw na kaligayahan, at maaaring maging lubos na kagalakan ang pag-aasawa at hindi tulad ng inisip ng tao. Kayang abutin ito ng bawat mag-asawa, ng bawat tao. Gawa-gawa at sa pangarap lamang ang tinatawag na "soul mates"; at bagama't bawat binata at dalaga ay maghahangad nang buong pagsisikap at panalangin na makakita ng kaparehang makakasama nila at makakasundo sa buhay, tiyak pa rin na sinumang mabuting lalaki at sinumang mabuting babae ay magiging maligaya at matagumpay sa pag-aasawa kung kapwa sila handang magsakripisyo.

May isang walang-paltos na pormula na titiyak sa bawat pareha ng isang maligaya at walang hanggang pag-aasawa; ngunit tulad din ng lahat ng pormula, hindi dapat kalimutan, bawasan, o limitahan ang pinakamahahalagang sangkap. Ang pagpili bago ang panliligaw at ang patuloy na panliligaw matapos ang proseso ng kasal ay magkasinghalaga, ngunit hindi kasinghalaga ng pag-aasawa mismo, na ang tagumpay ay nakasalalay sa dalawang tao—hindi sa isa, kundi sa dalawa.

Sa isang pag-aasawang sinimulan at ibinatay sa makakatwirang pamantayang tulad ng nabanggit na, walang pinagsama-samang mga lakas na makasira dito maliban sa lakas na nasa isa o sa kapwa mag-asawa mismo; at kailangan nilang akuin ang pangkalahatang responsibilidad. Maaaring makaimpluwensiya sa mabuti o masama ang ibang tao at samahan. Maaaring may kinalaman ang kalagayan sa pananalapi, sa lipunan, sa pulitika, at iba pa; subalit una at palagi nang nakasalalay ang pag-aasawa sa magkabiyak na palagi nang nagagawang matagumpay at masaya ang kanilang pag-aasawa kung sila ay determinado, mapagparaya, at makatwiran.

Simple lang ang pormula; kakaunti ang mga sangkap, bagama't maraming makapagpapabuti sa bawat isa.

Una, kailangang naroon ang tamang pamamaraan sa pag-aasawa, na pinag-iisipang mabuti ang pagpili ng isang kabiyak na halos angkin na ang tugatog ng kaganapan sa lahat ng bagay na mahalaga sa mga tao. Pagkatapos ay kailangang magpunta sa altar sa templo ang parehang ito na nalalamang kailangan nilang pagsikapang mabuti na magkaroon ng matagumpay na pagsasama.

Ikalawa, kailangan ang matinding pagpaparaya, paglimot sa sarili at pagtutuon ng lahat sa buhay-may-asawa at lahat ng may kinalaman dito para sa ikabubuti ng mag-anak, na isinusuko ang sarili.

Ikatlo, kailangang magpatuloy ang panliligaw at pagpapamalas ng pagsuyo, kabaitan, at pagsasaalang-alang upang mapanatiling masigla at nag-iibayo ang pagmamahalan.

Ikaapat, kailangang may ganap na pamumuhay ng mga kautusan ng Panginoon tulad ng isinasaad sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Kung napagsasama-sama nang wasto at patuloy na naipaiiral ang mga sangkap na ito, mukhang imposible nang hindi lumigaya, magpatuloy ang mga di-pagkakasundo, o mangyari ang mga paghihiwalay. Kakailanganin nang mag-iba ng larangan ang mga abogado at ikakandado na ang mga hukumang pangdiborsyo.

Kailangang malaman ng dalawang taong malapit nang ikasal na upang makamtan ang maligayang pag-

aasawa na kanilang inaasam ay kailangan nilang malaman na hindi isang legal na panakip-butas ang pag-aasawa, kundi ito'y nangangahulugan ng sakripisyo, pakikibahagi, at maging ng pagbabawas ng ilang pansariling kalayaan. Nangangahulugan ito ng matagal at mahirap na pagtitipid. Nangangahulugan ito ng mga anak na mangangailangan ng pagtustos, paglilingkod, pangangalaga at pag-aasikaso; ngunit nangangahulugan din ito ng pinakamalalalim at pinakamatatamis na damdamin sa lahat.

Bago magpakasal, malaya ang bawat isa na umalis at dumating kung kailan niya naisin, ayusin at planuhin ang kanyang buhay nang pinakamainam, gumawa ng lahat ng pasiya na nauukol lamang sa sarili. Dapat matanto ng magkasintahan bago sila magsumpaan na kailangang tanggapin ng bawat isa nang literal at buung-buo na ang kapakanan ng bagong maliit na mag-anak ang kailangang mangibabaw sa kapakanan nilang mag-asawa. Kailangang alisin ng bawat panig ang "ako" at "akin" at halinhan ito ng "tayo" at "atin." Kailangang isaalang-alang sa bawat pagpapasiya na may dalawa o higit pa na maaapektuhan nito. Habang papalapit na ang mabibigat na pagpapasiya ngayon, aalalahanin ng maybahay ang magiging epekto ng mga ito sa mga magulang, anak, tahanan, at sa kanilang espirituwal na buhay. Sa pagpili ng asawang lalaki ng kanyang trabaho, pakikisama, mga kaibigan, ang bawat interes niya ay kailangan na ngayong ibatay sa bahagi na lamang siya ngayon ng isang mag-anak, na kailangang isaalang-alang ang kabuuan ng grupo.

Maaaring hindi laging maayos at panatag ang pagsasama ng mag-asawa, ngunit magagawa itong maging lubos na mapayapa. Maaaring dumanas ang isang mag-asawa ng kahirapan, karamdaman, kabiguan, mga kakulangan, at maging kamatayan sa mag-anak, ngunit maging ang mga ito ay hindi nanakawin sa kanila ang kapayapaan. Magtatagumpay ang pag-aasawa kung hindi papasok ng kasakiman. Paglalapitin ng mga gulo at problema ang mga magulang sa mga di-mapaghihiwalay na pagsasama kung may ganap na pagpaparaya roon. Noong matinding taghirap ng 1930 bumaba ang bilang ng diborsyo. Ang kahirapan, mga kakulangan, kabiguan— ang nagbigkis sa mga magulang. Napapatibay ng paghihirap ang mga ugnayang kayang wasakin ng pag-unlad.

Ang pag-aasawang batay sa kasakiman ay mas malamang na mabigo. Ang isang nagpakasal nang dahil sa yaman o ang isang nagpakasal nang dahil sa katanyagan o katayuan sa lipunan ay tiyak na masisiphayo. Ang isang nagpapakasal para bigyang-kasiyahan ang kahambugan at kapalaluan o nagpapakasal para tikisin o pasakitan ang isang tao ay niloloko lamang ang kanyang sarili. Ngunit ang isang nagpapakasal para magpaligaya at lumigaya rin, para maglingkod at paglingkuran din, at pinangangalagaan ang mga kapakanan nilang dalawa at ng mag-anak na darating ay may malaking pagkakataon na maging maligaya ang pag-aasawang iyon.

Ang pag-ibig ay parang isang bulaklak, at tulad ng katawan, kailangan itong pakainin palagi. Hindi magtatagal ang mortal na katawan ay mamamayat at mamamatay kung hindi ito palaging pakakainin. Ang sariwang bulaklak ay malalanta at mamamatay kung walang pagkain at tubig. At gayon din ang pag-ibig, hindi maaasahang tatagal magpakailanman maliban kung ito ay patuloy na pinakakain ng pira-pirasong pagmamahal, pagpapakita ng pagpapahalaga at paghanga, pagpapahayag ng pasasalamat, at pagsasaalang-alang ng pagpaparaya sa sarili.

May isa pang bagay sa matagumpay na pag-aasawa na tiyak na maisasagawa ng ganap na pagpaparaya. Kung ang isa ay lagi nang hinahangad ang mga kapakanan, kaginhawahan, at kaligayahan ng isa pa, ang pag-ibig na nadama sa pagliligawan at pinatibay sa kasal ay lalago nang lubos. Maraming mag-asawa ang hinahayaang mapanis ang kanilang pagsasama at lumamig ang kanilang pag-iibigan na parang lumang tinapay o laos na mga biro o malamig na sawsawan. Walang alinlangang ang mga pagkaing pinakamahalaga sa pag-iibigan ay ang pagsasaalang-alang, kabaitan, pagkamaalalahanin, pagmamalasakit, mga pagpapamalas ng pagsuyo, mga yakap ng pagpapahalaga, paghanga, pagmamalaki, pakikisama, tiwala, pananalig, pagkakasundo, pagkakapantay-pantay, at pag-asa sa isa't isa.

Upang tunay na lumigaya sa pag-aasawa, kailangan ng isa ang patuloy na katapatan sa pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon. Walang sinuman, may-asawa man o wala, ang liligaya nang labis maliban kung siya ay mabuti. May mga panandaliang kasiyahan at nakabalatkayong sitwasyon sa ngayon, ngunit darating lamang ang palagian at ganap na kaligayahan sa pamamagitan ng kalinisan at pagiging karapat-dapat. Ang isang namumuhay nang may pananampalataya na may malalalim na paniniwala ay hindi kailanman liligaya nang walang ginagawa. Patuloy na magpapahirap ang budhi, maliban kung babalewalain ito, at kung magkagayo'y nasa panganib na ang pagsasama ng mag-asawa. Hindi patatahimikin ng bumabagabag na budhi ang buhay. Nakasisira ng pagsasama ng mag-asawa ang pagiging di-aktibo, lalo na kapag di-aktibo ang isa't isa sa magkakaibang paraan.

Ang hindi pagkakaiba sa relihiyon ang pinakamalaking pagsubok at kabilang sa lahat ng suliraning pinakamahirap lutasin.

Ang kasal ay inordena ng Diyos. Hindi lamang ito isang nakaugalian sa lipunan. Kung walang marapat at matagumpay na pag-aasawa, hindi kailanman dadakilain ang isang tao. Basahin ang mga salita ng inyong Panginoon, na tama at marapat lamang na mag-asawa.

Dahil sa totoong iyan, maingat na paplanuhin ng isang mapag-isip at matalinong Banal sa mga Huling Araw ang kanyang buhay upang tiyaking walang sagabal dito. Sa isang malaking pagkakamali ay maaaring maglagay ang isang tao ng sagabal na maaaring hindi na kailanman matanggal at maaaring humadlang sa daanan patungong buhay na walang hanggan at kabanalan—ang ating panghuling patutunguhan. Kung minamahal ng dalawang tao ang Panginoon nang higit pa sa sarili nilang buhay at pagkatapos ay mamahalin ang bawat isa nang higit pa sa sarili nilang buhay, na magkasamang nagsusumikap nang may ganap na pagkakasundo na ginagawang pangunahing balangkas ang programa ng ebanghelyo, tiyak na makakamtan nila ang dakilang kaligayahang ito. Kapag madalas na magkasamang pumupunta ang mag-asawa sa banal na templo, magkasamang lumuluhod sa panalangin sa kanilang tahanan kasama ang kanilang mag-anak, magkahawak-kamay na dumadalo sa kanilang mga pulong sa Simbahan, pinananatiling ganap na busilak ang kanilang buhay—sa isip at katawan—nang sa gayon ay lubos na nakatuon ang buo nilang pag-iisip at pagnanasa at pag-ibig sa iisang tao, ang kanilang asawa, at magkasamang nagsisikap para sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos, kung gayon ang kaligayahan ay nasa pinakarurok na nito.

Kung minsan sa pag-aasawa ay mayroon pang ibang pakikipisan, sa kabila ng katotohanang ipinahayag ng Panginoon na: "Inyong mahalin ang inyong asawa nang buo ninyong puso, at pumisan sa kanya at wala nang iba" (D at T 42:22).

Nangangahulugan lamang ito na "mahalin mo ang iyong asawa nang buo mong puso at pumisan sa kanya at wala nang iba." Kadalasan, patuloy na pumipisan ang mga tao sa kanilang mga ina at ama at mga kaibigan. Kung minsan ay ayaw pang pakawalan ng mga ina ang kanilang kanilang mga anak, at ang mga mag-asawa'y bumabalik sa kani-kanilang mga ina at ama upang sumangguni, humingi ng payo, at magtapat ng problema, gayong sa kani-kanilang asawa nila dapat ginagawa ang karamihan sa mga bagay-bagay, at ang lahat ng nangyayari ay dapat manatiling lihim at silang dalawa lamang ang nakaaalam.

Makabubuti para sa mag-asawa na agad na bumukod ng tirahan mula sa mga kaanak ng magkabilang panig. Maaaring katamtaman lamang at napakasimple ng tahanan, ngunit sarili pa rin ninyo itong tirahan. Hindi dapat iasa sa mga kamag-anak ang buhay ninyong mag-asawa. Higit ninyo silang mahalin; pahalagahan ang kanilang payo; pahalagahan ang pakikisama nila; ngunit mamuhay kayo sa inyong sarili, na pinamamahalaan ng sarili ninyong mga pagpapasiya, ng sarili ninyong mapanalanging pagsasaalang-alang matapos ninyong tanggapin ang payo mula sa dapat magbigay nito. Ang pagpisan ay hindi lamang nangangahulugan ng pagtira sa iisang tahanan; nangangahulugan ito ng pagiging malapit sa isa't isa, ng hindi naghihiwalay:

"Samakatwid, naaayon sa batas na. . .sila ay maging isang laman, at lahat ng ito ay upang matupad ng mundo ang layunin ng kanyang pagkakalikha;

"At nang ito ay mapuno ng tao, alinsunod sa kanyang pagkakalikha bago ginawa ang mundo" (D at T 49:16–17).

Mga kapatid, hayaan ninyong sabihin ko na ito ang salita ng Panginoon. Lubhang napakaseryoso nito, at walang sinumang dapat makipagtalo sa Panginoon. Ginawa Niya ang mundo; ginawa Niya ang mga tao. Alam Niya ang mga kalagayan. Inihanda Niya ang programa, at hindi sapat ang ating talino o galing upang makipagtalo sa Kanya sa mahahalagang bagay na ito. Alam Niya kung ano ang tama at totoo.

Hinihiling naming pag-isipan ninyo ang mga bagay na ito. Tiyaking tama ang inyong pagpapakasal. Tiyaking wasto ang inyong buhay. Tiyaking naisasagawa nang wasto ang inyong bahagi sa pag-aasawa.

Mula sa Marso 1977 *Ensign,* mga pahina 3–5.

# Pagtugon sa mga Hamon sa Pagsasama ng Mag-asawa 4

## Mga Ideya para sa Pagsasagawa

Ayon sa sarili ninyong mga pangangailangan at kalagayan, sundin ang isa o higit pa sa mga mungkahing ito.

- Sa takdang babasahin sa ibaba, inilalarawan ni Elder Lynn G. Robbins ang "putahe para sa kapahamakan." Basahin ang paglalarawan niya sa pahinang ito. Pagkatapos ay bumuo ng isang putahe para sa pagkakasundo sa tahanan. Alamin kung aling mga "sangkap" ang isasama ninyo sa putahe.
- Gumawa ng matibay na pangako na tutugon sa mga hamon nang matiyaga at magiliw sa halip na pagalit. Magpasiya tungkol sa anumang bagay na magagawa ninyo na madalas na magpapaalala sa inyo ng matibay na pangakong ito. Halimbawa, makapaglalagay kayo ng barya o iba pang maliit na bagay sa sapatos ninyo o maglagay ng sulat sa bulsa.

## Takdang Babasahin

Pag-aralan ang sumusunod na lathalain. Kung kayo ay may-asawa, basahin at talakayin ang lathalaing ito kasama ang inyong asawa.

### Pagpili at Galit

Elder Lynn G. Robbins
Ng Pitumpu

**Nag-uudyok si Satanas ng Galit sa mga Mag-anak**

"Dito ako'y may mag-anak. *Kami'y nagmamahalan.*" Ito ang pag-asa ng bawat bata, na ipinahayag sa mga titik ng isa sa ating mga himno ("Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan," *Mga Himno*, 99; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik).

Natutuhan natin sa pagpapahayag tungkol sa mag-anak na "ang mag-anak ay sentro ng plano ng Tagapagligtas" at na "ang mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak" at "banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign,* Nob. 1995, 102).

Ang mag-anak din ang pangunahing puntirya ni Satanas. Nakikipaglaban siya sa mag-anak. Isa sa kanyang mga pakana ang mapandaya at mapanlinlang na pamamaraan niya sa palihim na pagpasok sa teritoryo ng kaaway at pagpasok sa atin mismong mga tahanan at sa ating buhay.

Sinisira at kadalasa'y winawasak niya ang mga mag-anak sa loob mismo ng sarili nilang pamamahay. Ang estratehiya niya ay ang mag-udyok ng *kagalitan* sa pagitan ng mga miyembro ng mag-anak. Si Satanas ang "ang amo ng pagtatalo, at kanyang inuudyukan ang mga puso ng tao na makipagtalo nang may *galit* sa isa't isa" (3 Nephi 11:29; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik). Ang pandiwang *nang-uudyok* ay parang sa isang putahe para sa kapahamakan: Bahagyang initin ang mga damdamin, ihalo ang ilang piling salita, at pakuluin; patuloy na haluin hanggang sa lumapot; palamigin; hayaang manlamig ang mga damdamin nang ilang araw; ihain nang malamig; maraming tira.

**Mapipili Nating Huwag Magalit**

Bahagi ng mapanlinlang niyang estratehiya ang ibukod ang galit sa pagpili, na pinapapaniwalang tayo ay mga biktima ng damdaming hindi natin mapigil. Naririnig natin, "Hindi ko napigilan ang galit ko." Ang di-napigilang galit ay nakawiwiling mga piling salita na lagi nang ginagamit na kawikaan. Ang "mawalan ng isang bagay" ay nagpapahiwatig ng "hindi sinasadya," "pagkakataon lang," "hindi kagustuhan," "hindi pananagutan"—marahil ay di maingat pero "hindi pananagutan."

"Pinagalit niya ako." Isa pa itong pariralang naririnig natin, na nagpapahiwatig din ng kawalan ng pagpipigil o pagpili. Isa itong haka-haka na kailangang ibunyag. Walang sinumang nagpapagalit sa atin. Hindi tayo pinagagalit ng iba. Walang sangkot na pamimilit dito. Ang pagiging galit ay isang pinag-isipang pagpili, isang pagpapasiya; samakatwid, maaari nating piliing huwag magalit. *Tayo* ang pumipili!

Sa mga taong nagsasabing, "Pero hindi ko mapigilan ang sarili ko," ang tugon ng manunulat na si William Wilbanks ay, "Kalokohan."

"Ang karahasan, . . .pagpipigil ng galit, pagsasalita tungkol dito, pagtili at pagsigaw," ay mga natututuhang estratehiya sa pagtitimpi ng galit. "*Pinipili* natin ang isang napatunayan nating epektibo sa atin

noong nakaraan. Napansin na ba ninyo kung gaano kabihirang mawalan tayo ng pagpipigil kapag binibigo ng ating amo, pero gaano ito kadalas kapag iniinis tayo ng ating mga kaibigan o mag-anak?" ("The New Obscenity," *Reader's Digest,* Dis. 1988, 24; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik).

Sa ikalawang taon niya sa hayskul sinubukang sumali ni William Banks sa koponan ng basketbol at natanggap siya dito. Sa unang araw ng pagsasanay ay pinalaro siya ng kanyang tagasanay na kasama ang isang manlalaro habang nanonood ang koponan. Nang hindi nya naibuslo ang isang madaling tira, nagalit siya at nagdabog at nagmaktol. Nilapitan siya ng tagasanay at sinabi, "Gawin mo ulit iyan at hindi ka na makalalarong muli sa koponan ko." Sa sumunod sa tatlong taon hindi na siya nawalan ng pagpipigil sa sarili. Pagkalipas ng maraming taon, habang ginugunita niya ang pangyayaring ito, natanto niyang tinuruan siya ng kanyang tagasanay ng nakapagpapabagong-buhay na alituntunin sa araw na iyon: napipigilan ang galit (tingnan sa "The New Obscenity," 24).

**Ang mga Turo ng Panginoon**

Sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Mga Taga Efeso 4:26, nagtatanong si Pablo ng ganito, "Magagalit ba kayo at hindi magkakasala?" Napakalinaw ng pahayag ng Panginoon tungkol sa bagay na ito.

"Siya na may diwa ng pagtatalo ay hindi sa akin, kundi sa diyablo, na siyang ama ng pagtatalo, at kanyang inuudyukan ang mga puso ng tao na makipagtalo nang may galit sa isa't isa.

"Masdan, hindi ito ang aking doktrina, na pukawin sa galit ang mga puso ng tao, isa laban sa isa; kundi ito ang aking doktrina, na ang gayong mga bagay ay maiwaksi" (3 Nephi 11:29–30).

Ang doktrina o utos na ito mula sa Panginoon ay nagmumungkahi ng pagpili at isa itong panawagan sa gising na isipan na gumawa ng pasiya. Inaasahan ng Panginoon na pipiliin nating *huwag* magalit.

Ni hindi makatwiran ang magalit. Sa Mateo 5, talata 22, sinabi ng Panginoon, "Datapwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawat mapoot sa kanyang kapatid [*nang walang dahilan*] ay mapapasa panganib sa kahatulan" (idinagdag ang pagkakahilig ng mga salita). Kapansin-pansin na ang pariralang "nang walang dahilan" ay hindi makikita sa binigyang-inspirasyong Pagsasalin ni Joseph Smith (tingnan sa Mateo 5:24), ni sa salin ng 3 Nephi 12:22. Kapag tinatanggal ng Panginoon ang pariralang "nang walang dahilan," inaalisan Niya tayo ng dahilan. "Ito ang aking doktrina, na ang mga gayong bagay ay maiwaksi" (3 Nephi 11:30). "Maiwawaksi" natin ang galit, dahil itinuro at iniutos Niya ito sa atin.

**Ang Pagkagalit ay Pagpapailalim sa Impluwensiya ni Satanas**

Ang pagkagalit ay pagpapailalim sa impluwensiya ni Satanas sa pamamagitan ng pagsusuko natin ng pagpipigil sa ating sarili. Ito ang pinag-isipang kasalanang humahantong sa masamang damdamin o pag-uugali. Ito ang nagpapasidhi ng alitan sa kalsada, mga init ng ulo sa paligsahan sa palakasan, at karahasan sa mga tahanan.

Kung hahayaan, ang galit ay mabilis na magpapasidhi ng pagsabog ng maaanghang na salita at iba pang pang-aabuso sa damdamin na nakasusugat sa maramdaming puso. Ito ang "lumalabas sa bibig," ang sabi ng Panginoon; "ito ang nakakahawa sa tao" (Mateo 15:11).

Sinabi ni David O. McKay, "Huwag hayaang magsigawan ang mag-asawa kailanman, 'Maliban kung nasusunog ang bahay' " (*Stepping Stones to an Abundant Life,* tinipon ni Llewelyn R. McKay [1971], 294).

Ang pisikal na pang-aabuso ay galit na sumilakbo at hindi kailanman makatwiran at laging hindi matwid.

Ang galit ay isang walang pakundangang pagtatangka na bagabagin ang konsiyensiya ng iba o isang malupit na paraan ng pagsisikap na iwasto sila. Madalas itong matawag na disiplina ngunit halos laging hindi makatuturan ito. Kaya nga't nagbabala ang banal na kasulatan: "Mga lalake, ibigin ninyo ang inyo-inyong asawa, at huwag kayong maging mapait sa kanila," at "Mga ama, huwag ninyong ipamungkahi sa galit ang inyong mga anak, upang huwag manghina ang loob nila" (Mga Taga Colosas 19, 21).

**"Hinding-hindi na Ako Muling Magagalit"**

Ang pagpili at pananagutan ay mga alituntuning hindi mapaghihiwalay. Dahil ang galit ay isang pagpili, may matinding babala sa pagpapahayag "na ang mga taong. . .nagmamalabis sa asawa o anak. . .balang araw sila ay pananagutin sa harap ng Diyos."

Ang pag-unawa sa kaugnayan sa pagitan ng pagpili at galit ang unang hakbang sa pagwawaksi ng galit sa ating buhay. Mapipili nating huwag magalit. At makagagawa tayo ngayon ng pasiya, ngayon din: "Hinding-hindi na ako muling magagalit." Pag-isipang mabuti ang resolusyong ito.

Ang ika-121 bahagi ng Doktrina at mga Tipan ang isa sa ating pinakamainam na magagamit para matuto ng mga wastong alituntunin sa pamumuno. Marahil ay pinakaangkop sa mga mag-asawa at magulang ang bahagi 121. Dapat nating pamunuan ang ating mag-anak sa pamamagitan ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig (tingnan sa D at T 121:41–42).

Nawa'y matupad ang pangarap ng bawat bata na magkaroon ng mag-anak sa mundo na mabait sa kanila.

Mula sa talumpati ni Elder Robbins sa pangkalahatang kumperensiya ng Simbahan noong Abril 1998 (tingnan sa Conference Report, Abr. 1998, 105–6; o *Ensign,* Mayo 1998, 80–81).

# Pagtugon sa mga Hamon sa Pamamagitan ng Magandang Pag-uusap

# 5

## Mga Ideya para sa Pagsasagawa

Sang-ayon sa inyong mga sariling pangangailangan at kalagayan, sundin ang isa o pareho sa mga mungkahing ito.

- Sa takdang babasahin sa ibaba, pinupuna ni Elder Joe J. Christensen na: "Kakaunting tao lamang ang napagbuti ang pag-uugali ng palagiang pamimintas o pagrereklamo. Kung hindi tayo maingat, ang ilan sa inaakala nating *nakatutulong* na pamimintas ay *nakasisira* pala. Kung minsan, may mga bagay na mas makabubuting huwag na lang banggitin pa" (tingnan sa pahina 19). Sa susunod na linggo, pag-ukulan ng pansin ang mga bagay na iniisip at sinasabi ninyo sa iba. Sikaping maging mabait at palakasin ang iba sa lahat ng sasabihin ninyo.
- Hanapin ang mga kahanga-hangang katangian ng inyong asawa. Gumawa ng listahan ng mga katangiang ito, at ibahagi ito sa inyong asawa.

## Takdang Babasahin

Pag-aralan ang sumusunod na lathalain. Kung kayo ay may-asawa, basahin at talakayin ang lathalaing ito na kasama ang inyong asawa.

### Ang Kasal at ang Dakilang Plano ng Kaligayahan

Elder Joe J. Christensen
Ng Pitumpu

Kami ni Barbara ay biniyayaan ng anim na anak. Ilang taon na ang nakalilipas, nang dalhin namin silang lahat para dumalaw sa kanilang lolo't lola ay sinabi ng aking ama, "Joe, sa palagay ko'y nasimulan ninyo ni Barbara ang isang bagay na hindi ninyo matitigilan."

Sa panahong ito ng Linggo ng Pagkabuhay ipinahahayag natin sa buong mundo na si Jesus ang Cristo at na sa pamamagitan ng Kanyang banal na pagkasaserdote at nakapagbubuklod na kapangyarihan, ang mga kasal at mag-anak ay hindi kailangang itigil kailanman—hindi kailangang magwakas kailanman.

Ngayo'y nais kong magsalita sa inyo tungkol sa ating mga kasal. Narito ang walong praktikal na mungkahi na sana'y maging makabuluhan sa pagpapatatag ng pagsasama ng mga mag-asawa, ngayon at sa hinaharap.

#### Tandaan ang Kahalagahan ng Kasal

1. Tandaan ang sentro ng kahalagahan ng inyong kasal. Dinggin ang mga salitang ito ni Elder Bruce R. McConkie tungkol sa kahagalahan ng kasal sa "dakilang plano ng kaligayahan" ng ating Ama sa Langit. (Alma 42:8):

"Mula sa sandali ng ating pagsilang sa mundong ito hanggang sa oras na ikasal tayo sa templo, lahat ng nasasaatin sa buong sistema ng ebanghelyo ay upang ihanda at gawing marapat tayo sa pagpasok sa banal na orden na iyon ng matrimonyo na nagbibigay daan upang maging mag- asawa tayo sa buhay na ito at sa kabilang buhay. . . .

"Walang anuman sa daigdig na ito na kasinghalaga ng paglikha at pagiging perpekto ng mga mag-anak" ("Salvation is a Family Affair," *Improvement Era,* Hunyo 1970, 43–44).

#### Ipanalangin ang Tagumpay ng Pagsasama Ninyong Mag-asawa

2. Ipanalangin ang tagumpay ng pagsasama ninyong mag-asawa. Maraming taon na ang nakalipas, nang karaniwan nang nililibot ng Pangkalahatang Awtoridad ang misyon at kinakapanayam ang lahat ng misyonero, kinausap ni Elder Spencer W. Kimball, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawa, ang isang elder na papatapos na sa kanyang misyon.

"Kapag natapos ka na sa misyon mo, Elder, ano ang mga plano mo?"

"A, plano ko pong bumalik sa kolehiyo." At nakangiti niyang idinagdag, "Pagkatapos ay umaasa akong iibig ka at magpapakasal."

Ibinahagi ni Elder Kimball ang matalinong payong ito: "Huwag mong ipanalangin na basta pakasalan lang ang minamahal mo. *Sa halip, ipanalangin mong mahalin ang pakakasalan mo.*"

Dapat tayong manalangin na maging mas mabait, magalang, mapagpakumbaba, mapagpasensiya, mapagpatawad, at *lalung-lalo* na, maging mas mapagparaya.

Upang makilala ang sarili nating mga suliranin o kahinaan na humahadlang sa ating pagiging mas mabubuting asawa, dapat tayong manalangin sa Panginoon at anihin ang mga kapakinabangan ng makapangyarihang pangako nitong Aklat ni Mormon: "At kung ang mga tao ay lalapit sa akin ay ipakikita ko sa kanila ang kanilang kahinaan. . ., sapagkat kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila" (Eter 12:27).

Kaya nga kailangang manalangin. Maraming pinuno ng Simbahan at tagapayo sa pag-aasawa ang nagsasabi na wala pa silang nakita ni isang mag-asawang nagkaroon ng malubhang suliranin na nanatili pa ring magkasamang nananalangin araw-araw. Tuwing dumarating ang mga suliranin at nagbabantang masira ang pagsasama ng mag-asawa, ang pinakamabisang lunas dito marahil ay ang magkasamang pagdalangin ng mag-asawa.

**Makinig sa Inyong Asawa**

3. Makinig. Maglaan ng oras upang makinig sa inyong asawa; gumawa pa ng iskedyul para dito. Kausapin ang isa't isa at suriin kung ano ang inyong katayuan bilang isang asawa.

Tinanong ni Brother Brent Barlow ang isang grupo ng mga kapatid na lalaking maytaglay ng pagkasaserdote: "Ilan sa inyo ang nais makatanggap ng paghahayag?" Bawat kamay ay tumaas. Pagkatapos ay iminungkahi niyang umuwi silang lahat at tanungin ang kanilang kabiyak kung paano sila magiging mas mabubuting asawa. Dagdag pa niya, "Sinunod ko ang sarili kong payo, at nagkaroon kami ng napakamakabuluhang talakayan ni Susan [na asawa ko] sa loob ng mahigit isang oras nang hapong iyon!" ("To Build a Better Marriage," *Ensign,* Set. 1992, 7). Maaaring maging isang pagbubunyag para sa sinuman sa atin ang ganoong pag-uusap.

Naringgan na ba ng sinuman sa inyong mga kapatid ang inyong asawa na nagsasabi ng tulad nito: "Joe, nakikinig ka ba?" Hindi lang siya ang nagtanong kung nakikinig ako. Minsan ay umiidlip ako at dumating ang musmos kong apong si Allison at ibinuka ang talukap ng isang mata ko at nagsabi, "Lolo, nariyan po ba kayo?" Dapat ay "nariyan tayo" at tumutugon sa ating asawa.

**Iwasan ang Walang Puknat na Pandurutdot**

4. Iwasan ang "walang puknat na pandurutdot." Huwag masyadong mapamintas sa mga kakulangan ng bawat isa. Kilalanin na walang sinuman sa atin ang perpekto. Lahat tayo ay marami pang dapat gawin upang maging tulad ni Cristo gaya ng isinasamo sa atin ng ating mga pinuno.

Ang "walang puknat na pandurutdot," na siyang tawag ni Pangulong Spencer W. Kimball dito, ay makakasira sa halos anumang pagsasama ng mag-asawa ("Marriage and Divorce," *1976 Devotional Speeches of the Year [1977],* 148). Lahat tayo ay karaniwang nasasaktan na malaman ang ating mga kahinaan, at hindi natin kailangan ang madalas na paalala. Kakaunting tao lamang ang napagbuti ang pag-uugali ng palagiang pamimintas o pagrereklamo. Kung hindi tayo maingat, ang ilan sa inaakala nating *nakatutulong* na pamimintas ay *nakasisira* pala.

Kung minsan ay may mga bagay na mas makabubuting huwag na lang banggitin pa. Bilang bagong kasal, nabasa ni Sister Lola Walters sa isang magasin na upang mapatatag ang pagsasama ng isang mag-asawa, kailangang magkaroon ng palagiang sesyon ng pagbabahagi ang mag- asawa kung kailan ililista nila ang anumang mga gawing nakayayamot sa kanila. Isinulat niya:

"Babanggit kami noon ng limang bagay na nakayayamot sa amin, at nagsimula ako. . . . Sinabi ko sa kanyang hindi ko nagustuhan ang pamamaraan niya sa pagkain ng suha. Binalatan niya ito at kinaing parang dalandan! Wala akong kilala na ganoong kumain ng suha. Maaasahan bang gugulin ng isang babae ang buong buhay niya, at maging ang kawalang hanggan, sa pagmamasid sa kanyang asawa sa pagkain ng ubas na parang dalandan?. . .

"Nang matapos akong bumanggit [ng lima], pagkakataon naman niyang sabihin ang mga bagay na hindi niya gusto sa akin. Sabi [niya], 'Alam mo, ang totoo'y wala akong maisip na anumang ayaw ko sa iyo, Mahal.'

"Hayyy.

"Mabilis akong tumalikod, dahil hindi ko alam kung paano ipaliliwanag ang mga luhang namuo sa aking mga mata at tumulo sa aking pisngi."

Pagtatapos ni Sister Walters, "Tuwing makakarinig ako ng mga mag-asawang hindi nagkakasundo, madalas kong naiisip na baka dinaranas nila ang tinatawag ko ngayong Sintomas ng Suha" ("The Grapefruit Syndrome," *Ensign,* Abr. 1993, 13).

Oo, kung minsan, may mga bagay ngang mas makabubuting huwag na lang banggitin pa.

**Panatilihing Masigla ang Inyong Pagsusuyuan**

5. Panatilihing masigla ang inyong pagsusuyuan. Maglaan ng oras para magkasama kayong gumawa ng mga bagay-bagay—kayong dalawa lamang. Kung gaano kahalaga na makapiling ang mga anak bilang isang mag-anak, gayundin na kailangan ninyo ng lingguhang panahon na magkasarilinan kayong dalawa. Ang paglalaan ng oras para dito ay magpapahiwatig sa inyong mga anak na napakahalaga ng inyong pagsasama kaya kailangan ninyo itong pangalagaan. Nangangailangan ito ng matibay na hangarin, pagpaplano, at paglalaan ng oras.

Hindi kailangang maging magastos ito. Ang oras ng pagsasama-sama ang pinakamahalagang sangkap.

Minsan habang papaalis ng bahay ang biyenan kong lalaki matapos mananghalian para magtrabaho sa bukid, sinabi ng biyenan kong babae, "Albert, bumalik ka rito sa loob ngayon din at sabihin mong mahal mo ako." Ngumisi siya at pabirong sinabi, "Elsie, noong ikasal tayo, sinabi ko sa iyong mahal kita, at kung magbabago man iyan, ipaaalam ko sa iyo." Mahirap sumobra ang paggamit ng mga katagang "Mahal kita." Gamitin ito araw-araw.

**Maging Maagap sa Pagsasabi ng "Ikinalulungkot Ko"**

6. Maging maagap sa pagsasabi ng "Ikinalulungkot ko." Mahirap mang sabihin ang mga katagang ito, maging maliksi sa pagsasabi ng, "Ipagpaumanhin mo, at patawarin mo ako," kahit hindi kayo ang talagang may kasalanan. Nabubuo ang tunay na pag-ibig sa mga taong kusang umaamin ng mga pagkakamali at kasalanan.

Kapag dumarating ang mga di-pagkakaunawaan, mahalagang pag-usapan at lutasin ito, ngunit may mga pagkakataon na ang pinakamabuting gawin ay magpahinga muna kayo. Mahalaga ang di-pagkibo at pagbilang ng hanggang sampu o isandaan. At paminsan-minsan, nakatutulong na hayaang lubugan ng araw ang galit ninyo at harapin ang problema kinaumagahan kung kailan mas nakapahinga na kayo, payapa, at mas handang magpasiya.

Paminsan-minsan ay nakaririnig tayo ng katulad nito, "Bakit kami, limampung taon nang kasal pero ni minsan ay hindi kami nagkaiba ng opinyon." Kung totoong nangyayari iyan, isa sa pareha ang lubos na napapangibabawan ng isa o, gaya ng minsa'y sinabi ng isang tao, hindi makatotohanan ang taong iyan. Sinumang matalinong mag-asawa ay magkakaroon ng magkaibang opinyon. Ang hamon sa atin ay tiyaking alam natin kung paano lulutasin ang mga ito. Bahagi iyan ng proseso ng pagpapabuti ng buhay may-asawa.

**Mamuhay Ayon sa Abot ng Inyong Makakaya**

7. Pag-aralang mamuhay ayon sa abot ng inyong makakaya. Ilan sa pinakamahihirap na hamon sa pagsasama ng mag-asawa ay dumarating sa bahagi na pananalapi. "Isinaad ng American Bar Association. . . na 89 na porsiyento ng lahat ng diborsyo ay bunga ng mga pag-aaway at bintang ukol sa pera" (Marvin J. Ashton, "One for the Money," *Ensign,* Hulyo 1975, 72). Maging handang ipagpaliban o kalimutan na ang pagbili ng ilang bagay upang hindi lumampas sa laang-gugulin. Bayaran muna ang ikapu, at iwasan ang utang hangga't maaari. Tandaan na ang paggasta nang mas kakaunti kaysa sa kinikita ninyo ay katumbas ng kaligayahan at ang paggasta nang higit kaysa sa kinikita ninyo ay katumbas ng kapighatian. Marahil ay dumating na ang panahon para ilabas ang gunting at mga credit card at gawin ang tinatawag ni Elder Jeffrey R. Holland na "plastic surgery" ("Things We Have Learned Together," *Ensign,* Hunyo 1986, 30).

**Pagtulungan ang mga Responsibilidad sa Tahanan at Mag-anak**

8. Maging isang tunay na katuwang sa mga responsibilidad sa tahanan at mag-anak. Huwag tumulad sa mga lalaking paupu-upo lang sa bahay at umaasang paglilingkuran, na ipinapalagay na tungkulin niya ang maghanapbuhay at tanging asawa lang niya ang may responsibilidad sa bahay at sa pag-aalaga ng mga anak. Ang tungkuling pag-aalaga sa tahanan at mag-anak ay responsibilidad ng mahigit sa isang tao.

Tandaan ninyo na magkatuwang kayo rito. Natuklasan namin ni Barbara na wala pang isang minuto namin inaayos ang aming higaan at tapos na ito para sa araw na iyon. Sabi niya, hinahayaan niya akong gawin ito para bumuti ang pakiramdam ko sa aking sarili buong araw, at palagay ko ay may katwiran siya.

Maglaan ng oras na magkasamang magbasa ng mga banal na kasulatan, at sundin ang malinaw na payong ito mula kay Pangulong Kimball. "Kapag madalas na magkasamang pumupunta ang mag-asawa sa banal na templo, magkasamang lumuluhod sa panalangin sa kanilang tahanan kasama ang kanilang mag-anak, magkahawak-kamay na dumadalo sa kanilang mga pulong sa Simbahan, pinananatiling ganap na busilak ang kanilang buhay, sa isip at katawan, . . .at magkasamang nagsisikap para sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos, kung gayon ang kaligayahan ay nasa pinakarurok na nito" (*Marriage and Divorce* [1976], 24).

Bilang buod:

- Tandaan ang sentro ng kahalagahan ng inyong kasal.
- Ipanalangin ang tagumpay nito.
- Makinig.
- Iwasan ang "walang puknat na pandurutdot."
- Panatilihing masigla ang inyong pagsusuyuan.
- Maging maagap sa pagsasabi ng, "Ikinalulungkot ko."
- Matutong mamuhay ayon sa abot ng inyong makakaya.
- Maging isang tunay na katuwang sa mga responsibilidad sa tahanan at sa mag-anak.

Pinatototohanan ko na si Jesus ang Cristo, na ang libingan ay walang laman sa ikatlong araw na iyon, at na "sapagkat kung paanong kay Adan ang lahat ay nangangamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin" (I Mga Taga Corinto 15:22). Kaya taglay ang pasasalamat para sa nakapagbubuklod na kapangyarihang nakapaloob sa naipanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, may paniniwala nating masasambit kasama ng makata, "Higit kitang mamahalin sa kabilang buhay" (*Sonnets from the Portuguese,* ni Elizabeth Barrett Browning, blg. 43, ika-14 na linya).

Mula sa talumpati ni Elder Christensen sa pangkalahatang komperensiya ng Simbahan noong Abril 1995 (tingnan sa Conference Report, Abr. 1995, 84–87; o *Ensign,* Mayo 1995, 64–66).

# Pagpapatatag ng Pagsasama ng Mag-asawa sa Pamamagitan ng Pananampalataya at Panalangin

# 6

## Mga Ideya para sa Pagsasagawa

Sang-ayon sa inyong mga sariling pangangailangan at kalagayan, sundin ang isa o pareho sa mga mungkahing ito.

- Pagpasiyahan ang isang bagay na magagawa ninyo upang mapatatag ang inyong pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.
- Magtakda ng oras bawat araw upang manalangin kasama ang inyong asawa.

## Takdang Babasahin

Pag-aralan ang sumusunod na lathalain. Kung kayo ay may-asawa, basahin at talakayin ang lathalaing ito na kasama ang inyong asawa.

### Pagkakaroon ng Kaligayahan sa Buhay

Elder Richard G. Scott
Ng Korum ng Labindalawa

#### Pagkakaiba-iba sa gitna ng Katatagan

Kamakailan ay tumayo ako sa hilagang dalampasigan ng isang magandang pulo sa Pasipiko na nakatitig sa karagatan sa bukang-liwayway. Humanga ako sa regular na paghampas ng mga dambuhalang alon sa dalampasigan. Ipinaaalala nito sa akin ang katatagan ng plano ng Panginoon, na may tiyak na walang hanggang batas, at ang katiyakan ng nananatiling katarungan at ang kagiliwan ng awa kapag natamo sa pamamagitan ng pagsunod. Napansin kong tumataas ang bawat alon sa iba't ibang panig ng dako pa roon upang hanapin ang sariling landas nito patungong dalampasigan. Ilan ang humampas sa mga bato, na nag-iiwan ng ilug-ilugan ng mabula at maputing tubig. Ang iba'y humahampas sa dalampasigan sa kani-kanyang disenyo. Dumudulas ang mga ito pataas sa mamasa-masang buhangin na may kakatwang mabubulang gilid, at pagkatapos ay bumubula at umiikot pababa.

Naisip ko ang walang katapusang iba't ibang pagkakataong inilaan ng Panginoon para sa atin. Napakalaya natin, napakaraming oportunidad na paunlarin ang kani-kanyang pagkatao at talino, kani-kanyang alaala, kani-kanyang naiambag. Yamang wala nang pagkakataon pang pagmasdan ang maringal na karagatan, sinikap kong ilarawan sa isipan ang maluwalhating tanawing lilikhain ng maningning na araw maya-maya. Habang mapitagan kong pinagmamasdan ang kagila-gilalas na tanawing ito, isang dungawan ang nabuo sa mga ulap; lumaganap ang maningning na silahis ng sumisikat na araw sa kalangitan, na binabago ang lahat ng kanyang liwanag, kanyang kulay, kanyang buhay. Tila ba nais ng Panginoon na magbahagi ng karagdagang biyaya, isang simbolo ng liwanag ng Kanyang mga aral na nagbibigay-ningning at pag-asa sa lahat ng masisinagan nito. Namumuo ang mga luha ng pasasalamat para sa napakagandang daigdig na ito na ating tinitirhan, para sa pambihirang kagandahang bukas-palad na ibinabahagi ng Ama sa Langit sa lahat ng nagnanais na makakita. Tunay ngang maganda ang buhay.

#### Pahalagahan ang Ganda ng Buhay

Nag-uukol ba kayo ng oras upang tuklasin sa bawat araw kung gaano ang maaring iganda ng inyong buhay? Gaano katagal na ba ninyo huling namasdan ang paglubog ng araw—ang hiwa-hiwalay na mga sinag nito na humahalik ng pamamaalam sa mga ulap, puno, burol, at kapatagan sa gabi, kung minsan ay mapanatag, kung minsan ay may iba't ibang kulay at hugis?

Gayon din ang kababalaghan ng maaliwalas na gabi kung saan inilalantad ng Panginoon ang mga hiwaga ng Kanyang kalangitan—ang pagkutitap ng mga bituin, ang sinag ng buwan—upang pukawin ang ating imahinasyon sa Kanyang kadakilaan at kaluwalhatian?

Nakahahalinang pagmasdan ang isang binhing itinanim sa matabang lupa na tumutubo, nag-iipon ng lakas, at nagpapasibol ng maliit at tila walang kabuluhang usbong. Dahan-dahan itong nagsisimulang lumaki at nagkaroon ng sarili nitong katangian, ayon sa proseso ng paglago na inilaan ng Panginoon. Sa pag-aalaga ay tiyak na mararating nito ang itinakdang kahihinatnan nito: isang liryo, na pinutungan ng halina at ganda; isang tanim na humahalimuyak sa bango; isang milokoton; isang abokado; o isang magandang bulaklak na may kakaibang uri, kulay, at bango.

Kailan ninyo huling namasdan ang pag-usbong ng isang maliit na buko ng rosas? Bawat araw ay nagkakaroon ito ng bago at kahanga-hangang katangian, mas malaking pangako ng kagandahan hanggang sa ito'y maging isang maringal na rosas.

Isa kayo sa pinakamarangal na nilikha ng Diyos. Layunin Niya ang maging maluwalhati ang kagandahan ng inyong buhay anuman ang inyong kalagayan. Habang kayo ay mapagpasalamat at masunurin, maaari kayong maging katulad ng nilalayon ng Diyos para sa inyo.

**Nakasalalay sa Tiwala sa Diyos ang Kagalakan sa Buhay**

Ang kalungkutan, kabiguan, at matinding hamon ay mga *pangyayari* sa buhay, hindi ang buhay mismo. Hindi ko minamaliit ang hirap na dulot ng ilan sa mga pangyayaring ito. Maaaring tumagal ang mga ito nang mahabang panahon, ngunit hindi ninyo dapat hayaang uminog dito ang lahat ng ginagawa ninyo. Binigyang-inspirasyon ng Panginoon si Lehi upang ipahayag ang pangunahing katotohanan, "Ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan."[1] Iyan ay isang pahayag na may kundisyon: "upang sila ay *magkaroon* ng kagalakan." Walang kundisyon ito para sa Panginoon. Ang layunin Niya ay ang makatagpo ng kagalakan ang bawat isa sa atin. Walang kundisyon ito hangga't sinusunod ninyo ang mga kautusan, sumasampalataya sa Panginoon, at ginagawa ang mga bagay na kinakailangan upang magkaroon ng kagalakan sa mundo.

Nakasalalay ang kagalakan ninyo sa buhay sa tiwala ninyo sa Ama sa Langit at sa Kanyang banal na Anak, sa paniniwala ninyo na ang kanilang plano ng kaligayahan ay tunay na magbibigay sa inyo ng kagalakan. Ang pagninilay-nilay sa kanilang mga doktrina ay magdudulot sa inyo ng mga kagandahan ng mundong ito at payayamanin ang mga kaugnayan ninyo sa iba. Aakayin kayo nito sa nakaaaliw, nakapagpapalakas na mga karanasang nagmumula sa pagdalangin sa Ama sa Langit at sa mga kasagutang ibinibigay Niya bilang kapalit.

**Pananaw at Tiyaga**

Ang batong inilapit nang husto sa mata ay parang isang napakalaking hadlang. Itapon ito sa lupa, at makikita ang tunay nitong laki. Gayundin, kailangang tingnan ang mga problema o pagsubok sa ating buhay sa pananaw ng doktrina ng banal na kasulatan. Kung hindi ay madali nitong madadaig ang ating pananaw, mahihigop ang ating lakas, at pagkakaitan tayo ng galak at gandang nilalayon ng Panginoon na matanggap natin dito sa lupa. Ilan sa mga tao ang parang mga batong itinapon sa isang dagat ng mga problema. Nalulunod sila rito. Maging isang tapon. Kapag inilulubog sa problema ay lumaban upang malayang makalutang para makapaglingkod na muli nang may kagalakan.

Narito kayo sa lupa para sa isang banal na layunin. Hindi upang malibang nang walang katapusan o palagiang maghangad ng kasiyahan. Narito kayo upang subukan, upang patunayan ang inyong sarili na karapat-dapat kayo na makatanggap ng mga karagdagang pagpapalang inilalaan ng Diyos para sa inyo.[2] Kailangan din nito ang nakapagpapanatag na epekto ng tiyaga.[3] ang ilan sa mga pagpapala ay matatamo sa buhay na ito; ang iba ay darating sa kabilang buhay.

Nais ng Diyos na kayo ay personal na lumago at umunlad. Nag-iibayo ang pag-unlad na iyon kapag kusa ninyo Siyang pinahihintulutang akayin kayo sa bawat karanasang kinakaharap ninyo, gustuhin man ninyo ito sa simula o hindi. Kapag nagtitiwala kayo sa Panginoon, kapag kusa ninyong hinahayaang matuon ang inyong puso at isipan sa Kanyang kalooban, kapag hinihiling ninyo ang patnubay ng Espiritu sa pagsunod sa Kanyang kalooban, nakatitiyak kayo ng pinakadakilang kaligayahan sa landas ng buhay at ng lubos na nakasisiyang katuparan mula sa karanasang ito sa buhay. Kung nag-aalinlangan kayo sa lahat ng ipinagagawa sa inyo, o nagmamaktol sa bawat mahirap na hamon, lalo ninyong pinahihirapan ang Panginoon na pagpalain kayo.[4]

Ang inyong pagpili, ang karapatang gumawa ng mga pagpili, ay hindi ibinigay upang makuha ninyo ang inyong ninanais. Inilaan ang dakilang kaloob na ito upang piliin ninyo kung ano ang ninanais ng Ama sa Langit para sa inyo. Sa gayo'y maaakay Niya kayo upang maging katulad ng nilalayon Niyang kahinatnan ninyo.[5] Humahantong ang landas na iyon sa maluwalhating kagalakan at kaligayahan.

**Mamuhay nang may Kagalakan sa gitna ng Paghihirap**

Matuto mula sa mga taong nagbibigay-inspirasyon na tinanggap nang payapa ang kanilang mga hamon at namuhay nang may galak

sa kabila ng paghihirap. Isang magandang babae na may malalang karamdaman na nagdudulot ng kamatayan ang lagi nang nakatatagpo ng kaligayahan sa buhay. Naunawaan niya ang plano ng kaligayahan, tumanggap ng mga ordenansa sa templo, at ginagawa ang lahat ng makakaya niya upang maging karapat-dapat sa mga ipinangakong pagpapala. Nakatala sa pansarili niyang talaarawan:

"Isa itong napakagandang araw sa taglagas. Dinampot ko ang sulat at naupo sa duyan. Tuwang-tuwa ako at panatag sa mainit na sikat ng araw, sa mabangong amoy ng kalikasan at sa mga punong nakapaligid sa akin. Naupo lang ako roon at nagalak sa katotohanang buhay pa rin ako sa magandang daigdig na ito. . . . Napakabuti ng Panginoon sa akin. Lubos ko siyang pinasasalamatan na narito pa rin ako at napakabuti ng pakiramdam. Napakasaya ko kung kaya gusto ko lang sumigaw at sumayaw sa paligid ng magandang tahanang ito habang sinisikatan ng araw ang malalaking bintana. Gustung-gusto kong mabuhay."

Isang magiting na ina na buong tapang na lumalaban sa isang nakapanghihinang karamdaman ang gumugol nang di-mabilang na oras sa matiyagang pagkumpleto ng isang malaki at napakahirap na likhang-sining na tahi sa kamay. Isa itong regalo para sa mag-asawang dumaranas ng mga pagsubok. Para sa mag-asawa isa itong walang katumbas na yaman, isang palagiang paalala sa kanila ng mahahalagang bunga ng matatag na pagsisikap sa gitna ng hirap, isang walang-maliw na mensahe ng pag-asa na ibinuklod sa mga bigkis ng dalisay na pagmamahal at kusang-loob na sakripisyo.

### Makatagpo ng Kagalakan sa Kung Anuman ang *Mayroon* Kayo

Tinuturuan tayo ng mga bata kung paano makatagpo ng kagalakan maging sa kalagayan na puno ng hamon. Hindi pa natututuhan ng mga bata ang masiphayo sa pamamagitan ng pagtutuon ng isipan nila sa mga bagay na wala sila. Nakakatagpo sila ng galak sa kung ano man ang mayroon sila. Naaalala ko ang isang batang naglalaro sa pampang ng ilog. Nagtali siya ng pamingwit sa mga dulo ng dalawang itinapong lata ng malamig na inumin. Itinapon niya ang isang lata, at pinuno ito ng tubig. Hihilahin niya ang isang lata, at bibitawan ito pagkatapos. Hihilahing pataas ng bigat ng unang lata ang ikalawang lata habang bumabagsak ito. Tumawa siya at sumayaw sa tuwa.

Napalilibutan tayo ng mga simple at nakapagpapasiglang karanasan. Mga nakapagpapababa sila ng tensyon at nakapag-aangat ng espiritu. Huwag ninyong ituon ang isipan sa bagay na wala kayo o nawala sa inyo. Ipinangako ng Panginoon sa masusunurin na ibabahagi Niya ang lahat ng Kanyang pag-aari sa kanila. Maaaring may mga kakulangan kayo rito sa temporal, ngunit sa susunod na buhay, kung mapatutunayan ninyong karapat-dapat kayo sa pamamagitan ng mabuting pamumuhay, lubos na mapapasainyo ang pagpapala.

Hanapin ninyo ang mga kahaliling pagpapala sa buhay ninyo kung, sa karunungan ng Panginoon, ipinagkakait Niya sa inyo ang isang bagay na ninanais ninyo nang lubos. Sa mga bulag o bingi, pinatatalas Niya ang ibang pakiramdam. Sa mga maysakit, nagbibigay Siya ng tiyaga, pang-unawa, at ibayong pagpapahalaga sa kabaitan ng iba. Sa pagkawala ng isang mahal sa buhay, pinatitibay Niya ang bigkis ng pagmamahalan, pinayayaman ang mga gunita, at pinagdiringas ang pag-asa sa pagkikitang muli sa hinaharap. Makakatuklas kayo ng mga kahaliling pagpapala kapag kusang-loob ninyong tatanggapin ang kalooban ng Panginoon at sasampalataya sa Kanya.[6]

Sa mga naghihirap na tao ni Alma, sinabi ng Panginoon:

"Pagagaanin ko rin ang mga pasanin. . .na maging kayo ay hindi madarama ang mga ito sa inyong likod. . .; at ito ay gagawin ko upang kayo ay tumayong mga saksi para sa akin magmula ngayon, at upang inyong malaman nang may katiyakan na ako, ang Panginoong Diyos, ay dumadalaw sa aking mga tao sa kanilang mga paghihirap.

"At. . .ang mga pasanin. . .ay pinagaan; oo, pinalakas sila ng Panginoon upang mabata nila ang kanilang mga pasanin nang may kagaanan, at nagpasailalim nang may kagalakan at nang may pagtitiis sa lahat ng kalooban ng Panginoon."[7]

### Ang Pagiging Malikhain ay Makatutulong sa Inyo Upang Masiyahan sa Buhay

Tangkaing maging malikhain para sa galak na dulot nito. Nang pumanaw ang kanilang marangal na asawa, natutong magpinta sina Sister Camilla Kimball, Amelia McConkie, at Helen Richards. Hindi lang sila nag-iwan ng mga pamana ng sining, kundi hindi na tulad ng dati ang tingin nila sa isang paglubog ng araw, sa isang mukha, o sa isang puno. Nakikita na nila ngayon ang mga tagong kulay at hugis at nagagalak sa masaganang kagandahang nakapaligid sa kanila.

Pumili ng anumang tulad ng musika, pagsasayaw, paglililok, o pagtula. Ang pagiging malikhain ay makatutulong sa inyo upang masiyahan sa buhay. Nagbubunga ito ng diwa ng pasasalamat. Nagpapaunlad ito ng nakatagong talento, naghahasa ng kakayahan ninyong mangatwiran, kumilos, at makatagpo ng layunin sa buhay. Pinapawi nito ang kalungkutan at kasawian. Nagbibigay ito ng pagpapanibago, kasiglahan, at pananabik sa buhay.

**Paglilingkod: Isang Susi sa Kaligayahan**

Ang kusang-loob na paglilingkod sa iba ay isang susi sa tumatagal na kaligayahan. Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Pinagmamasdan tayo ng Diyos, at sinusubaybayan niya tayo. Ngunit kadalasan ay tinutugunan niya ang ating mga pangangailangan sa pamamagitan ng ibang tao. Kung gayon, mahalagang paglingkuran natin ang isa't isa."[8]

May kilala akong isang babaing galak na galak sa kaligayahan. Tuwing umaga humihiling siya sa kanyang Ama sa Langit na gabayan siya sa sinumang matutulungan niya. Ang taimtim na dalanging iyon ay laging sinasagot sa tuwina. Napagaan ang pasanin ng marami at napasigla ang kanilang buhay. Patuloy siyang pinagpala sa pagiging kasangkapang pinamahalaan ng Panginoon.

**Ang Paghihirap ay Maaaring Gawing Pag-unlad**

Batid kong bawat paghihirap na kinakaharap natin sa buhay, maging ang mga yaong dulot ng sarili nating kapabayaan o kaya'y ng paglabag, ay maaaring gawin ng Panginoon na karanasan sa pag-unlad, isang mabisang hagdan paakyat.[9] Hindi sa inirerekomenda ko ang paglabag bilang landas sa pag-unlad. Ito ay masakit, mahirap, at napakawalang-katuturan. Mas matalino at mas madaliang sumulong sa katwiran. Ngunit sa pamamagitan ng angkop na pagsisisi, pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, at pagsunod sa Kanyang mga kautusan, maging ang pagkabigong dulot ng paglabag ay maaaring maging isang pagbalik sa kaligayahan.

Gumawa ng listahan ng mga bagay na magagawa ninyo para lumigaya, tulad ng:

- Pagnilay-nilayan ang mga banal na kasulatan upang maunawaan ang plano ng kaligayahan.
- Manalangin nang may pananampalataya kay Jesucristo.
- Mahalin at paglingkuran ang iba.
- Tumanggap ng mga ordenansa sa templo. Bumalik upang basbasan ang iba.
- Makinig sa propeta at sundin ang kanyang payo.
- Pasalamatan ang anumang mayroon kayo.
- Ngumiti nang mas madalas.

Magdudulot ng mga susi ng kasiyahan at kagalakan ang inyong listahan.

**Ang Hamon ay Pansamantala Ngunit ang Kaligayahan ay Walang Hanggan**

Inulit-ulit ng isang bantog na awit sa Brazil ang isang kasinungalingang pinaniniwalaan ng marami: Walang katapusan ang kalungkutan, ngunit nagwawakas ang kaligayahan. Nasaksihan ko na sa pananampalataya sa Tagapagligtas at pagsunod sa Kanyang mga turo, walang katapusan ang kaligayahan, ngunit nagwawakas ang kalungkutan.

Gaano man kahirap ang kinakaharap ninyo o ng mahal ninyo sa buhay, hindi ito dapat mangingibabaw sa inyong buhay at doon uminog ang lahat ng inyong kinawiwilihan. Ang mga hamon ay mga karanasan sa pag-unlad, mga pansamantalang tagpong gagampanan sa kabila ng isang kaiga-igayang buhay. Huwag kayong pasasaklaw sa isang pangyayari na hindi na kayo makapag-isip ng iba pa o maalagaan ang inyong sarili o iba pang umaasa sa inyo. Tandaan, tulad ng pagpapagaling ng katawan, ang paghilom ng ilang espirituwal at emosyonal na hamon ay nangangailangan ng panahon.

Sinabi ng Panginoon, "Maging matiisin sa mga paghihirap, sapagkat ikaw ay magdaranas ng marami; subalit tiisin ang mga ito, sapagkat masdan, ako ay makakasama mo maging sa katapusan ng iyong mga araw."[10] Kung matiyaga kayo, mauunawaan ninyo ang kahulugan ng pahayag na "Ako ay makakasama mo." Nagdadala ng kapayapaan at galak ang pag-ibig ng Diyos.

Nagbibigay ng walang hanggang kahulugan sa buhay ang inyong pananampalataya kay Jesucristo. Tandaan na kayo ay naglalakbay patungo sa kadakilaan. Minsan ay may mga karanasan kayo na mas nagpapaligaya kaysa sa iba, ngunit may layunin ang lahat ng ito sa Panginoon.[11]

Bilang saksi ng Tagapagligtas, hinihikayat ko kayong patawarin ang sinumang sa palagay ninyo ay nagkasala sa inyo. Kung may paglabag, pagsisihan ito, upang mapagaling kayo ng Panginoon.

Pasalamatan ang inyong Ama sa Langit at ang Kanyang Minamahal na Anak para sa plano ng kaligayahan at sa mga alituntunin ng ebanghelyo kung saan ito nakasalig. Magpasalamat sa mga ordenansa at tipang inilaan nila. Taimtim kong pinatototohanan na may kapangyarihan silang putungan ng kapayapaan at kagalakan ang inyong buhay, upang bigyan ito ng layunin at kahulugan. Malalaman ninyo na pansamantala lamang ang kalungkutan at kabiguan. Walang hanggan ang kaligayahan dahil kay Jesucristo. Taimtim akong sumasaksi na Siya ay buhay, na minamahal Niya kayo, at tutulungan Niya kayo.

Mula sa talumpati ni Elder Scott sa pangkalahatang komperensiya ng Simbahan noong Abril 1996 (tingnan sa Conference Report, Abr. 1996, 31–35; o *Ensign,* Mayo 1996, 24–26).

MGA TALA

1. 2 Nephi 2:25.
2. Tingnan sa Abraham 3:25.
3. Tingnan sa Mosias 3:19.
4. Tingnan sa 1 Nephi 3:7.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 58:26–32.
6. Tingnan sa Orson F. Whitney, sinipi sa *Faith Precedes the Miracle* ni Spencer W. Kimball (1972), 98.
7. Mosias 24:14–15.
8. *The Teachings of Spencer W. Kimball,* inedit ni Edward L. Kimball (1982), 252.
9. Tingnan sa Isaias 40:31.
10. Doktrina at mga Tipan 24:8.
11. Tingnan sa Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine,* ika-5 edisyon (1939), 177.

# Ang Nakapagpapagaling na Kapangyarihan ng Pagpapatawad

# 7

## Mga Ideya para sa Pagsasagawa

Ayon sa sarili ninyong mga pangangailangan at kalagayan, sundin ang isa o pareho sa mga mungkahing ito.

- Pag-aralan ang mga halimbawa ng pagpapatawad sa mga sumusunod na banal na kasulatan: Lucas 23:33–34; Mga Gawa 7:58–60; 1 Nephi 7:8–21.
- Gumawa ng matibay na pangako na maging higit na mapagpatawad at higit na karapat-dapat sa kapatawaran ng iba.

## Takdang Babasahin

Pag-aralan ang sumusunod na lathalain. Kung kayo ay may-asawa, basahin at talakayin ang lathalain kasama ang inyong asawa.

### "Kayo ay Kinakailangang Magpatawad"

Pangulong Gordon B. Hinckley
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang diwa ng pagpapatawad at ugaling mapagmahal at maawain sa mga taong maaaring nagkasala sa atin ang pinakadiwa ng ebanghelyo ni Jesucristo. Kailangan ng bawat isa sa atin ng diwang ito. Kailangan ito ng buong sanlibutan. Itinuro ito ng Panginoon. Ipinakita Niya ang halimbawa nito sa paraang hindi pa naipakita ng iba.

Sa oras ng Kanyang matinding paghihirap sa krus ng Kalbaryo, sa harap ng mga imbi at nakasusuklam Niyang mga tagausig, sa mga nagdala sa Kanya sa kahila-hilakbot na pagkakapako sa krus, sinabi Niya, "Ama, patawarin mo sila; sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" (Lucas 23:34).

Walang isa man sa atin ang sinabihang magpatawad nang lubusan, ngunit bawat isa sa atin ay nasasailalim sa isang obligasyong kumalinga nang may pagpapatawad at awa. Ipinahayag ng Panginoon sa mga salita ng paghahayag: "Ang aking mga disipulo, noong unang panahon, ay naghangad ng masama laban sa isa't isa at hindi nila pinatawad ang isa't isa sa kanilang mga puso; at dahil sa kasamaang ito sila ay pinahirapan at labis na pinarusahan.

"Dahil dito, sinasabi ko sa inyo, na nararapat ninyong patawarin ang isa't isa; sapagkat siya na hindi nagpapatawad sa kanyang kapatid ng kanyang mga pagkakasala ay nahatulan na sa harapan ng Panginoon; sapagkat mananatili sa kanya ang mas malaking kasalanan.

"Ako ang Panginoon, ay magpapatawad sa yaong aking patatawarin, subalit kayo ay kinakailangang magpatawad sa lahat ng tao.

"At nararapat ninyong sabihin sa inyong mga payo. . .ang Diyos ang hahatol sa akin at sa iyo, at gagantimpalaan ka alinsunod sa iyong mga gawa" (D at T 64:8–11).

Sadyang dapat maisagawa ang alituntuning ito ng Diyos at ang katuwang na alituntunin nito, ang pagsisisi. Nakikita natin ang pangangailangan para dito sa mga tahanan, kung saan ang mga mumunting di-pagkakaunawaan ay nagiging gabundok na pagtatalo. Nakikita natin ito sa mga magkakapitbahay, kung saan humahantong sa walang katapusang pagkakagalit ang mga walang kabuluhang pagtatalo. Nakikita natin ito sa mga magkakasama sa trabaho na nag-aaway-away at tumatangging makipagkasundo at magpatawaran gayong, kadalasan, kung mayroon sanang pagkukusang magkasamang upuan at pag-usapan ito nang payapa ay malulutas sana ang problema sa ikabubuti ng lahat. Sa halip, pinalilipas nila ang kanilang mga araw sa pagtatanim ng galit at pagbabalak na makaganti.

Sa unang taon na iyon ng pagkakatatag ng Simbahan, noong paulit-ulit na inaresto at inusig si Propetang Joseph Smith sa mga maling paratang ng mga taong nagtangkang saktan siya, sinabi sa kanya ng Panginoon sa pamamagitan ng paghahayag: "Sinuman ang magsasakdal sa iyo sa batas ay parurusahan sa batas" (D at T 24:17). Nakita ko iyon sa ating panahon sa ilang taong mapaghiganting nagpatuloy sa pagtatanim ng galit. Maski sa ilang nananalo sa kanilang mga laban ay parang walang

gaanong kapayapaan ng isip, at bagama't kumita sila ng salapi, may nawala sa kanilang higit na mahalaga.

### Iwasan ang Pagkagalit

Isinalaysay ni Guy de Maupassant, ang manunulat na Pranses, ang kuwento tungkol sa isang magbubukid na nagngangalang Hauchecome na dumating sa nayon sa araw ng pamamalengke. Habang naglalakad sa liwasang pampubliko, napansin niya ang isang pirasong tali na nasa ibabaw ng giharo [cobblestones]. Dinampot niya ito at isinilid sa kanyang bulsa. Nakita ng tagagawa ng tali, na dati niyang nakagalit, ang ginawa niya.

Nang malaon sa araw ding iyon nabalitang may nawawalan ng pitaka. Inaresto si Hauchecome dahil sa bintang ng tagagawa ng tali. Iniharap siya sa alkalde, kung kanino ipinagpilitan niyang wala siyang kasalanan, at ipinakita ang piraso ng taling dinampot niya. Pero hindi siya pinaniwalaan at pinagtawanan pa.

Nang sumunod na araw ay natagpuan ang pitaka, at napawalang-sala si Hauchecome sa anumang kasalanan. Ngunit, dahil sa hinanakit at kahihiyang dinanas niya bunga ng maling paratang, nagalit siya at hindi kinalimutan ang bagay na iyon. Dahil ayaw niyang magpatawad at lumimot, halos wala na siyang ibang maisip at masabi maliban doon. Pinabayaan niya ang kanyang bukid. Saan man siya pumunta, lahat ng makausap niya ay pinagsabihan niya ng sinapit niyang di-makatarungan. Araw at gabi ay nagmukmok siya dahil dito. Sa sobrang hinanakit, nagkasakit siya nang malubha at namatay. Sa kanyang paghihingalo, paulit-ulit niyang inusal ang, "isang pirasong tali, isang pirasong tali" (*The Works of Guy de Maupassant* [walang petsa], 34–38).

Iiba-ibahin lang ang mga tauhan at mga pangyayari, maaaring ulit-ulitin ang kuwentong iyan sa sarili nating panahon. Napakahirap para sa sinuman sa atin na patawarin ang mga nagkasala sa atin. Mahilig tayong lahat na isip-isipin ang kasamaang ginawa sa atin. Ang pag-iisip na iyon ay nagiging parang ngumangatngat at namiminsalang singaw. May iba pa bang mas kailangang isagawa sa ating panahon kaysa sa pagpapatawad at paglimot? May mga nagtuturing dito bilang tanda ng kahinaan. Gayon nga ba? Naniniwala ako na hindi kailangan ng lakas o katalinuhan para magtanim ng galit sa mga pasakit na dinanas, na magpatuloy sa buhay nang may diwa ng paghihiganti, na sayangin ang kakayahan ng isang tao sa pagpaplanong makapaghiganti. Walang kapayapaan sa pagtatanim ng galit. Walang kaligayahan sa paghihintay ng araw upang "makaganti" kayo.

Nagsalita si Pablo tungkol sa "mahihina at walang bisang mga pasimulang aral" ng ating buhay (tingnan sa Mga Taga Galacia 4:9). Mayroon pa bang mas mahina at walang bisa kaysa sa pagpapasiyang sayangin ng isang tao ang kanyang buhay sa walang katapusang pag-iisip ng mapapait na kaisipan at pagtatangkang makaganti sa mga taong maaaring humamak sa atin?

Namuno si Joseph F. Smith sa Simbahan noong panahon ng matinding pagkapoot sa ating mga tao. Naging tampok siya ng imbing pagbibintang, ng tunay na umaatikabong pamumuna ng mga editoryal maging sa sarili niyang komunidad. Kinutya siya, ginawang katawa-tawa at ininsulto. Pakinggan ninyo ang tugon niya sa mga gumagawang biro sa panghahamak sa kanya: "Hayaan ninyo sila. Hayaan ninyong magpatuloy sila. Ibigay ninyo ang kalayaan nilang magsalita nang gusto nila. Hayaan ninyong isulat nila ang sarili nilang kuwento, at isulat ang sarili nilang kapahamakan" (*Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon [1939], 339). At pagkatapos, taglay ang mapagkalingang diwa ng pagpapatawad at paglimot, ipinagpatuloy niya ang dakila at magandang gawain na pamumuno sa Simbahan patungo sa bagong pag-unlad at kahanga-hangang pagsasakatuparan. Sa kanyang kamatayan, marami sa mga taong kumutya sa kanya ang sumulat ng mga papuri at parangal hinggil sa kanya.

Naaalala ko ang matagal kong pakikinig sa isang mag-asawang nakaupo sa harapan ng aking mesa. May hinanakit ang namamagitan sa kanila. Alam kong minsan ay naging marubdob at tunay ang pag-ibig nila sa isa't isa. Ngunit ang bawat isa ay nagkaroon ng ugaling punahin ang pagkakamali ng isa. Tumatangging magpatawad sa uri ng mga pagkakamaling nagagawa nating lahat, at tumatangging kalimutan ang mga ito at tanggapin ang mga ito nang may pagtitimpi, pinulaan nila ang isa't isa hanggang sa magmaliw ang pag-ibig na dati nilang nadama. Nauwi ito sa abo sa batas ng tinatawag na paghihiwalay na "walang aamin ng kasalanan." Ngayon ay tanging kalungkutan at pagpaparatang lamang ang namamayani. Naniniwala ako na kung nagkaroon man lamang sana ng kahit bahagyang pagsisisi at pagpapatawad, magkasama pa sana sila ngayon, at tinatamasa ang pagsasamang nagpala nang lubos sa unang mga taon ng kanilang pagsasama.

### Kapayapaan sa Pamamagitan ng Pagpapatawad

Kung mayroong sinumang nagkikimkim sa kanilang mga puso ng makamandag na lason ng pagkapoot sa isa't isa, nagsusumamo ako sa inyo na humingi ng lakas sa Panginoon para magpatawad. Ang pagpapahayag na ito ng inyong hangarin ang magiging pinakasangkap ng inyong pagsisisi.

Maaaring hindi ito maging madali, at maaaring hindi dumating kaagad. Ngunit kung taimtim ninyong hahangarin at pagyayamanin ito, *tiyak* na darating ito. . . . At bagama't siya na pinatawad ninyo ay patuloy na pinagbabantaan kayo, malalaman ninyong ginawa na ninyo ang lahat upang magkasundo kayo. May kapayapaang darating sa puso ninyo na hindi matatamo sa ibang paraan. Ang kapayapaang iyan ay ang kapayapaan Niya na nagsabing:

"Sapagka't kung ipatawad ninyo sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay patatawarin naman kayo ng inyong Ama sa kalangitan:

"Datapuwa't kung hindi ninyo ipatawad sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay hindi rin naman kayo patatawarin ng inyong Ama sa inyong mga kasalanan" (Mateo 6:14–15).

**Alibughang Anak**

Wala na akong nalalamang kuwento sa buong panitikan na gaganda pa sa matatagpuan sa ikalabinlimang kabanata ng Lucas. Ito ang kuwento ng isang nagsisising anak at mapagpatawad na ama. Ito ay kuwento ng anak na inaksaya ang kanyang mana sa palunging pamumuhay, na hindi pinakinggan ang payo ng ama, at namumuhing itinatatwa ang mga nagmamahal sa kanya. Nang magasta na niya ang lahat, na gutom siya at nawalan ng kaibigan, "at nang matauhan siya" (Lucas 15:17), bumalik siya sa kanyang ama, na samantalang nasa malayo pa siya, "ay tumakbo at niyakap siya sa leeg, at siya'y hinagkan" (Lucas 15:20).

Hinihiling kong basahin ninyo ang kuwentong iyon. Kailangang ulit-ulitin ng bawat magulang ang pagbasa noon. Sapat ang lawak nito para sakupin ang bawat sambahayan, at higit na malawak kaysa riyan upang sakupin ang buong sangkatauhan, sapagkat hindi nga ba't lahat tayo ay mga alibughang anak na lalaki at babae na kailangang magsisi at makibahagi sa mapagpatawad na awa ng ating Ama sa Langit at sumunod sa Kanyang halimbawa?

Ang Kanyang Minamahal na Anak, ang ating Manunubos, ay tinutulungan tayo nang may pagpapatawad at awa, ngunit kapalit nito ay inuutusan Niya tayong magsisisi. . . . Magiging pagpahayag ng kinakailangang pagsisising iyon ang tunay at dakilang diwa ng pagpapatawad. Sinabi ng Panginoon—at babanggit ako mula sa paghahayag na ibinigay kay Propetang Joseph:

"Kaya nga iniuutos ko sa iyong magsisi—magsisi, upang hindi kita masaktan ng pamalo ng aking bibig, at ng aking poot, at ng aking galit, at ang iyong mga pagdurusa ay maging masakit—at kung gaano kasakit ay hindi mo nalalaman, kung gaano kasidhi ay hindi mo nalalaman, oo, kung gaano kahirap dalhin ay hindi mo nalalaman.

"Sapagka't masdan, ako ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi;

"Subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko;

"Kung aling pagdurusa ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu. . . .

"Matuto ka sa akin, at makinig sa aking mga salita; lumakad sa kaamuan ng aking Espiritu, at ikaw ay magkakaroon ng kapayapaan sa akin" (D at T 19:15–18, 23).

Iyan ang kautusan, at iyan ang pangako Niya, na, sa Kanyang dakila at huwarang panalangin, ay nagsumamo, "Ama, . . .ipatawad mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin" (Mateo 6:9, 12).

**"Gamutin ang. . .mga Sugat"**

Hindi ba't napakaganda ng mga salita ni Abraham Lincoln na binanggit niya bunga ng trahedya ng kahila-hilakbot na digmaang sibil: "Nang walang masamang hangarin kaninuman, nang may pag-ibig para sa lahat, . . .tayo nang. . .gamutin ang mga. . .sugat? (Sa *Familiar Quotations* ni John Bartlett, [1968], 640).

Mga kapatid, tapalan natin ang mga sugat—o, ang maraming sugat na bunga ng masasakit na salita, ng mga kinimkim na hinanakit, ng mga balak na "makaganti" sa mga taong maaaring nagkasala sa atin. Lahat tayo ay may kaunti ng diwa ng paghihiganting ito sa ating puso. Sa kabutihang-palad, may kapangyarihan tayong lahat na pangibabawan ang mga ito, kung "dadamitan [tayo] ng bigkis ng pag-ibig sa kapwa-tao, gaya ng isang balabal, na siyang bigkis ng pagiging ganap at ng kapayapaan" (D at T 88:125).

"Ang magkasala'y likas sa tao, ang magpatawad ay banal" (*An Essay on Criticism*, ni Alexander Pope, 2:1711). Walang kapayapaan sa pag-iisip ng sakit ng mga dating sugat. Sa pagsisisi at pagpapatawad lamang magkakaroon ng kapayapaan. Ito ang matamis na kapayapaan ng Cristo, na nagsabing, "Mapapalad ang mga mapagpayapa; sapagka't sila ay tatawaging mga anak ng Dios" (Mateo 5:9).

Mula sa *Ensign* noong Hunyo 1991, mga pahina 2–5.

# Pangangasiwa ng Pananalapi ng Mag-anak

# 8

## Mga Ideya para sa Pagsasagawa

Ayon sa inyong mga sariling pangangailangan at kalagayan, sundin ang isa o pareho sa mga mungkahing ito.

- Gumawa ng isang listahan ng mga bagay na binili ninyo kamakailan lamang. Isulat ang letrang *K* sa tabi ng bawat bagay na kailangan ninyo. Isulat ang letrang *G* sa tabi ng bawat bagay na nais ninyo ngunit hindi kailangan. Gamitin ang listahang ito upang suriin ang inyong mga kinagawian sa paggasta. Kung sobra ang ginagastos ninyo sa mga bagay na hindi kinakailangan, pag-isipan ang mga paraan kung paano mas matalinong magagamit ang inyong pera.
- Kasama ang inyong asawa, gumawa ng badyet para sa darating na panahon—marahil ay isa o dalawang linggo. Pag-isipang gamitin ang halimbawa sa pahina 35 bilang gabay. Magtulungang mamuhay nang ayon sa badyet na inyong itinakda.

## Takdang Babasahin

Pag-aralan ang sumusunod na lathalain. Kung kayo ay may-asawa, basahin at talakayin ang lathalaing ito na kasama ang inyong asawa.

### Pagiging Matatag sa Gitna ng Pagbabago

Pangulong N. Eldon Tanner
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang nais kong ibahagi sa inyo ngayon ay ang aking mga puna tungkol sa matatag at pangunahing alituntunin na, kung susundin, ay magdudulot ng seguridad sa pananalapi at kapayapaan ng isipan sa ilalim ng *anumang* kalagayan ng kabuhayan.

**"Hanapin Muna ang Kaharian ng Diyos"**

Una, nais kong magtayo ng saligan at magtatag ng isang pananaw na paggagamitan ng mga alituntuning ito sa pananalapi.

Isang araw isang apo kong lalaki ang nagsabi sa akin: "Napagmasdan ko kayo at iba pang matatagumpay na lalaki, at napagpasiyahan kong nais kong magtagumpay sa aking buhay. Nais kong kapanayamin ang lahat ng makakapanayam kong taong matagumpay upang malaman kung ano ang dahilan ng kanilang tagumpay. Kaya sa paglingon sa inyong karanasan, Lolo, ano ang pinaniniwalaan ninyong pinakamahalagang sangkap ng tagumpay?"

Sinabi ko sa kanya na ang Panginoon ang nagbigay ng pinakadakilang paraang alam ko upang magtagumpay: "Hanapin muna ang kaniyang [Diyos] kaharian, at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo" (Mateo 6:33).

Ang ilan ay nakikipagtalo na umuunlad sa pananalapi ang ilang tao nang *hindi* inuunang hanapin ang kaharian [ng Diyos]. Totoo ito. Ngunit hindi lang materyal na kayamanan ang ipinangangako sa atin ng Panginoon kung hahanapin muna natin ang kaharian. Hindi ganito ang kaso sa aking sariling karanasan. Sa mga salita ni Henrik Ibsen: "Maaaring salapi ang bunot ng maraming bagay, ngunit hindi ang butil. Nagdudulot ito ng pagkain sa inyo, ngunit hindi ng gana; gamot, ngunit hindi ng kalusugan; mga kakilala, ngunit hindi ng mga kaibigan; mga alipin, ngunit hindi ng katapatan; mga araw ng kagalakan, ngunit hindi ng kapayapaan o kaligayahan" (sa *The Forbes Scrapbook of Thoughts on the Business of Life* [1968], 88).

Bahagi ng ebanghelyo ang mga materyal na pagpapala kung natatamo ang mga ito sa angkop na paraan at para sa tamang layunin. Naaalala ko ang isang karanasan ni Pangulong Hugh B. Brown. Bilang isang batang sundalo sa Unang Digmaang Pandaigdig, dinadalaw niya ang isang matandang kaibigan sa ospital. Napakayaman ng kaibigang ito na sa gulang na walumpu ay malapit nang pumanaw. Wala ni isa sa kanyang diniborsyong asawa o limang anak ang nagmalasakit na dumalaw sa kanya sa ospital. Sa pag-iisip ni Pangulong Brown tungkol sa mga bagay na "nawala [sa kanyang kaibigan] na hindi mabibili ng salapi at napuna ang kanyang kalunus-lunos na kalagayan at tindi ng dalamhati," tinanong niya ang kanyang kaibigan kung paano niya babaguhin ang

takbo ng kanyang buhay kung maibabalik niya ang panahon.

Ang matandang ginoo, na namatay makalipas ang ilang araw, ay nagsabi: " 'Sa paglingon ko sa aking buhay ang pinakamahalaga at mamahaling pag-aaring maaaring inangkin ko ngunit naiwala sa pagkakamal ko ng milyun-miyon, *ay ang simpleng pananampalataya ng aking ina sa Diyos at ang kawalang-kamatayan ng kaluluwa*.

" '. . .Tinanong mo ako kung ano ang pinaka-mamahaling bagay sa buhay. Wala akong mas magandang maisasagot maliban sa mga ginamit ng makata.' " Pinakiusapan niya si Pangulong Brown na kunin ang isang maliit na aklat sa kanyang portpolyo kung saan binasa niya ang isang tulang pinamagatang "Ako'y Banyaga."

Ako'y banyaga sa pananampalatayang itinuro ni Ina,

Ako'y dayuhan sa Diyos na duminig sa kanyang pagluha,

Ako'y banyaga sa ginhawang dulot ng aking pag-kahimlay,

Sa mga bisig na yumakap nang si Ama ay mama-tay.

Iniwan lahat at sumunod sa mundong sa aki'y kumaway,

Di alintana't nabulagan nang dumulas sa Kanya ang aking kamay

Di napansin sa kaliyuhan na hungkag ang katan-yagang mabuway,

Na ang yaman ng ginto ay tinsel, na noon pa'y aking alam.

Ginugol ko buong buhay, paghanap sa mga tinanggihan,

Lumaban ako't sa maraming panalo ay agad ginantimpalaan,

Isusuko kong *lahat*, katanyagan at kayamanan at kasiyahan,

Mabalik lang ang *pananampalataya*ng kay Ina'y nagbigay-kaganapan.

"Iyon ang patotoo ng isang naghihingalong taong ipinanganak sa Simbahan ngunit napalayo rito. Iyon ang hinaing ng sawing puso ng isang nalulungkot na lalaking matatamong lahat ang nabibili ng salapi, ngunit nawalan ng pinakamahahalagang bagay sa buhay upang makapagkamal ng mga bagay sa mundong ito" (*Continuing the Quest* [1961], 32–35; idinagdag ang pagkakahilig ng mga salita).

Sa Aklat ni Mormon, binigyan tayo ng propetang si Jacob ng ilang mahahalagang payo tungkol sa bagay na ito:

"Subalit bago kayo maghanap ng mga kayamanan, hanapin muna ninyo ang kaharian ng Diyos.

"At matapos kayong makatamo ng pag-asa kay Cristo kayo ay makatatamo ng mga kayamanan, *kung inyo itong hahanapin*; at hahanapin ninyo ito para sa hangaring gumawa ng kabutihan—upang damitan ang hubad, at pakainin ang nagugutom, at palayain ang bihag, at bigyang-ginhawa ang may karamdaman, at ang naghihirap" (Jacob 2:18–19; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik).

Ang saligan at pananaw kung gayon ay ang mga ito: Kailangan muna nating hanapin ang kaharian, magtrabaho at magplano at gumasta nang buong katalinuhan, planuhin ang hinaharap, at gamitin ang kayamanang ipinagkaloob sa atin upang tumulong sa pagtatayo ng kahariang iyon. Kapag ginabayan ng walang-hanggang pananaw na ito at ng pagtatayo sa matatag na saligang ito, maaari nating ipagpatuloy nang may pagtitiwala ang ating mga pang-araw-araw na gawain at gawain natin sa buhay, na kailangang maingat na planuhin at buong sipag na pagsumikapan.

Sa balangkas na ito ko nais ipaliwanag ang limang alituntunin ng katatagan sa pananalapi.

### Magbayad ng Tapat na Ikapu

*Katatagan #1: Magbayad ng tapat na ikapu.* Madalas kong isipin kung natatanto natin na hindi kinakatawan ng pagkakaloob ng mga regalo sa Panginoon at sa Simbahan ang pagbabayad ng ating ikapu. Ang pagbabayad ng ikapu ay pagbabayad ng utang sa Panginoon. Ang Panginoon ang pinagmumulan ng lahat ng ating pagpapala, kasama na ang buhay mismo.

Ang pagbabayad ng ikapu ay isang kautusan, isang kautusang may kaakibat na pangako. Kung susundin natin ang kautusang ito, pinangangakuan tayo na tayo ay "sasagana sa lupain." Ang kasaganaang ito ay kinabibilangan ng higit pa sa mga materyal na bagay—maaari itong kabilangan ng pagtatamasa ng mabuting kalusugan at sigla ng isipan. Kinabibilangan ito ng pagkakaisa ng mag-anak at pag-iibayo sa espirituwal. Umaasa ako na kayong mga hindi nagbabayad ng buong ikapu sa ngayon ay maghahangad ng pananampalataya at lakas upang gawin ito. Sa pagsasagawa ninyo ng obligasyong ito sa inyong Lumikha, makasusumpong kayo ng napakalaking kaligayahan, na tanging ang mga tapat lamang sa kautusang ito ang nakaaalam.

### Mamuhay nang Matipid

*Katatagan #2: Mamuhay nang ayon sa inyong kinikita.* Natuklasan ko na walang paraan para kumita kayo nang higit sa inyong ginagastos. Naniniwala ako na hindi ang dami ng salaping

kinikita ng isang tao ang nagdudulot ng kapayapaan ng isipan kundi ang pagkakaroon ng *kontrol* sa kanyang salapi. Maaaring maging masunuring alipin ang salapi ngunit isang malupit na maniningil. Ang mga taong binubuo ang kanilang pamantayan sa pamumuhay upang maglaan ng kaunting sobra, ay nakokontrol ang kanilang mga kalagayan. Ang mga taong gumagasta ng medyo sobra sa kanilang kinikita ay nakokontrol ng kanilang kalagayan. Sila ay alipin. Sinabi minsan ni Pangulong Heber J. Grant na: "Kung mayroong anumang makapagdudulot ng kapayapaan at kasiyahan sa puso ng tao, at sa mag-anak, iyon ay ang mamuhay ng naaayon sa ating makakaya. At kung mayroong anumang nakagagalit at nakasisira ng loob at nakawawala ng gana, ito ay ang pagkakaroon ng mga utang at obligasyong hindi kayang tugunan ng isang tao" (*Gospel Standards,* tinipon ni G. Homer Durham [1941], 111).

Simple lamang ang susi sa pagtitipid ng kinikita natin—ito ay tinatawag na disiplina. Maaga man o huli na, kailangan nating lahat na matutuhang disiplinahin ang ating sarili, ang ating mga hilig, at ang ating mga pagnanasang pangkabuhayan. Pinagpala nang lubos ang taong natututong tipirin ang kanyang kinikita at nagtatabi ng kaunti para sa oras ng pangangailangan.

### Kilalanin ang mga Pangangailangan at ang Gusto Lamang

*Katatagan #3: Matutong kilalanin ang mga pangangailangan at ang gusto lamang.* Ang hilig ng mamimili ay gawa-gawa lamang ng tao. Nagbibigay ng hindi mabilang na mga gamit at serbisyo ang sistema ng ating naglalabanang malayang pakikipagkalakal upang pukawin ang ating pagnanasang gumusto ng dagdag na kaginhawahan at luho. Hindi ko pinipintasan ang sistema o ang madaling pagkuha ng mga gamit at serbisyong ito. Inaalala ko lang ang paggamit ng matinong pagpapasiya ng ating mga tao sa kanilang mga pamimili. Kailangan nating malaman na ang sakripisyo ay mahalagang bahagi ng ating walang hanggang pagdisiplina.

Dito at sa marami pang bansa, maraming magulang at mga anak na isinilang mula noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang nakababatid sa kasaganaan lamang. Marami ang nahirati na sa dagliang kasiyahan. Mayroong sapat na oportunidad sa trabaho para sa lahat na kayang magtrabaho. Ang mga luho ng kahapon para sa marami ay itinuturing na mga pangangailangan sa ngayon.

Makikita ito sa mga batang mag-asawang umaasang punuin ng kasangkapan ang kanilang mga tahanan at dulutan ng mga luho ang kanilang sarili sa *pagsisimula* ng kanilang pagsasamang mag-asawa, na nagawa lamang kamtan ng kanilang mga magulang matapos ang maraming taon ng pagpupunyagi at sakripisyo. Sa pagnanasang magkamit ng sobra-sobra sa isang iglap, nagpapatangay ang mga batang mag-asawa sa madadaling plano ng pangungutang, kaya't nababaon sila sa utang. Hahadlangan sila nito sa pagkakaroon ng sapat na salaping kakailanganin upang gawin ang iminumungkahi ng Simbahan pagdating sa pag-iimbak ng pagkain at iba pang programang pangseguridad.

Ang labis na layaw at maling pangangasiwa ng salapi ay nagdudulot ng mabigat na pasanin sa ugnayan ng mag-asawa. Tila karamihan sa mga sularanin ng mag-asawa ay nag-uugat sa pang-kabuhayan—maaaring kulang ang kinikita upang matugunan ang mga pangangailangan ng mag-anak o di wastong pamamahala sa salaping kinikita.

Isang batang ama ang lumapit sa kanyang obispo para humingi ng payo sa pananalapi at nagsalaysay ng isang walang kamatayang kuwento: "Bishop, isa akong dalubhasang inhinyero, at kumikita ng malaki. Parang tinuruan ako kung paanong kumita sa buong pag-aaral ko, pero walang sinumang nagturo sa akin kung paano humawak ng pera."

Bagama't naniniwala tayong kanais-nais para sa bawat estudyante ang mag-aral ng consumer education, nakasalalay sa mga magulang ang pangunahing pagsasanay. Hindi maaaring ipagwalang-bahala ng mga magulang ang mahalagang pagsasanay na ito o ilipat ang buong responsibilidad sa ating mga eskuwelahan at pamantasang pampubliko.

Dapat maging mahalagang bahagi ng pagsasanay na ito ang pagpapaliwanag tungkol sa utang. Para sa karamihan sa atin mayroong dalawang uri ng utang sa pananalapi—utang ng mamimili at pamumuhunan o utang na pangkalakal. Ang utang ng mamimili ay patungkol sa pamimili ng mga bagay-bagay na ginagamit o kinakain natin sa pang-araw-araw na buhay sa pamamagitan ng utang. Kabilang sa mga halimbawa ang pagbili ng hulugang damit, kasangkapan, muwebles, atbp. Ang utang ng mamimili ay ginagarantiyahan sa pamamagitan ng pagsasangla ng ating kikitain sa hinaharap. Maaaring maging lubhang mapanganib ito. Kung maaalis tayo sa trabaho, magkaroon ng kapansanan, o magkaroon ng malulubhang pangangailangan, mahihirapan tayong tugunan ang ating mga obligasyon. Ang pagbili nang hulugan ay siyang pinakamahal na paraan ng pagbili. Kailangang ipatong sa halaga ng mga gamit na binibili natin ang mabigat na tubo at bayad sa serbisyo.

Natatanto ko na kung minsan ay kailangan ng mga batang mag-anak na mangutang sa pamimili. Ngunit binabalaan namin kayo na huwag bumili nang higit sa talagang kailangan at bayaran kaagad ang inyong mga utang hangga't maaari. Kung kulang ang pera, iwasan ang dagdag na pasanin ng patong na tubo.

Dapat garantiyahan nang lubos ang inutang na puhunan upang hindi manganib ang seguridad ng mag-anak. Huwag isapalaran ang puhunan. Ang diwa ng pakikipagsapalaran ay maaaring makalango. Maraming kayamanan ang naglaho dahil sa di-mapigilang hilig sa pagkakamit ng labis-labis. Matuto tayo mula sa mga hinaing ng kahapon at iwasang mapaalipin ang ating panahon, lakas, at pangkalahatang kalusugan sa isang matakaw na pagkahilig na magkamit ng mas maraming gamit.

Ibinigay ni Pangulong Spencer W. Kimball ang nakapagbibigay-palaisipan na payong ito:

"Pinagpala ng Panginoon ang ating lahi ng kaunlarang hindi mapapantayan sa mga nagdaang panahon. Ang mga yamang inilagay sa ilalim ng ating kapangyarihan ay mabubuti, at kailangan sa ating gawain dito sa lupa. Ngunit ikinalulungkot kong marami sa atin ang nagpakasawa sa mga langkay at kawan at mga lupain at kamalig at kayamanan at nagsimulang sambahin ang mga ito bilang mga diyos-diyosan, at may kapangyarihan sila sa atin. Marami ba tayo ng mabubuting bagay na ito kaysa sa kayang matagalan ng ating pananampalataya? Maraming tao ang gumugugol ng kanilang panahon sa pagpaparangya sa sarili na kinabibilangan ng salapi, mga pautang sa pamahalaan, mga bono, mga puhunan sa negosyo, lupain, mga credit card, mga kasangkapan, mga sasakyan, at mga katulad noon upang *magarantiyahan* ang seguridad na panglaman sa inaasahang mahaba at maligayang buhay. Nalimutan na ang katotohanang takdang gawain natin ang gamitin ang maraming bagay na ito sa ating mga mag-anak at korum upang itayo ang kaharian ng Diyos" ("The False Gods We Worship," *Ensign,* Hunyo 1976, 4).

Bilang patotoo, hayaan ninyong idagdag ko ito sa pangungusap ni Pangulong Kimball. Wala akong alam na kalagayan kung saan nakapagdudulot ng dagdag na kaligayahan at kapayapaan ng isipan ang pagkakamal ng ari-ariang labis-labis sa mga makatwirang kagustuhan at pangangailangan ng mag-anak.

**Magbadyet nang Buong Katalinuhan**

*Katatagan #4: Gumawa ng badyet at mamuhay ayon dito.* Isang kaibigan ko ang may anak na babaing nagtawid-dagat upang mag-aral sa BYU sa loob ng isang semestre. Palagi siyang sumusulat sa kanilang tahanan para manghingi ng pera. Nag-alala siya nang labis kaya tumawag siya nang long-distance at tinanong ang anak tungkol sa pangangailangan para sa karagdagang pondo. Sa isang bahagi ng pag-uusap ay nagpaliwanag ang anak, "Pero Itay, masasabi ko sa inyo kung saan napunta ang bawat sentimong ipinadala ninyo sa akin."

Sumagot siya, "Hindi mo naman makuha ang gusto kong sabihin, e. Gusto kong makakita ng isang badyet—ang plano para sa paggasta—hindi ang talaan ng nagastos."

Marahil ay dapat tumulad ang mga magulang sa ama ng batang lalaki sa kolehiyo na sumulat sa kanila, "Walang pera, walang saya, ang inyong anak." Tumugon ang ama, "Nakakalungkot naman, kawawa ka naman, ang iyong ama."

Napuna ko sa pakikipanayam sa maraming tao sa mga nagdaang taon na sobra ang dami ng mga taong hindi nagbabadyet at walang disiplina sa sarili sa pagsunod sa mga nakasaad dito. Maraming tao ang nag-aakalang ninanakaw ng badyet ang kanilang kalayaan. Sa kabaligtaran, natutuhan ng matatagumpay na tao na tunay silang pinalalaya ng badyet sa obligasyon.

Hindi kailangang maging napakakomplikado at maaksaya sa oras ang pagbabadyet at pamamahala ng pananalapi. May kuwento tungkol sa isang dayuhang ama na itinago ang listahan ng kanyang mga bayarin sa isang kahon ng sapatos, ang listahan ng mga ibabayad sa kanya sa isang kidkiran, at ang kanyang pera sa isang cash register.

"Hindi ko maintindihan kung paano ninyo pinatatakbo ang inyong negosyo sa ganitong paraan," sabi ng kanyang anak. "Paano ninyo nalalaman kung magkano ang kinita ninyo?"

"Anak," sagot ng negosyante, "nang bumaba ako ng barko, pantalon ko lamang ang tanging pag- aari ko. Ngayon ay guro na ng sining ang iyong kapatid na babae, doktor na ang iyong kapatid na lalaki, at ikaw naman ay isang accountant. May kotse ako, isang tahanan, at isang magandang negosyo. Lahat ay bayad na. Kaya sumahin mong lahat ito, ibawas mo ang pantalon, at iyon ang aking kinita."

Itinuturo ng matatalinong tagapayo na may apat na iba't ibang elemento sa anumang mabuting badyet. Dapat magkaroon ng paglalaan *una* para sa pangunahing pang-araw-araw na pangangailangan gaya ng pagkain, pananamit, atbp.; *ikalawa,* para sa pangangailangan sa tahanan; *ikatlo,* para sa mga biglaang pangangailangan gaya ng impok, seguro sa kalusugan at buhay; at *ikaapat,* para sa matalinong pamumuhunan at programa sa pag-iimbak para sa hinaharap.

Nais kong magsalita tungkol sa dalawang elementong ito. Tila walang anumang katiyakan maliban sa hindi inaasahan sa ating buhay. Dahil sa tumataas na presyo ng medisina, ang seguro sa kalusugan lamang ang tanging paraan para matugunan ng mga mag-anak ang malulubhang sakuna, karamdaman, o gastos sa panganganak, lalo na ang para sa panganganak nang wala sa oras. Naglalaan ng patuloy na pagdaloy ng pera ang seguro sa buhay kapag namatay nang di-inaasahan ang nagsusustento. Dapat maglaan ang bawat mag-anak para sa angkop na seguro sa kalusugan at buhay.

Matapos matugunan ang mga pangunahing bagay na ito, dapat tayong laging mag-impok sa pamamagitan ng pagtitipid upang magkapondo para sa pamumuhunan. Napuna ko na ilang tao ang nagtagumpay sa mga pamumuhunan nang hindi muna nakagawian ang palagiang pag-iimpok. Nangangailangan ito ng disiplina at may pagtatanging paghatol. Maraming paraan para makapamuhunan. Ang tanging payo ko lang ay piliin nang buong katalinuhan ang inyong mga tagapayo sa pamumuhunan. Tiyaking nararapat sila sa inyong pagtitiwala sa pamamagitan ng pagpapairal ng matagumpay na talaan ng pamumuhunan.

**Maging Tapat**

*Katatagan #5: Maging tapat sa lahat ng tungkol sa pananalapi.* Ang huwaran ng katapatan ay hindi kailanman mawawala sa uso. Nagagamit ito sa lahat ng ginagawa natin. Bilang mga pinuno at miyembro ng Simbahan, dapat tayong maging halimbawa ng katapatan.

Mga kapatid, sa pamamagitan ng limang alituntuning ito, tinangka kong ipaliwanag ang maaaring ilarawan bilang totoong huwaran ng pamamahala ng pananalapi at ari-arian.

Sana ay makinabang ang bawat isa sa atin sa paggamit ng mga ito. Pinatototohanan ko na totoo ang mga ito at ang Simbahang ito at ang gawaing ginagampanan natin ay totoo.

Mula sa talumpati ni Pangulong Tanner sa pangkalahatang sesyong pangkapakanan sa pangkalahatang komperensiya ng Simbahan noong Oktubre 1979 (tingnan sa Conference Report, Okt. 1979, 117–21; o *Ensign,* Nob. 1979, 80–82).

**Badyet mula** ____________________ **hanggang** ____________________
petsa petsa

| **KITA** | PLANO | AKTUWAL |
|---|---|---|
| Sahod o kinita matapos kaltasin ang buwis | | |
| Iba pang kita | | |
| **Kabuuang Kita** | | |
| **MGA GASTUSIN** | PLANO | AKTUWAL |
| Ikapu | | |
| Iba pang ambag sa Simbahan | | |
| Pangmatagalang ipon | | |
| Ipon para sa biglaang pangangailangan | | |
| Pagkain | | |
| Sangla o upa | | |
| Koryente, Tubig, Gaas, Atbp. | | |
| Sasakyan/ Pamasahe | | |
| Mga bayad sa utang | | |
| Seguro | | |
| Mga gastusin sa gamot | | |
| Damit | | |
| Iba pa | | |
| Iba pa | | |
| Iba pa | | |
| **Kabuuang gastusin** | | |

# Bahagi B
# Mga Pananagutan ng mga Magulang sa Pagpapatatag ng mga Mag-anak



# "Ang mga Anak ay Mana mula sa Panginoon" 9

## Mga Ideya para sa Pagsasagawa

Batay sa sarili ninyong mga pangangailangan at kalagayan, sundin ang isa o kapwa mga mungkahing ito.

- Gumawa ng pangakong gumugol ng oras para sa bawat isa sa inyong mga anak o kasama ang isang anak sa inyong kamag-anakan. Habang nakikipag-usap kayo sa bawat bata, hangaring matuto ng anumang bago tungkol sa kanyang mga kinawiwilihan, pangangailangan, at hamon.
- Mag-ukol ng oras upang makipag-usap sa inyong asawa tungkol sa inyong mga anak. Bigyang-pansin ang mga kalakasan at hamon ng bawat bata. Alamin kung ano ang inyong magagawa upang matugunan ang mga pangangailangan ng bawat bata.

## Takdang Babasahin

Pag-aralan ang sumusunod na lathalain. Kung kayo ay may-asawa, basahin at talakayin ang lathalain kasama ang inyong asawa.

### Mahahalagang Bata, Isang Kaloob mula sa Diyos

Pangulong Thomas S. Monson
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Mula sa aklat ni Mateo nalaman natin na matapos bumaba si Jesus at ang Kanyang mga disipulo mula sa Bundok ng Pagbabagong-anyo (Transfiguration), huminto sila sa Galilea, at pagkatapos ay nagtungo sa Capernaum. Sinabi ng mga disipulo kay Jesus, "Sino ang pinakadakila sa kaharian ng langit?"

(Mateo 18:1–6) "At pinalapit niya sa kaniya ang isang maliit na bata, at inilagay sa gitna nila,

"At sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Malibang kayo'y magsipanumbalik, at maging tulad sa maliliit na bata, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit.

"Sinoman ngang magpakababa na gaya ng maliit na batang ito, ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit.

"At sinomang tumanggap sa isa sa ganitong maliit na bata sa aking pangalan ay ako ang tinanggap.

"Datapuwa't sinomang magbigay ng ikatitisod sa isa sa maliliit na ito na nagsisisampalataya sa akin, ay may pakikinabangan pa siya kung bitinan ang kaniyang leeg ng isang malaking batong gilingan, at siya'y ilubog sa kalaliman ng dagat."[1]

Sa palagay ko ay mahalagang minahal ni Jesus ang mga musmos na ito na kamakailan lamang ay nilisan ang buhay bago ang buhay na ito (preexistence) upang ipanganak sa daigdig. Pinagpapala ng mga bata noon at ng mga bata ngayon ang ating mga buhay, pinag-aalab ang ating pag-ibig, at hinihikayat ang ating mabubuting gawa.

Kataka-taka bang magsalita ang makatang si Wordsworth ng ganito tungkol sa ating pagsilang: "Tayo'y tumahak sa landas ng kaulapan / Mula sa Diyos, na ating tahanan."[2]

Karamihan sa mga musmos na ito ay napupunta sa mga magulang na sabik na naghihintay sa kanilang pagdating, mga ina at amang nagagalak na maging bahagi ng himalang iyon na tinatawag nating pagsilang. Walang sakripisyong napakalaki, walang pasakit na napakatindi, walang paghihintay na napakatagal.

Hindi kataka-takang magulat tayo kapag isang balitang nagmumula sa isang lungsod sa Amerika ang magpapabatid na "isang bagong silang na sanggol na babae na ibinalot na supot na papel at itinapon sa isang basurahan ang mahigpit na binabantayan sa isang ospital. Mabuti ang lagay ng bata. 'Siya ay talagang maganda at malusog na sanggol,' sabi ng tagapagsalita ng ospital noong Miyerkoles. Sinabi ng pulisya na ang sanggol ay natagpuan matapos ilipat ng mga basurero ang laman ng basurahan sa likod ng kanilang trak ng basura at makitang may gumalaw sa mga sukal. Hinahanap ng mga maykapangyarihan ang ina."

Banal na tungkulin natin, mahalagang pribilehiyo natin—at sagradong oportunidad natin—na salubungin sa ating mga tahanan at sa ating mga puso ang mga batang nagpapala sa ating buhay.

May tatlong silid-aralan ng pagkatuto ang ating mga anak na medyo magkakaiba. Tinutukoy ko ang silid-aralan sa paaralan, ang silid-aralan sa simbahan, at ang silid-aralan na tinatawag na tahanan.

**Ang Silid-aralan sa Paaralan**

Lagi nang may mahalagang pagmamalasakit ang simbahan sa edukasyong pampubliko at hinihikayat ang mga miyembro ninyo na lumahok sa mga aktibidad ng magulang-guro at iba pang kaganapang nilayon upang paghusayin ang edukasyon ng ating mga kabataan.

Wala nang ibang mas mahalagang bahagi ng edukasyong pampubliko maliban sa gurong may oportunidad na magmahal, magturo, at magbigay-inspirasyon sa masisiglang batang lalaki at babae at mga kabataang lalaki at babae. Sinabi ni Pangulong David O. McKay: "Ang pagtuturo ang pinakamarangal na propesyon sa mundo. Sa angkop na edukasyon ng mga kabataan nakasalalay ang pananatili at kadalisayan ng tahanan, ang kaligtasan at pamamalagi ng bansa. Binibigyan ng magulang ang anak ng pagkakataong mabuhay; itinutulot ng guro na makapamuhay ang bata nang mahusay."[3] Nagtitiwala akong makikilala natin ang kanilang kahalagahan at mahalagang misyon sa pamamagitan ng paglalaan ng sapat na pasilidad, mga pinakamainam na aklat, at mga suweldong nagpapamalas sa ating pasasalamat at pagtitiwala.

Naaalala ng bawat isa sa atin nang may pagmamahal ang mga guro ng ating kabataan. Nakatutuwang isipin na ang guro ko sa musika sa elementarya ay isang nagngangalang Bb. Sharp. May kakayahan siyang ikintal sa isipan ng kanyang mga estudyante ang pagmamahal sa musika at itinuro sa aming kilalanin ang mga instrumentong musikal at ang mga tunog nito. Tandang-tanda ko pa ang impluwensiya ng isang Bb Ruth Crow na nagturo ng araling pangkalusugan. Bagama't Taghirap (Depression) ang mga panahong ito, tiniyak niya na bawat estudyante sa ika-anim na grado ay may tsart sa kalusugan ng ngipin. Siya mismo ang sumuri sa bawat estudyante para sa kalusugan ng ngipin at tiniyak na sa pamamagitan ng tulong mula sa publiko o sa pribado, walang batang aalis nang walang angkop na pangangalaga sa ngipin. Nang alisin ni Bb. Burkhaus, na nagtur o ng heograpiya, sa pagkakabilot ang mga mapa ng daigdig at, gamit ang kanyang panuro, ay minarkahan ang mga punong-lungsod ng mga bansa at ang mga kakaibang tampok ng bawat bansa, wika, at kultura, hindi ko inasam o pinangarap na balang- araw ay dadalawin ko ang mga lupain at mga taong ito.

A, ang kahalagahan sa buhay ng ating mga anak ng mga gurong nagpapasigla sa kanilang mga kaluluwa, nagpapatalas sa kanilang mga isipan, at naghihikayat sa kanilang sariling buhay!

**Ang Silid-aralan sa Simbahan**

Ang silid-aralan sa Simbahan ay nagdaragdag ng mahalagang paglawak sa edukasyon ng bawat bata at kabataan. Sa lugar na ito ang bawat guro ay makapaglalaan ng isang pag-unlad sa mga makikinig sa kanyang mga aralin at makadarama ng impluwensiya ng kanyang patotoo. Sa Primarya, Panlinggong Paaralan, mga pagpupulong ng Mga Kabataang Babae, at ng mga nasa Pagkasaserdoteng Aaron, maaantig ng mga gurong sapat ang paghahanda, na tinawag sa ilalim ng inspirasyon ng Panginoon, ang bawat bata, bawat kabataan, at mahihikayat ang lahat na "maghanap. . . sa mga pinakamabubuting aklat ng mga salita ng karunungan; maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya."[4] Ang isang panghihikayat dito at isang espirituwal na kaisipan doon ay makaaapekto sa isang mahalagang buhay at mag-iiwan ng di mabuburang tatak sa isang walang-kamatayang kaluluwa.

Maraming taon na ang nakalipas, sa isang salu-salo para sa paggagawad ng gantimpala sa magasin ng Simbahan, naupo kami sa tabi nina Pangulo at Sister Harold B. Lee. Sinabi ni Pangulong Lee sa aming nagdadalagang anak na si Ann: "Biniyayaan ka ng Panginoon ng isang magandang mukha at katawan. Panatilihin mong kasingganda ng labas ang iyong kalooban, at pagpapalain ka ng tunay na kaligayahan." Nag-iwan ang mahusay na gurong ito kay Ann ng isang inspiradong gabay patungon sa kahariang selestiyal ng ating Ama sa Langit.

Ang mapagpakumbaba at inspiradong guro sa silid-aralan ng Simbahan ay makapagkikintal sa kanyang mga estudyante ng pagmamahal para sa mga banal na kasulatan. Tunay na madadala ng guro ang sinaunang Apostol at ang Tagapagligtas ng mundo hindi lamang sa silid-aralan kundi gayundin sa kaibuturan ng ating mga puso, isipan, at kaluluwa ng ating mga anak.

**Ang Silid-aralang Tinatawag na Tahanan**

Marahil ang silid-aralan ng tahanan ang pinakamahalaga sa lahat ng silid-aralan. Sa tahanan natin hinuhubog ang ating mga pag-uugali, ang ating malalalim na paniniwala. Sa tahanan itinataguyod o winawasak ang pag-asa. Ang ating mga tahanan ang laboratoryo ng ating buhay. Anuman ang ginagawa natin doon ay siyang nagtatakda ng landas ng ating buhay paglisan natin

sa tahanan. Isinulat ni Dr. Stuart E. Rosenberg sa kanyang aklat na *The Road to Confidence,* " Sa kabila ng mga bagong tuklas at modernong disenyo, mga uso at anting-anting, wala pang nakatutuklas, o makatutuklas kailanman, ng isang nakasisiyang pamalit sa sariling pamilya ng isang tao."[5]

Ang masayang tahanan ay isa lamang napaagang langit. Itinanong ni Pangulong George Albert Smith: "Nais [ba] nating maging masaya ang ating mga tahanan. Kung gayo'y panatilihin itong lugar ng panalangin, pasasalamat at pagkilala ng utang na loob."[6]

May mga kalagayan kung saan ang mga bata ay dumarating sa buhay na ito na may kapansanan sa katawan o isip. Tangkain man natin, hindi natin malalaman kung bakit o paano nangyayari ang gayong mga kaganapan. Nagpupugay ako sa mga magulang na niyayakap sa kanilang mga bisig at tinatanggap sa kanilang buhay ang gayong mga bata nang walang reklamo at naglalaan ng dagdag na sakripisyo at pagmamahal sa isa sa mga anak ng Ama sa Langit.

Isang tag-init sa Aspen Grove Family Camp, napansin ko ang isang ina na buong pagtitiis na pinakakain ang isang nagdadalagang anak na may kapansanan sa pagsilang pa lamang at lubos na umaasa kay Inay. Isinubo ni Inay ang bawat kutsara ng pagkain, bawat lunok ng tubig, habang pinipigilan ang ulo at leeg ng kanyang anak. Tahimik kong inisip sa aking sarili, *Sa loob ng 17 taon, inilaan ni Inay ang paglilingkod na ito at lahat na sa kanyang anak, na hindi kailanman inisip ang sarili niyang kaginhawahan, sariling kasiyahan, at sariling pagkain.* Pagpalain nawa ng Diyos ang lahat ng gayong ina, gayong ama, at gayong anak. At gagawin Niya ito.

**Ang Kawalang-malay ng mga Bata**

Ang mga magulang saanmang dako ay natatanto na ang pinakamakapangyarihang kombinasyon ng mga damdamin sa mundo ay hindi nanggagaling sa anumang malaking kaganapan sa kalawakan, ni matatagpuan ito sa mga nobela o aklat ng kasaysayan, kundi sa isang magulang lamang na nakamasid sa isang natutulog na anak.

Sa gayon, pumapasok sa isipan ang katotohanan ng mga salita ni Charles M. Dickinson:

*Sa mga puso at sambahayan sila'y mga idolo!*
*Mga anghel ng Diyos na nakabalatkayo;*
*Sikat ng araw nakahimlay sa kanilang tirintas,*
*Kaluwalhatian Niya sa kanilang mata'y nagniningas;*
*Sa tahanan at sa Langit ang mga lakwatsero*
*Ginawa akong higit na mahinahon at maamo;*
*Alam ko na ngayon bakit itinulad ni Jesus*
*Kaharian ng Diyos sa isang musmos.*[7]

Sa ating mga pang-araw-araw na karanasan sa mga bata, natutuklasan nating napakatalas ng kanilang pakiramdam at madalas nagsasabi ng malalalim na katotohanan. Inilarawan ni Charles Dickens, ang awtor ng klasikong *A Christmas Carol*, ang katotohanang ito nang ipaliwanag niya ang mapagpakumbabang mag-anak ni Bob Cratchit na nagtitipun-tipon para sa isang hamak ngunit pinakahihintay na Pamaskong dulang. Pauwi na ang amang si Bob karga sa kanyang balikat ang kanyang mahinang anak na lalaking si Tiny Tim. "May maliit na saklay, at may suportang bakal" si Tiny Tim. Nagtanong ang asawa ni Bob sa kanya, "At kumusta naman ang pag-uugali ni Tim?

" 'Kasimbuti ng ginto,' sabi ni Bob, 'at higit pa. Kahit paano'y nagiging palaisip siya, at laging nakaupong mag-isa, at nag-iisip ng pinakakakaibang bagay na narinig na ninyo. Sinabi niya sa akin, sa pag-uwi, na umaasa siyang makakakita siya ng mga tao sa simbahan, dahil siya ay lumpo, at maaaring maging kasiya-siya sa kanila na alalahanin sa pagsapit ng Araw ng Pasko kung sino ang nagpalakad sa mga pulubing lumpo, at nagbigay-liwanag sa mga mata ng mga bulag.' "[8]

Sinabi ni Charles Dickens mismo na, "Mahal ko ang maliliit na batang ito, at hindi isang maliit na bagay, kapag sila na kagagaling lang sa Diyos ay mahal tayo."

Ipinahahayag ng mga bata ang kanilang pagmamahal sa mga orihinal at makabagong paraan. Noong kaarawan ko noong nakaraang panahon, isang natatanging batang babae ang nagpakita sa akin ng kanyang sulat-kamay na card para sa kaarawan ko at inilakip sa sobre ang isang maliit na laruang kandado na gustung-gusto niya at inakalang masisiyahan akong matanggap ang regalong iyon.

"Sa lahat ng natatanging tanawin sa mundo, walang kasingganda ng isang bata kapag nagbibigay ito ng anuman. Anumang maliit na bagay na ibinibigay nito. Ibinibigay ng isang bata ang buong mundo sa inyo. Binubuksan niya ang mundo sa inyo na parang aklat na hindi pa ninyo nababasa kahit kailan. Ngunit kapag kailangang matagpuan ang isang regalo, lagi itong kakatwang munting bagay, nakadikit nang pabaku-bako, . . .isang anghel na mukhang payaso. Kakaunti lamang ang maaaring ibigay ng isang bata, dahil kailanma'y hindi nito alam na naibigay na niya sa inyo ang lahat-lahat."[9]

Ganoon ang regalo sa akin ni Jenny.

Tila napagkalooban ang mga bata ng tumatagal na pananampalataya sa kanilang Ama sa Langit at sa Kanyang kakayahan at hangaring sagutin ang kanilang matatamis na panalangin. Pansariling

karanasan ko na kapag nanalangin ang isang bata ay nakikinig ang Diyos.

Hayaan ninyong ibahagi ko sa inyo ang karanasan nina Barry Bonnell at Dale Murphy, mga dati'y bantog na propesyonal na manlalaro ng beysbol sa grupo ng Atlanta Braves. Bawat isa ay miyembro ng Simbahan, at si Dale Murphy ay nabinyagan ni Barry Bonnell.

"Isang karanasan ang naganap noong panahon [ng beysbol] ng 1978 na inilarawan ni Barry na "nakapagpapabagong-buhay." Matindi ang kanyang pakikipagtunggali, na pumapalo ng mga .200. Dahil sa kanyang di-magandang pagganap, hinamak niya ang kanyang sarili at nalungkot nang husto. Hindi niya talaga gustong sumama nang pinasasama siya ni Dale Murphy sa ospital, pero sumama rin siya. Doon ay nakakilala niya si Ricky Little, isang matatag na tagatangkilik ng [Atlanta] Braves, ngunit isang kabataang may sakit na leukemia. Madaling mahalata na mamamatay na si Ricky. Nakadama si Barry ng matinding pagnanasang makapagsabi ng anumang makapagpapaginhawa pero parang walang sasapat. Sa wakas, itinanong niya kung mayroon silang magagawa. Nag-alangan ang kabataan, at nang malaunan ay itinanong kung maaaring pumalo ang bawat isa sa kanila ng isang *home run* para sa kanya sa susunod na laro. Sinabi ni Barry [nang malaunan], 'Hindi mahirap para kay Dale ang kahilingang iyan, na sa katunayan ay nakapalo ng dalawang *home run* noong gabing iyon, ngunit nahirapan ako sa platong metal at hindi nakapalo ng kahit isang *home run* buong taon. Pagkatapos ay uminit ang pakiramdam ko at sinabi ko kay Ricky na asahan iyon.' " Nang gabing iyon, pumalo si Barry ng kaisa-isa niyang *home run* ng panahong iyon.[10] Sinagot ang dalangin ng isang bata, natupad ang pangarap ng isang bata.

**Pangangailangan para sa Kaligtasan**

Kung mayroon lang sana ang lahat ng bata ng mapagmahal na mga magulang, ligtas na mga tahanan, at mapagmalasakit na mga kaibigan, gaganda nang husto ang kanilang mundo. Sa kasamaang-palad, hindi lahat ng bata ay pinagpala nang gayon kasagana. Nasasaksihan ng ilang bata ang kanilang mga ama na buong lupit na binubugbog ang kanilang mga ina, habang ang iba naman ay tumatanggap ng gayon ding pang-aabuso. Anong laking karuwagan, anong laking kabuktutan, anong laking kahihiyan!

Tinatanggap ng mga lokal na ospital ang mga batang musmos na ito, pasa-pasa at bugbog, na kaakibat ng harap-harapang mga pagsisinungaling na ang bata ay "humampas sa pintuan" o "nahulog sa hagdan." Ang mga sinungaling, mga buktot na nang-aabuso ng mga bata, balang araw ay aanihin nila ang haplit ng kanilang mga kahayupan. Kailangang matulungan ang tahimik, napinsala, pinagkasalahang batang biktima ng pang-aabuso, at kung minsan ay panggagahasa ng sariling kamag-anak.

Isang hukom ng distrito, sa isang liham sa akin, ang nagpahayag: "Ang pang-aabusong seksuwal sa mga bata ay isa sa pinakabuktot, nakapipinsala, at nakasisirang krimen sa sibilisadong lipunan. May nakakatakot na pagdami ng nakaulat na pisikal, sikolohiyal, at seksuwal na pang-aabuso ng mga bata. Nagiging tambakan ng nakasusuklam na pag-uugaling ito ang ating mga hukuman."

Hindi kinukunsinti ng Simbahan ang gayong karima-rimarim at kasuklam-suklam na gawain. Sa halip, isinusumpa namin nang labis ang gayong pakikitungo sa pinakamamahal na mga anak ng Diyos. Iligtas ang mga bata, pangalagaan, mahalin, at pagalingin. Hayaang iharap sa katarungan ang nagkasala, sa pananagutan, para sa kanyang mga ginawa at tanggapin ang propesyonal na paglingap upang matigil ang gayon kasamaan at kademonyohan. Kapag may napag-alaman tayong gayong gawain at hindi tayo kumilos agad upang pigilin ito, nasasangkot tayo sa problema. Nagiging bahagi tayo ng pagkakasala. Nakikibahagi tayo sa parusa.

Nagtitiwala ako na hindi ako naging marahas sa pagsasalita, ngunit mahal ko ang mga batang musmos na ito at batid ko na mahal din sila ng Panginoon. Wala nang mas nakaaantig na kasaysayan ng pagmamahal na matatagpuan kaysa sa karanasan ni Jesus na binabasbasan ang mga bata na nakalarawan sa 3 Nephi. Isinasalaysay nito ang tungkol sa pagpapagaling ni Jesus sa mga maysakit, pagtuturo sa mga tao, at pagdalangin sa Ama sa Langit para sa kanila. Pero hayaan ninyong banggitin ko ang mahahalagang kataga:

"At kinuha [ni Jesus] ang kanilang maliliit na anak, isa-isa, at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila.

"At nang magawa na niya ito, siya ay muling tumangis;

"At nangusap siya sa maraming tao, at sinabi sa kanila: Masdan ang inyong mga musmos.

"At nang sila ay tumingin upang pagmasdan ay itinuon nila ang kanilang mga paningin sa langit, at kanilang nakitang bumukas ang kalangitan, at nakita nila ang mga anghel na bumababa mula sa langit na parang ito ay nasa gitna ng apoy; . . .at ang mga anghel ay naglingkod sa kanila."[11]

Maitatanong ninyo, *Nangyayari ba ang mga gayong bagay maging sa ngayon?* Hayaan ninyong ibahagi ko sa inyo ang isang magandang kasaysayan ng isang lola at lolo na nagmisyon sa maraming taon na ang nakararaan at ang paraan ng naging

pagpapala ng kanilang musmos na apo. Isinulat ng misyonerong lolo:

"Kami ng aking kabiyak na si Deanna ay naglilingkod ngayon sa isang misyon sa Jackson, Ohio. Isa sa malalaking alalahanin namin nang tanggapin namin ang pagmimisyon ay ang aming mag-anak. Wala kami roon kapag nagkaroon sila ng mga problema.

"Bago kami nagtungo sa aming misyon, ang apo naming si R. J., na dalawa't kalahating taong gulang, ay kinailangang maoperahan upang iwasto ang pagkabanlag ng isang mata niya. Pinakiusapan ako ng kanyang ina na samahan sila dahil tunay na matalik kaming magkaibigan ni R. J. Maganda ang kinalabasan ng operasyon, ngunit talagang umiyak si R. J. bago at matapos ang operasyon dahil walang makasama sa kanya sa loob ng silid-operasyon, at natatakot siya.

"Makalipas ang mga anim na buwan, habang nasa misyon pa kami, kinailangang iwasto ang isa pang mata ni R. J. Tinawagan ako ng kanyang ina at ipinahayag ang kanyang pagnanais na sumama ako sa kanila para sa ikalawang operasyon. Siyempre pa, hindi ko sila nasamahan dahil sa layo at sa misyon. Nag-ayuno kami ni Deanna at nanalangin para paginhawahin ng Panginoon ang aming apo habang inooperahan siya.

"Tumawag kami ilang sandali matapos ang operasyon at nalaman namin na natandaan ni R. J. ang dati niyang karanasan at hindi niya gustong iwanan ang kanyang mga magulang. Ngunit pagpasok na pagpasok niya sa silid-operasyon, tumahimik siya. Humiga siya sa mesang pag-ooperahan, siya na ang naghubad ng kanyang salamin sa mata, at naoperahon nang panatag. Napakalaki ng aming pasasalamat; sinagot ang aming mga dalangin.

"Makalipas ang dalawang araw, tinawagan namin ang aming anak at kinumusta si R. J. Maayos ang kalagayan niya, at ikinuwento niya sa amin ang nangyari: Noong hapon matapos ang operasyon, nagising si R. J. at sinabi sa ina na naroon ang kanyang Lolo habang inooperahan siya. Sabi niya, 'Naroon si Lolo at naayos ang lahat.' Alam ninyo, ginawa ng Panginoon na kamukha ng Lolo ng batang musmos na iyon ang tagaturok ng pampatulog, pero nasa misyon ang kanyang lolo at lola na 1,800 milya ang layo."

Maaaring hindi mo nakatabi sa kama ang iyong Lolo, R. J., pero nasa mga dalangin at isipan ka niya. Idinuyan ka sa kamay ng Panginoon at pinagpala ng Ama nating lahat.

Minamahal na mga kapatid, nawa ay paligayahin ng halakhak ng mga bata ang ating mga puso. Nawa ay payapain ng pananampalataya ng mga bata ang ating mga kaluluwa. Nawa ay udyukan ng pagmamahal ng mga bata ang ating mga gawain. "Pamana ng Panginoon ang mga bata."[12] Nawa ay pagpalain ng ating Ama sa Langit ang mabubuting kaluluwang ito, itong mga natatanging kaibigan ng Guro.

Mula sa *Ensign,* Hunyo 2000, mga pahina 2–5.

MGA TALA

1. Mateo 18:1–6.
2. "Ode: Intimations of Immortality from Recollections of Early Childhood."
3. *Gospel Ideals* (1954), 436.
4. Doktrina at mga Tipan 88:118.
5. *The Road to Confidence* (1959), 121.
6. Sa Conference Report, Abr. 1944, 32.
7. Mula sa *The Children,* sa *Best-Loved Poems of the LDS People* (1996), 21, ni Jack M. Lyon at iba pa, mga patnugot.
8. *A Christmas Carol and Cricket on the Hearth* (walang petsa), 50–51.
9. Margaret Lee Runbeck, *Bits & Pieces,* ika-20 ng Set. 1990.
10. James L. Ison, *Mormons in the Major Leagues* (1991), 21.
11. 3 Nephi 17:21–24.
12. Mga Awit 127:3.

# Ang mga Sagradong Tungkuling Ginagampanan ng mga Ama at Ina

# 10

*Bahagi 1: Mga Tungkulin ng mga Ama*

## Mga Ideya para sa Pagsasagawa

Batay sa sarili ninyong mga pangangailangan at kalagayan, sundin ang isa o kapwa mga mungkahing ito.

- Repasuhin ang mga tungkuling ginagampanan ng mga ama at ina na nakabanghay sa ikapitong talata ng "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" (tingnan sa pahina iv). Mapanalanging alamin kung paano naaangkop ang payo sa inyong tahanan at kung ano ang inyong gagawin upang sundin ito.
- Sumulat ng isang liham sa inyong ama o sa isang lolo.

## Takdang Babasahin

Pag-aralan ang sumusunod na lathalain. Kung kayo ay may-asawa, basahin at talakayin ang lathalaing ito kasama ang inyong asawa.

### Sa mga Ama sa Israel

Pangulong Ezra Taft Benson
Ika-13 Pangulo ng Simbahan

Minamahal kong mga kapatid, nagpapasalamat akong makasama kayo sa maluwalhating pagtitipun-tipong ito ng pagkasaserdote ng Diyos. Idinadalangin ko na mapasaakin at mapasainyo ang Espiritu ng Panginoon sa pagsasalita ko sa inyo tungkol sa isang napakahalagang paksa. Ngayong gabi ay nais kong magsalita sa mga amang nagtitipun-tipon dito at sa buong Simbahan tungkol sa kanilang mga banal na tungkulin.

Sana ay taimtim din kayong makinig na mga kabataang lalaki, dahil naghahanda na kayo ngayon na maging mga ama sa Simbahan sa hinaharap.

**Isang Walang-hanggang Tungkulin**

Mga ama, inyo ang isang walang-hanggang tungkulin na kailanma'y hindi mawawala sa inyo. Ang mga tungkulin sa Simbahan, gaano man kahalaga ang mga ito, ay likas na para lamang sa isang panahon, at dumarating ang oras na matatapos kayo sa pagganap ng tungkuling ito. Ngunit ang tungkulin ng isang ama ay walang hanggan, at ang kahalagahan nito ay lumalampas pa sa panahon. Isa itong tungkulin para sa panahon at sa walang hanggan.

Totoong sinabi ni Pangulong Harold B. Lee na "ang pinakamahalaga sa gawain ng Panginoon na gagampanan ninyo [na mga ama] ay ang gawain ninyo sa loob ng inyong sariling tahanan. Ang pagtuturo ng tahanan, gawain ng obispado, at iba pang tungkulin sa Simbahan ay pawang mahahalaga, ngunit ang pinakamahalagang gawain ay sa loob ng inyong tahanan" (*Strengthening the Home* [polyeto, 1973], 7).

Ano, kung gayon, ang natatanging responsibilidad ng isang ama sa loob ng kanyang banal na tahanan? Nais kong imungkahi ang dalawang pangunahing responsibilidad ng bawat ama sa Israel.

**Maglaan ng mga Materyal na Pangangailangan**

Una, kayo ay may sagradong responsibilidad na maglaan para sa mga materyal na pangangailangan ng inyong mag-anak.

Malinaw na inisa-isa ng Panginoon ang mga tungkulin ng pagtustos at pagpapalaki ng isang matwid na angkan. Sa simula, si Adan, hindi si Eva, ang tinagubilinang maghanap ng kakainin sa pamamagitan ng pawis ng kanyang kilay.

Ipinapayo ni Apostol Pablo sa mga asawang lalaki at ama, "Datapuwa't kung ang sinoman ay hindi nagkakandili sa mga sariling kaniya, lalong lalo na sa kaniyang sariling sangbahayan, ay tumanggi siya sa pananampalataya at lalong masama kay sa hindi sumasampalataya" (1 Kay Timoteo 5:8).

Sa pagsisimula ng kasaysayan ng ipinanumbalik na Simbahan, itinakda ng Panginoon sa mga kalalakihan

ang obligasyon na tustusan ang kanilang mga kabiyak at mag-anak. Noong Enero ng 1832 sinabi Niya, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na bawat lalaki na may tungkulin na maglaan para sa kanyang sariling mag-anak, siya ay maglaan, at hindi mawawala sa kanya ang kanyang putong" (D at T 75:28). Makalipas ang tatlong buwan muling sinabi ng Panginoon, "Ang mga babae ay may karapatan sa kanilang mga asawa para sa kanilang ikabubuhay, hanggang sa ang kanilang mga asawa ay kunin" (D at T 83:2). Ito ang banal na karapatan ng isang kabiyak at ina. Habang inaalagaan niya at inaaruga ang kanyang mga anak sa tahanan, naghahanapbuhay ang kanyang asawa para sa mag-anak, upang makapangyari ang pangangalagang ito.

Sa tahanan kung saan may isang matipunong asawang lalaki, inaasahang siya ang maghahanapbuhay. Kung magkaminsan ay nakakarinig tayo ng mga asawa na, dahil sa kalagayan ng kabuhayan, ay nawawalan ng trabaho at inaasahan ang mga kabiyak na lumabas ng tahanan at magtrabaho, kahit na kaya pa rin ng lalaki na tustusan ang kanyang mag-anak. Sa mga ganitong kaso, hinihimok namin ang mga asawang lalaki na gawin ang lahat ng kanyang makakaya upang pahintulutan ang kanyang kabiyak na manatili sa tahanan para alagaan ang kanyang mga anak habang patuloy niyang itinataguyod ang kanyang mag-anak sa abot ng kanyang makakaya, kahit na ang trabahong nakuha niya ay hindi maganda at kakailanganin pang higpitan ang pagbabadyet ng kanyang mag-anak.

Gayundin, hindi binibigyang-katarungan ng pangangailangan para sa edukasyon o mga materyal na bagay ang pagpapaliban sa pagkakaroon ng mga anak upang manatiling naghahanapbuhay ang kabiyak para sa mag-anak.

### Payo ni Pangulong Kimball

Natatandaan ko ang payo ng ating mahal na propetang si Spencer W. Kimball sa mga may-asawang estudyante. Sinabi niya: "Nasabi ko na sa libu-libong kabataan na kapag nag-asawa sila hindi nila dapat hintaying makatapos sila ng pag-aaral at makamtan ang hangad na kabuhayan bago magkaroon ng anak. . . . Dapat silang magkasamang mamuhay nang normal at hayaang isilang ang mga anak. . . .

"Wala akong alam na anumang mga banal na kasulatan," patuloy ni Pangulong Kimball, "na nagbibigay ng karapatan sa mga batang babaing may-asawa na pigilan ang kanilang panganganak at magtrabaho upang suportahan ang kanilang mga asawang lalaki sa pag-aaral. Libu-libong mga asawang lalaki ang nakapagtapos ng pag-aaral sa sarili nilang kayod kasabay ng pagpapalaki ng pamilya" ("Marriage Is Honorable," in *Speeches of the Year, 1973* [1974], 263).

### Ang Tungkuling Ginagampanan ng Isang Ina sa Tahanan

Mga kapatid sa pagkasaserdote, patuloy kong binibigyang-diin ang kahalagahan ng pananatili ng mga ina sa tahanan upang arugain, alagaan, at hubugin ang kanilang mga anak sa mga alituntunin ng kabutihan.

Sa aking paglalakbay sa buong Simbahan, nadarama ko na ang malaking bahagi ng mga inang Banal sa mga Huling Araw ay taimtim na nagnanais na sundin ang payong ito. Subalit alam natin na kung minsan ay nagtatrabaho ang ina sa labas ng tahanan sa paghihikayat, o maging sa pamimilit, ng kanyang asawa. Siya ang tunay na nagnanais ng mga bagay na makagiginhawa na mabibili ng dagdag na kita. Hindi lamang magdurusa ang mag-anak sa gayong mga pagkakataon, mga kapatid, kundi mahahadlangan ang inyong sariling espirituwal na pag-unlad at pagsulong. Sinasabi ko sa inyong lahat, iniatas ng Panginoon sa mga lalaki ang responsibilidad na tustusan ang kanilang mag-anak nang sa gayon ay matupad ng asawang babae ang kanyang tungkuling ginagampanan bilang ina sa tahanan.

### Mas Kailangan Ngayon ang Kahandaan ng Mag-anak

Mga ama, isa pang mahalagang bahagi ng paglalaan para sa mga materyal na pangangailangan ng inyong mag-anak ay ang paglalaang dapat ninyong gawin para sa inyong mag-anak sa oras ng biglaang pangangailangan. Ang kahandaan ng mag-anak ay isang matagal nang naitatag na alituntuning pangkapakanan. Mas kailangan ito ngayon.

Taimtim kong itinatanong sa inyo, naglaan na ba kayo para sa inyong mag-anak ng pagkain, pananamit, at, hangga't maaari, panggatong na aabot nang isang taon? Ang paghahayag na magtanim at mag-imbak ng pagkain ay maaaring kasinghalaga ng pagsakay sa arko ng mga tao noong panahon ni Noe para sa ating temporal na kapakanan ngayon.

Gayundin, namumuhay ba kayo nang naaayon sa inyong kinikita at nagtatabi nang kaunti?

Tapat ba kayo sa Panginoon sa pagbabayad ng inyong mga ikapu? Magdudulot ng kapwa espirituwal at materyal na mga pagpapala ang pamumuhay ng banal na batas na ito.

Opo, mga kapatid na lalaki, bilang mga ama sa Israel malaki ang responsibilidad ninyo na tustusan ang mga materyal na pangangailangan ng inyong mag-anak at magkaroon ng mga kinakailangan sa oras ng biglaang pangangailangan.

**Maglaan ng Espirituwal na Pamumuno**

Ikalawa, may banal na responsibilidad kayong gampanan ang espirituwal na pamumuno sa inyong mag-anak.

Sa polyetong inilathala ng Kapulungan ng Labindalawa ilang taon na ang nakararaan, isinaad namin ang mga sumusunod: "Ang pagiging ama ay pamumuno, ang pinakamahalagang uri ng pamumuno. Noon pa'y gayon na ito; gayon ito magpakailanman. Ama, taglay ang pag-alalay at payo at panghihikayat ng inyong walang hanggang katuwang, kayo ang namumuno sa tahanan" (*Father, Consider Your Ways* [polyeto, 1973], 4–5).

Gayunpaman, kaakibat ng katungkulan sa pamumunong iyon ang mahahalagang obligasyon. Kung minsan ay nakaririnig tayo ng mga kuwento tungkol sa mga lalaki, maging sa Simbahan, na ipinalalagay na kahit paano ang pagiging ulo ng tahanan ay naglalagay sa kanila sa mas mataas na katungkulan at nagpapahintulot sa kanila na magdikta at mag-utos sa kanilang mag-anak.

Itinuro ni Apostol Pablo na "ang lalake ay pangulo ng kaniyang asawa, *gaya* naman ni Cristo na pangulo ng iglesia" (Mga Taga Efeso 5:23; idinagdag ang pagkakahilig ng mga salita). Iyan ang huwarang dapat nating sundin sa ating katungkulang mamuno sa tahanan. Hindi natin nakikita ang Tagapagligtas na namumuno sa Simbahan nang may karahasan o kalupitan. Hindi natin nakikita ang Tagapagligtas na pinakikitunguhan ang Kanyang Simbahan nang walang paggalang o may pagpapabaya. Hindi natin nakikita ang Tagapagligtas na gumagamit ng pamumuwersa o pamimilit para isakatuparan ang Kanyang mga layunin. Saanman ay hindi natin nakikita ang Tagapagligtas na gumagawa ng anuman kung hindi yaong nagpapabanal, nagpapabuti, nagpapaginhawa, at nagpapadakila sa Simbahan. Mga kapatid na lalaki, sinasabi ko sa inyo nang buong kahinahunan, na Siya ang huwarang kailangan nating sundin sa espirituwal na pamumuno natin sa ating mga mag-anak.

Totoo ito lalung-lalo na sa inyong pakikipag-ugnayan sa inyong asawa.

**Mahalin ang Inyong Asawa**

Muli ang payo mula kay Apostol Pablo ay napakaganda at tuwiran. Simple niyang sinabi, "Mga lalake, ibigin ninyo ang inyo-inyong asawa, gaya naman ni Cristo na umibig sa iglesia" (Mga Taga Efeso 5:25).

Sa paghahayag sa mga huling araw muling nangungusap ang Panginoon tungkol sa obligasyong ito. Sinabi niya, "Inyong mahalin ang inyong asawa nang buo ninyong puso, at pumisan sa kanya at wala nang iba" (D at T 42:22). Batay sa aking kaalaman ay may isa pang binanggit sa buong banal na kasulatan kung saan inuutusan tayong mahalin nang buong puso, at iyon ay ang Diyos Mismo. Isipin ninyo ang kahulugan noon!

Ang uri ng pagmamahal na ito ay maipakikita sa inyong mga asawa sa maraming paraan. Una sa lahat, walang iba maliban sa Diyos Mismo ang nangingibabaw sa inyong asawa sa inyong buhay—hindi trabaho, hindi pag-aaliw, hindi mga libangan. Ang inyong asawa ang inyong napakahalagang walang-hanggang katuwang—ang inyong kasama.

Ano ang kahulugan ng mahalin ang isang tao nang buong puso? Nangangahulugan ito na magmahal nang buo ninyong damdamin at buo ninyong katapatan. Tiyak na kapag minamahal ninyo ang inyong asawa nang buong puso, hindi ninyo siya makakayanang hamakin, pintasan, hanapan ng kamalian, o abusuhin sa pamamagitan ng salita, pagalit na asal, o kilos.

Ano ang kahulugan ng "pumisan sa kanya"? Nangangahulugan ito na manatiling malapit sa kanya, matapat at nananalig sa kanya, nakikipag-usap sa kanya, at ipinahahayag ang inyong pagmamahal sa kanya.

Ang ibig sabihin ng pagmamahal ay pagiging matalas ang pakiramdam sa kanyang damdamin at mga pangangailangan. Nais niyang mapansin at mapahalagahan. Nais niyang masabihan na nagagandahan kayo at naaakit sa kanya at mahalaga siya sa inyo. Ang pagmamahal ay nangangahuluhan ng pagbibigay ng mataas na priyoridad sa kanyang kapakanan at pagpapahalaga sa kanya sa inyong buhay.

Dapat kayong magpasalamat na siya ay ina ng inyong mga anak at reyna ng inyong tahanan, magpasalamat na pinili niyang manatili sa tahanan at maging ina—upang dalhin, pakainin, mahalin, at turuan ang inyong mga anak—bilang pinakamarangal na tungkulin sa lahat.

Mga asawang lalaki, kilalanin ang talino at kakayahang magpayo sa inyo ng inyong asawa bilang tunay na katuwang hinggil sa mga plano ng mag-anak, mga aktibidad ng mag-anak, at pagbabadyet ng mag-anak. Huwag tipirin ang inyong oras o salapi.

Bigyan siya ng pagkakataong umunlad ang kanyang kaisipan, damdamin, at pakikihalubilo at gayundin ang espirituwalidad.

Tandaan, mga kapatid na lalaki, maaaring pangalagaan at palaguin ang pagmamahal sa

pamamagitan ng maliliit na alaala. Maganda ang mga bulaklak sa mga natatanging okasyon, ngunit gayundin ang inyong pagkukusang tumulong sa paghuhugas ng mga pinggan, pagpapalit ng mga lampin, pag-aaruga sa umiiyak na anak sa gabi, at pag-iwan sa telebisyon o diyaryo upang tumulong sa paghahanda ng pagkain. Gayon ang mga tahimik na pamamaraan ng pagsasabi sa pamamagitan ng kilos ng "Mahal kita." Naghahatid ito ng malalaking pakinabang para sa kakatiting na pagsisikap.

Ang ganitong uri ng mapagmahal na pamumuno ng pagkasaserdote ay kapwa angkop sa inyong mga anak at gayundin sa inyong asawa.

### Ang Tungkuling Ginagampanan ng Ama sa Tahanan

Gumaganap ng mahalagang tungkulin ang mga ina bilang puso [sentro] ng tahanan, subalit hindi nito binabawasan sa anumang paraan ang tungkulin na kasing-halaga nito na dapat gampanan ng mga ama, bilang ulo ng tahanan, sa pangangalaga, pagtuturo, at pagmamahal sa kanilang mga anak.

Bilang patriyarka ng inyong tahanan, may mabigat na responsibilidad kayong tanggapin ang pamumuno sa pakikipagtulungan sa inyong mga anak. Kailangan kayong tumulong sa paglikha ng isang tahanan kung saan makapananatili ang Espiritu ng Panginoon. Tungkulin ninyong magbigay ng direksyon sa buong pamumuhay ng mag-anak. Dapat kayong aktibong makilahok sa pagtatatag ng mga patakaran at disiplina sa mag-anak.

Dapat maging mga lugar ng kapayapaan at kagalakan para sa inyong mag-anak ang inyong mga tahanan. Hindi dapat katakutan ng sinumang bata ang sarili niyang ama—lalung-lalo na ang isang amang maytaglay ng pagkasaserdote. Ang tungkulin ng ama ay gawing lugar ng kaligayahan at kagalakan ang kanyang tahanan. Hindi niya ito magagawa kung may pagtataltalan, pag-aawayan, pagtatalo, o di-makatwirang pag-uugali. Ang mabisang epekto ng mabubuting ama sa pagpapakita ng halimbawa, pagdidisiplina at pagtuturo, pangangalaga at pagmamahal ay mahalaga sa espirituwal na kapakanan ng kanyang mga anak.

### Magbigay ng Espirituwal na Pamumuno

Taglay ang pagmamahal sa aking puso para sa mga ama sa Israel, hayaan ninyong imungkahi ko ang sampung natatanging paraan kung saan ay makapagbibigay ng espirituwal na pamumuno ang mga ama sa kanilang mga anak:

1. Magbigay ng pagbabasbas ng ama sa inyong mga anak. Binyagan at pagtibayin ang inyong mga anak. Ordenan ang inyong mga anak na lalaki sa pagkasaserdote. Ito ang mga magiging espirituwal na karanasan sa buhay ng inyong mga anak.

2. Personal na pangasiwaan ang pang-araw-araw na ng panalangin mag-anak, pang-araw-araw na pagbabasa ng banal na kasulatan, at mga lingguhang gabing pantahanan ng mag-anak. Ang personal ninyong pakikilahok ay magpapakita sa inyong mga anak kung gaano kahalaga ang mga gawaing ito.

3. Hangga't maaari, magkakasamang dumalo bilang isang mag-anak sa mga pulong sa Simbahan. Ang pagsamba ng mag-anak sa ilalim ng inyong pamumuno ay mahalaga sa espirituwal na kapakanan ng inyong mga anak.

4. Mamasyal nang kayo lamang dalawa ng inyong mga anak na babae o anak na lalaki. Bilang mag-anak, magkamping at magpiknik, manood ng palaro at mga pagtatanghal, damalo sa mga programa sa paaralan, at iba pa. Malaking kaibahan ang makapiling si Itay.

5. Bumuo ng mga nakagawiang pagbabakasyon at paglalakbay at pamamasyal ng mag-anak. Ang mga alaalang ito ay hindi kailanman malilimutan ng inyong mga anak.

6. Isa-isang kausapin ang inyong mga anak. Hayaan ninyong magsalita sila ng gusto nila. Turuan sila ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Turuan sila ng mga bagay na tunay na mahalaga. Sabihin ninyong mahal ninyo sila. Ang paggugol ng personal na panahon kasama ang inyong mga anak ay nagpapahiwatig sa kanila kung sino o ano ang pinahahalagahan ni Itay.

7. Turuang magtrabaho ang inyong mga anak, at ipakita sa kanila ang kahalagahan ng pagsisikap tungo sa isang makabuluhang adhikain. Ang pagsisimula ng pondo para sa misyon at pag-aaral ng inyong mga anak ay nagpapamalas sa kanila kung ano ang itinuturing ni Itay na mahalaga.

8. Maghikayat ng mabuting musika at sining at literatura sa inyong mga tahanan. Ang mga tahanang may diwa ng kapinuhan at kagandahan ay magpapala sa buhay ng inyong mga anak magpakailanman.

9. Kung malapit sa inyo ang templo dumalo ng palagian kasama ang inyong kabiyak. Sa gayo'y higit na mauunawaan ng inyong mga anak ang kahalagahan ng kasal at mga sumpaan sa templo at ang walang hanggang yunit ng mag-anak.

10. Ipakita sa inyong mga anak ang inyong kagalakan at kasiyahan sa paglilingkod sa Simbahan. Makakahawa ito sa kanila, kaya't nanaisin nila mismong makapaglingkod sa Simbahan at mamahalin ang kaharian.

**Ang Inyong Pinakamahalagang Tungkulin**

Mga asawa at ama sa Israel, malaki ang inyong magagawa para sa kaligtasan at kadakilaan ng inyong mga mag-anak! Napakahalaga ng inyong mga responsibilidad.

Tandaan ang inyong banal na tungkulin bilang isang ama sa Israel—ang inyong pinakamahalagang tungkulin sa panahon at sa walang hanggan—isang tungkuling hindi ninyo kailanman maaalpasan.

Nawa ay palagi ninyong matustusan ang mga materyal na pangangailangan ng inyong mag-anak at, kasama sa inyong tabi ang inyong walang hanggang katuwang, nawa ay maisakatuparan ninyo ang inyong banal na responsibilidad na maglaan ng espirituwal na pamumuno sa inyong tahanan.

Mula sa talumpati ni Pangulong Benson sa sesyon sa pagkasaserdote sa pangkalahatang komperensiya ng Simbahan noong Oktubre 1987 (tingnan sa Conference Report, Okt. 1987, 59–63; o *Ensign,* Nob. 1987, 48–51).

# Ang mga Sagradong Tungkuling Ginagampanan ng mga Ama at Ina

# 11

*Bahagi 2: Mga Tungkulin ng mga Ina*

## Mga Ideya para sa Pagsasagawa

Batay sa sarili ninyong mga pangangailangan at kalagayan, sundin ang isa o kapwa mga mungkahing ito.

- Sa pagpapahayag ng mag-anak, pinayuhan tayo na "ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan" (tingnan sa pahina iv sa gabay sa pag-aaral na ito). Kasama ang inyong asawa, repasuhin ang 10 mungkahi ni Pangulong Ezra Taft Benson para sa mga ama, sa mga pahina 47 ng gabay sa pag-aaral na ito, at 10 mungkahi niya para sa mga ina, sa mga pahina 52–54. Talakayin ang mga paraan kung paano ninyo matutulungan at masusuportahan ang isa't isa sa mga responsibilidad na ito.
- Sumulat ng isang liham sa inyong ina o sa isang lola.

## Takdang Babasahin

Pag-aralan ang sumusunod na lathalain. Kung kayo ay may-asawa, basahin at talakayin ang lathalaing ito kasama ang inyong asawa.

### "Dahil Siya ay Isang Ina"

Elder Jeffrey R. Holland
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

**Papuri para sa mga Ina**

May ilang linyang isinulat si Victor Hugo na nagsasaad:

"Hinati niya sa dalawa ang tinapay at ibinigay ang mga ito sa kanyang mga anak, na kumain nang buong kasabikan. 'Hindi siya nagtira para sa kanyang sarili,' bulong ng sarhento.

" 'Dahil hindi siya gutom,' sabi ng isang sundalo.

" 'Hindi,' sabi ng sarhento, 'dahil siya ay isang ina.' "

Sa taon kung kailan ipinagdiriwang natin ang pananampalataya at kagitingan ng mga nagpakahirap maglakbay patawid ng Iowa, Nebraska, at Wyoming, nais kong papurihan ang mga makabagong katumbas ng tagabunsod na mga inang binantayan, ipinanalangin, at madalas ay inilibing ang kanilang mga sanggol sa mahabang landas na nilakbay nila. Sa mga kababaihang abot ng aking tinig na marubdob na nagnanais maging ina at hindi magawa ito, sinasabi ko sa kabila ng inyong mga luha at ng sa amin tungkol sa paksang iyan, maghahatid pa ang Diyos, sa mga araw na darating, ng "pag-asa sa [yaong] pusong nalulumbay."[1] Gaya ng paulit-ulit na itinuro ng mga propeta sa pulpitong ito, sa huling sandali ay "walang pagpapalang ipagkakait" sa mga nananalig, kahit na hindi kaagad dumating ang mga pagpapalang iyon.[2] Samantala ay nagagalak tayo na ang tungkuling mangalaga ay hindi limitado sa ating sariling laman at dugo.

Sa pagsasalita tungkol sa mga ina hindi ko nalilimutan ang kailangan at mahalagang tungkulin ng mga ama, lalung-lalo na dahil sa ang kawalan ng ama sa mga makabagong tahanan ay itinuturing ng iba na siyang "pinakasentrong problema ng lipunan sa ating panahon."[3] Tunay na ang kawalan ng ama ay maaaring maging problema maging sa isang tahanang naroroon ang ama—kumakain at natutulog, sa madaling sabi, "hindi nakikihalubilo." Ngunit iyon ang mensahe ng pagkasaserdote para sa ibang araw. Ngayon ay nais kong purihin ang mga kamay ng inang nag-ugoy sa duyan ng sanggol at, sa pamamagitan ng kabutihang itinuro sa kanilang mga anak doon, ay siyang pinakasentro ng mga layunin ng Panginoon para sa atin sa buhay na ito.

Sa gayon ay inuulit ko ang sinabi ni Pablo, na sumulat ng papuri sa "pananampalatayang hindi pakunwari. . ., na namalagi muna," ang sabi niya, "kay Loida na inyong ina na iyong lelang, at [kay] Eunice na iyong ina."[4] "Mula [noong sanggol ka]," sabi ni Pablo, "ay iyong nalalaman ang mga banal na kasulatan."[5] Nagpapasalamat kami para sa lahat ng ina at lola na pinagmulan ng gayong mga katotohanang natutuhan sa gayon kamurang gulang.

**Mga Sakripisyong Ginawa ng mga Batang Ina**

Sa pagsasalita tungkol sa mga ina sa pangkalahatan, labis kong ninanais na purihin at hikayatin ang mga *batang* ina. Mahirap ang gawain ng isang ina, kadalasan ay di-napasasalamatang gawain. Ang mga unang taon ay kadalasang kapag ang asawa o kabiyak—o pareho sila—ay kapwa nag-aaral pa o nasa maaga at mahirap na katayuan ng pagpapaunlad ng kakayahang maghanapbuhay ng lalaki. Pabagu-bago ang pananalapi araw-araw sa pagitan ng kakaunti at walang-wala. Kadalasan ay napapalamutian ang inuupahang tirahan ng isa o dalawang kaakit-akit na disenyo—mula sa tindahan ng mga lumang gamit na Deseret Industries o ang sinaunang kasangkapan. Ang kotse, kung mayroon man, ay kalbo na ang gulong at walang laman ang tangke. Ngunit sa mga pagpapasuso sa gabi at pagtubo ng ngipin, kadalasan ay pagod ang pinakamalaking hamon sa lahat ng batang ina. Sa mga taong ito, nabubuhay ang mga ina sa kakaunting tulog at higit na pagbibigay sa iba na may kakaunting personal na kapahingahan sa kanilang sarili kaysa sa ibang pangkat na alam ko sa anumang ibang panahon sa buhay. Hindi nakakagulat kapag ang mga kulaba sa ilalim ng kanilang mga mata kung minsan ay medyo nagiging ubod ng laki.

Ang nakakatuwa pa nito ay siya ang babaing madalas nating tawagin—o kailangang tawagin—upang maglingkod sa mga pantulong na samahan sa purok at istaka. Madaling unawain iyan. Sino ang aayaw sa huwarang impluwensiya ng mga batang magiging Loida at Eunice? Maging matalino nga kayo. Tandaan na ang mga mag-anak ang pinakamataas na priyoridad sa lahat, lalung-lalo na sa mga taon ng paghuhubog. Magkagayon man, nakahahanap pa rin ang mga batang ina ng mga dakilang paraan upang maglingkod nang tapat sa Simbahan, kahit na ang iba ay naglilingkod at nagpapalakas sa kanila at sa kanilang mga mag-anak sa gayon ding paraan.

Gawin ninyo ang inyong makakaya sa mga panahong ito, ngunit anuman ang ibang ginagawa ninyo, pahalagahan ang tungkuling iyon na tanging inyo lamang at siyang pinadadalhan ng langit ng mga anghel upang magbantay sa inyo at sa inyong mga musmos. Mga asawang lalaki—lalung-lalo na ang mga asawang lalaki—gayundin ang mga pinuno ng Simbahan at mga kaibigan sa lahat ng dako, maging matulungin at matalas ang pakiramdam at matalino. Tandaan, "Sa bawa't bagay ay may kapanahunan, at panahon sa bawa't panukala sa silong ng langit."[6]

Mga ina, kinikilala namin at pinahahalagahan ang inyong pananampalataya sa bawat hakbang. Alamin sana ninyo na makabuluhan ito noon, ngayon, at magpakailanman. At kung, sa anumang dahilan, buong tapang ninyo itong pinagsusumikapan nang mag-isa, nang wala ang inyong asawa sa inyong tabi, kung gayon ay mas pag-iibayuhin namin ang aming mga dalangin para sa inyo, at ang aming determinasyong tumulong ay mas magiging tiyak.

**Ginagawa ng mga Ina ang Gawain ng Diyos**

Isinulat sa akin kamakailan ng isang batang ina na nakatuon sa tatlong bagay ang bumabalisa sa kanya. Una ay sa tuwing makaririnig siya ng mga talumpati tungkol sa pagiging inang Banal sa mga Huling Araw, nag-aalala siya dahil dama niyang hindi siya nakatutugon dito o kahit paano ay hindi niya magampanan ang tungkulin. Pangalawa, nadama niyang tila inaasahan ng mundo na turuan niya ang kanyang mga anak ng pagbasa, pagsulat, disenyo, Latin, calculus, at Internet—lahat ng ito bago pa man makapagsalita ang sanggol ng anumang karaniwan, tulad ng 'goo goo.' Pangatlo, madalas niyang madamang kung minsan ay hinahanapan siya ng mga tao, na halos kadalasa'y hindi naman talagang sinasadya, dahil ang payong naririnig niya o maging ang mga papuring natatanggap niya ay tila walang kaugnayan sa pangkaisipang puhunan, sa espirituwal at emosyonal na pagod, sa mahabang gabi, sa mahabang araw, sagad-sagarang mga gawaing kung magkaminsa'y kinakailangan sa pagsisikap at pagnanais na maging ang uri ng inang inaasahan ng Diyos sa kanya.

"Ngunit isang bagay, sabi niya, ang naghihikayat sa kanyang magpatuloy: 'Sa hirap at ginhawa nito, at sa paminsan-minsang pagluha sa lahat ng ito, *alam ko sa kaibuturan ng aking puso na ginagawa ko ang gawain ng Panginoon*. Alam kong sa aking pagiging ina ako ay nasa walang hanggang pakikisama sa Kanya. Labis akong naaantig na malaman na natatagpuan ng Diyos ang pinakatampok Niyang layunin at kabuluhan sa pagiging isang magulang, kahit na pinaluluha Siya ng ilan sa Kanyang mga anak.

"Sa pagkaunawang ito ay sinisikap ko," wika niya, "na gunitain ang hindi maikakailang mahihirap na panahong iyon kung kailan tila nakakapagod ang lahat ng ito. Marahil ay mismong ang kawalang-kakayahan at pagkabalisa ang nag-uudyok sa atin upang lapitan Siya at nagpapahusay sa Kanyang kakayahang tulungan Tayo. Marahil ay lihim Siyang umaasa na *magiging* balisa tayo,' sabi niya, 'at *gagawin* nating magsumamo para tulungan Niya tayo. Kung gayon ay naniniwala ako na tahasan Niyang matuturuan ang mga batang ito, sa pamamagitan natin, nang walang pagtutol. Gusto ko ang ideyang iyon,' pagtatapos niya. 'Binibigyan ako nito ng pag-asa. Kung magiging tama ako sa harapan ng aking Ama sa Langit, marahil ay walang hahadlang sa paggabay Niya sa ating mga anak. Marahil kung magkagayo'y magiging gawain *Niya* at kaluwalhatian *Niya* ito sa totoong diwa."[7]

**Tatawagin Kayong Pinagpala ng Inyong mga Anak**

Sa gayong uri ng pahayag, maliwanag na ang ilan sa mga kulabang iyon na nagiging napakalaki ay nanggagaling hindi lamang sa mga lampin at carpooling kundi nagmumula sa mga gabing walang-tulog na ginugol sa pagsasaliksik sa kaluluwa, na marubdob na naghahangad ng kakayahang mapalaki ang mga batang ito upang maging katulad ng ninanais ng Diyos sa kanila. Dahil naantig ako sa uri ng katapatan at determinasyong iyon, hayaan ninyong sabihin ko sa lahat ng ina, sa ngalan ng Panginoon, na napakadakila ninyo. Napakagaling ninyong magtrabaho. Ang katotohanang kayo ay nabigyan ng gayong responsibilidad ay walang katapusan katibayan ng pagtitiwala sa inyo ng inyong Ama sa Langit. Batid Niya na ang pagsisilang ninyo sa isang bata ay hindi kaagad magtutulak sa inyo sa gitna ng pinakamarurunong. Kung kayo ng inyong asawa ay magpupunyaging mahalin ang Diyos at ipamumuhay ninyo mismo ang ebanghelyo; kung magsusumamo kayo para sa patnubay at aliw ng Espiritu Santo na ipinangako sa matatapat; kung magtutungo kayo sa templo upang kapwa gumawa at umangkin ng mga pangako ng mga napakabanal na tipan na ginawa ng babae at lalaki sa daigdig na ito; kung ipakikita ninyo sa iba, kabilang na ang inyong mga anak, ang katulad na mapagmalasakit, mahabagin, mapagpatawad na pusong nais ninyong ipakita ng langit sa inyo; kung sisikapin ninyo ang inyong makakaya upang maging pinakamagaling na magulang, nagawa na ninyo ang lahat ng magagawa ng isang taong nilikha at lahat ng inaasahan ng Diyos na gagawin ninyo.

Kung minsan ang pagpapasiya ng isang anak o isang apo ay wawasak sa inyong puso. Kung minsan ang mga inaasahan ay hindi kaagad matutugunan. Bawat ina at ama ay nag-aalala tungkol diyan. Maging ang minamahal at matagumpay na magulang na si Pangulong Joseph F. Smith ay nagsumamo, "O! Diyos, huwag mong hayaang mawala ang aking sariling anak."[8] Iyan ang hinaing ng bawat magulang, at nakapaloob doon ang isang bagay na kanilang kinatatakutan. Ngunit walang sinumang nabigo na patuloy na nagsusumikap at patuloy na nananalangin. Nasa inyo ang bawat karapatang makatanggap ng panghihikayat at malaman sa wakas na tatawagin kayong pinagpala ng inyong mga anak, tulad ng mga henerasyon ng mga sinaunang ina bago pa tayo ipinanganak na umasa sa katulad ng inyong mga inasam at nadama ang katulad ng inyong mga kinatatakutan.

Sumasainyo ang dakilang tradisyon ni Eva, ang ina ng buong sangkatauhan, ang siyang nakaunawa na sila ni Adan ay *kinailangang* mahulog upang "ang mga lalaki [at mga babae] ay maging gayon"[9] at upang magkaroon ng kagalakan. Sumasainyo ang dakilang tradisyon nina Sara at Rebeka at Raquel, at kung hindi sa kanila ay wala ang mga dakilang pangakong patriyarkal kina Abraham, Isaac, at Jacob na nagpapala sa ating lahat. Sumasainyo ang dakilang tradisyon nina Loida at Eunice at ng mga ina ng 2,000 binatilyong mandirigma. Sumasainyo ang dakilang tradisyon ni Maria, na pinili at hinirang bago pa man nilikha ang mundong ito, upang ipaglihi, ipagdalantao, at isilang ang Mismong Anak ng Diyos. Nagpapasalamat kami sa inyong lahat, kabilang na ang aming sariling mga ina, at sinasabi namin sa inyo na wala nang higit na mahalaga sa mundong ito kaysa sa tahasang pakikilahok sa gawain at kaluwalhatian ng Diyos, sa pagsasakatuparan ng mortalidad at buhay sa lupa ng Kanyang mga anak na babae at lalaki, upang ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ay makarating doon sa mga kahariang selestiyal sa kaitaasan.

**Umasa sa Tagapagligtas Magpakailanman**

Kapag lumapit kayo sa Panginoon nang buong pagpapakumbaba at kababaan ng puso at, sabi nga ng isang ina, "bumayo sa mga pintuan ng langit upang humiling, magsumamo, humingi ng patnubay at karunungan at tulong para sa kamangha-manghang gawaing ito," bubukas nang husto ang pintuang iyon upang ipagkaloob sa inyo ang impluwensiya at tulong ng buong kawalang-hanggan. Angkinin ang mga pangako ng Tagapagligtas ng daigdig. Humiling ng nakapagpapagaling na haplos ng Pagbabayad-sala para sa anumang bumabagabag sa inyo o sa inyong mga anak. Alamin na sa pananampalataya ay maiwawasto ang mga bagay-bagay sa kabila ng kagagawan ninyo, o mas tamang sabihin, dahil sa inyo.

Hindi ninyo maaaring gawin itong mag-isa, ngunit *mayroon* kayong makakatulong. Ang Panginoon ng Langit at Lupa ay naroroon upang pagpalain kayo—Siya na buong tapang na sinusundan ang nawawalang tupa, ganap na naglilinis upang matagpuan ang nawawalang barya, walang hanggang naghihintay sa pagbalik ng alibughang anak. Sumasainyo ang gawain ng pagliligtas, at kung magkagayon ay palalaguin kayo, gagantimpalaan, pauunlarin at gagawing mas magaling kaysa rati habang tapat kayong nagsisikap, gaano man kayo kahina na gaya ng nadarama ninyo kung minsan.

Tandaan, tandaan ang lahat ng araw ng inyong pagiging ina: "Hindi pa kayo nakalalapit maliban sa ito ay sa pamamagitan ng salita ni Cristo na may hindi matitinag na pananampalataya sa kanya, na umaasa nang lubos sa mga awa niya na makapangyarihang magligtas."[10]

Umasa sa Kanya. Umasa nang husto sa Kanya. Umasa sa Kanya magpakailanman. At "magpatuloy

sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa."[11] Ginagawa ninyo ang gawain ng Diyos. Mahusay ang pagkakagawa ninyo nito. Pinagpapala Niya kayo at pagpapalain Niya kayo, maging—hindi, *lalung-lalo na*—kapag ang inyong mga araw at gabi ay puno ng hamon. Tulad ng babaing hindi nagpakilala at mapagpakumbaba, marahil ay walang anumang pag-aalinlangan at kahihiyan, na nagpumilit na makasingit sa pulutong para lamang mahipo ang laylayan ng damit ng Guro, gayunding sasabihin ni Cristo sa mga kababaihang nag-aalala at nagtataka at kung minsan ay iniiyakan ang kanilang responsibilidad bilang mga ina, "Anak, laksan mo ang iyong loob; pinagaling ka ng iyong pananampalataya."[12] At pagagalingin din nito ang inyong mga anak.

Mula sa talumpati ni Elder Holland sa pangkalahatang komperensiya ng Simbahan noong Abril 1997 (sa Conference Report, Abr. 1997, 46–49; o *Ensign,* Mayo 1997, 35–37).

MGA TALA

1. "Manunubos ng Israel," *Mga Himno;* tingnan din sa 3 Nephi 22:1.
2. Tingnan sa *Doctrines of Salvation,* ni Joseph Fielding Smith, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo (1954–56), 2:76; Harold B. Lee, *Ye Are the Light of the World: Selected Sermons and Writings of President Harold B. Lee* (1974), 292; at Gordon B. Hinckley, sa Conference Report, Abr. 1991, 94.
3. Tom Lowe, "Fatherlessness: The Central Social Problem of Our Time," Claremont Institute Home Page Editorial, Ene. 1996.
4. 11 Kay Timoteo 1:5.
5. 11 Kay Timoteo 3:15.
6. Eclesiastes 3:1.
7. Personal na pakikipagsulatan.
8. Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine,* ika-5 edisyon (1939), 462.
9. 2 Nephi 2:25.
10. 2 Nephi 31:19.
11. 2 Nephi 31:20.
12. Mateo 9:22.

## Sa mga Ina sa Sion

Pangulong Ezra Taft Benson
Ika-13 Pangulo ng Simbahan

Mga ina sa Sion, napakahalaga ng mga tungkuling ginagampanan ninyo na bigay ng Diyos para sa sarili ninyong kadakilaan at sa kaligtasan at kadakilaan ng inyong mag-anak. Kailangan ng isang anak ang isang ina nang higit kaysa lahat ng bagay na mabibili ng salapi. Ang paggugol ng oras sa piling ng inyong mga anak ang pinakadakilang kaloob sa lahat.

Taglay ang pagmamahal sa aking puso para sa mga ina sa Sion, gusto ko ngayong magmungkahi ng sampung natatanging paraan ng paggugol ng mga ina ng epektibong oras sa piling ng kanilang mga anak.

*Manatili sa mga Sangandaan ng Tahanan.* Una, mag-ukol ng oras upang manatili sa sangandaan ng tahanan kapag parating o paalis ang inyong anak—kapag umaalis at bumabalik mula sa paaralan, kapag umaalis at bumabalik mula sa mga tipanan, kapag nagdadala sila ng mga kaibigan sa tahanan. Manatili sa mga sangandaan maging anim man o labing-anim na taong gulang ang inyong mga anak. Sa Mga Kawikaan nababasa natin, "Ang batang binabayaan ay humihiya sa kaniyang ina" (Mga Kawikaan 29:15). Kabilang sa mga pinakadakilang alalahanin sa ating lipunan ay ang milyun-milyong napabayaang mga anak na umuuwi araw-araw sa mga bahay na walang tao, na hindi naaasikaso ng mga magulang na nagtatrabaho.

*Maging Isang Tunay na Kaibigan.* Ikalawa, mga ina, mag-ukol kayo ng oras upang maging isang tunay na kaibigan ng inyong mga anak. Makinig sa inyong mga anak, talagang makinig. Makipag-usap sa kanila, makipagtawanan at makipagbiruan sa kanila, makipagkantahan sa kanila, makipaglaro sa kanila, makiiyak sa kanila, yakapin sila, purihin sila nang tapat. Oo, laging gumugol ng di-minadaling oras para sa bawat bata. Maging isang tunay na kaibigan sa inyong mga anak.

*Basahan [ng aklat] ang Inyong mga Anak.* Ikatlo, mga ina, mag-ukol ng oras upang basahan ang inyong mga anak. Simula sa duyan ay basahan na ang inyong mga anak na lalaki at babae. Tandaan ang sinabi ng makata:

> Maaaring magkaroon ng maraming kayamanan;
> Kahon-kahong alahas at gintong kaban-kaban.
> Sa aki'y 'di magiging mas mayaman kayo—
> Dahil sa nanay kong noo'y binasahan ako.
> (Strickland Gillilan, "The Reading Mother.")

Magtatanim kayo ng pagmamahal para sa mabuting literatura at tunay na pagmamahal para sa mga banal na kasulatan kung palagian ninyong babasahan ang inyong mga anak.

*Manalangin Kasama ang Inyong mga Anak.* Ikaapat, mag-ukol ng oras sa piling ng inyong mga anak. Ang mga panalangin ng mag-anak, sa ilalim ng pamamahala ng ama, ay dapat idaos sa umaga at gabi. Ipadama sa inyong mga anak ang inyong

pananampalataya sa paghiling ninyong ibuhos ang mga pagpapala ng langit sa kanila. Sa pagbibigay-kahulugan sa mga salita ni Santiago, "Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng [inang] matuwid" (Santiago 5:16). Palahukin ang inyong mga anak sa mga panalanging pangmag-anak at pansarili, at magalak sa kanilang malalambing na pagsasalita sa kanilang Ama sa Langit.

*Magdaos ng Lingguhang Gabing Pantahanan ng Mag-anak.* Ikalima, mag-ukol ng oras para magkaroon ng makabuluhang lingguhang gabing pantahanan ng mag-anak. Sa pamumuno ng inyong asawa, makilahok sa isang espirituwal at nakapagpapabuting gabing pantahanan sa bawat linggo. Masiglang palahukin ang inyong mga anak. Turuan sila ng mga wastong alituntunin. Gawin itong isa sa inyong mga dakilang tradisyon ng mag-anak. Tandaan na ang kamangha-manghang pangakong ginawa ni Pangulong Joseph F. Smith noong pasimulan ang mga gabing pantahanan sa Simbahan: "Kung susundin ng mga Banal ang payong ito, ipinangangako namin na magbubunga ito ng mga dakilang pagpapala. Mag-iibayo ang pagmamahalan sa tahanan at pagkamasunurin sa mga magulang. Ang pananampalataya ay uunlad sa mga puso ng mga kabataan ng Israel, at magtatamo sila ng kapangyarihan upang labanan ang masamang impluwensiya at mga tuksong dumarating sa kanila" (sa *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints,* tinipon ni James R. Clark, 6 na tomo [1965–75], 4:339). Ang magandang pangakong ito ay may bisa pa rin ngayon.

*Magsama-sama sa Oras ng Pagkain.* Ikaanim, mag-ukol ng oras para madalas na magsama-sama sa oras ng pagkain hangga't maaari. Ito ay isang hamon habang lumalaki ang mga anak at nagiging mas abala ang takbo ng buhay. Ngunit ang masayang pag-uusap, pagbabahagi ng mga plano at gawain para sa araw na iyon, at espesyal na sandali ng pagtuturo ay nangyayari sa oras ng pagkain dahil sinisikap ng mga ina at ama at anak na magampanan ito.

*Magbasa ng mga Banal na Kasulatan Araw-araw.* Ikapito, mahalagang mag-ukol ng oras araw-araw para magbasa ng banal na kasulatan. Ang pagbabasa ng Aklat ni Mormon nang magkakasama bilang isang mag-anak ay lalo nang magpapaibayo ng espirituwalidad sa loob ng inyong tahanan at magbibigay ng lakas sa kapwa mga magulang at anak na labanan ang tukso at makapiling tuwina ang Espiritu Santo. Ipinangangako ko sa inyo na babaguhin ng Aklat ni Mormon ang buhay ng inyong mag-anak.

*Gumawa nang Sama-sama Bilang Mag-anak.* Ikawalo, mag-ukol ng oras upang gumawa ng mga bagay-bagay bilang isang mag-anak. Gawing espesyal na oras at alaala ang mga pamamasyal at piknik at pagdiriwang ng mga kaarawan at paglalakbay. Kapag maaari ay dumalo bilang mag-anak sa mga kaganapan kung saan kalahok ang isa sa mga miyembro ng mag-anak, gaya ng isang dula-dulaan sa paaralan, palaro sa bola, talumpati, pagtatanghal. Sama-samang dumalo sa mga pulong sa simbahan at magtabi-tabi sa upuan bilang isang mag-anak hangga't maaari. Ang mga inang tumutulong sa mga mag-anak na sama-samang manalangin at maglaro ay magsasama-sama at pagpapalain nito ang buhay ng mga bata magpakailanman.

*Turuan ang Inyong mga Anak.* Ikasiyam, mga ina, mag-ukol kayo ng oras para turuan ang inyong mga anak. Samantalahin ang mga sandali ng pagtuturo. Magagawa ito anumang oras sa isang araw—sa oras ng pagkain, sa mga di sinasadyang pagtatagpo, o sa espesyal na oras ng sama-samang pagkakatabi-tabi sa upuan, sa paanan ng kama sa pagtatapos ng araw, o sa sama- samang maagang paglalakad sa umaga. Mga ina, kayo ang pinakamagagaling na guro ng inyong mga anak. Huwag ipasa ang mahalagang responsibilidad na ito sa mga sentro ng pang-araw na pag-aalaga o sa mga tagapag-alaga ng bata. Ang pinakamahahalagang sangkap sa pagtuturo sa kanyang mga anak ay ang pagmamahal ng isang ina at ang mapanalanging pagmamalasakit sa kanila.

Ituro sa mga bata ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ituro sa kanila na may katuturan ang pagiging mabuti. Ituro sa kanila na walang kaligtasan sa kasalanan. Ituro sa kanila ang pagmamahal para sa ebanghelyo ni Jesucristo at ang patotoo sa kabanalan nito.

Turuan ang inyong mga anak na lalaki at babae ng kahinhinan, at turuan silang igalang ang pagiging lalaki at pagiging babae. Ituro sa inyong mga anak ang kalinisang-puri, mga wastong pamantayan sa pakikipagtipanan, kasal sa templo, paglilingkod bilang misyonero, at ang kahalagahan ng pagtanggap at pagganap ng mga tungkulin sa Simbahan.

Turuan silang mahalin ang trabaho at pahalagahan ang mabuting edukasyon.

Ituro sa kanila ang kahalagahan ng wastong uri ng paglilibang, kabilang na ang angkop na pelikula at video at musika at aklat at magasin. Talakayin ang mga kasamaan ng pornograpiya at mga droga, at ituro sa kanila ang kahalagahan ng malinis na pamumuhay.

Opo, mga ina, ituro sa inyong mga anak ang ebanghelyo sa inyong sariling tahanan. Ito ang pinakamabisang pagtuturong matatanggap ng inyong mga anak. Ito ang paraan ng pagtuturo ng Panginoon. Hindi makapagtuturo ang Simbahan na gaya ninyo. Gayundin ang paaralan. At maging ang

sentro ng pang-araw na pag-aalaga sa bata. Ngunit magagawa ninyo ito, at tutulungan kayo ng Panginoon. Matatandaan ng inyong mga anak ang inyong mga turo magpakailanman, at kapag matatanda na sila, hindi nila ito tatalikuran. Tatawagin nila kayong pinagpala—ang kanilang tunay na anghel na ina.

Mga ina, ang uring ito ng makalangit na pagtuturo ng ina ay pinag-uukulan ng oras—ng maraming oras. Hindi ito magiging mabisa kung sandali lamang. Kailangan itong gawin sa lahat ng oras upang mailigtas at mapadakila ang inyong mga anak. Ito ang inyong banal na tungkulin.

*Mahalin nang Tunay ang inyong mga Anak.* Ikasampu at panghuli, mga ina, mag-ukol kayo ng oras upang tunay na mahalin ang inyong mga anak. Ang walang pasubaling pagmamahal ng isang ina ay halos katulad na ng pagmamahal ni Cristo.

Narito ang isang magandang papuri ng isang anak na lalaki sa kanyang ina: "Hindi ko masyadong matandaan ang tungkol sa pananaw niya sa pagboto ni ang kanyang katayuan sa lipunan; at hindi ko maalala kung ano ang kanyang mga ideya tungkol sa pagtuturo sa bata, sa pagkain, at sa kanyang lahi. Ang pangunahing bagay na bumabalik sa aking alaala ngayon sa kabila ng makapal na bunga ng pagtanda ay na minahal niya ako. Gustung-gusto niyang humihiga kami sa damo at nagkukuwentuhan, o tumatakbo at nakikipagtaguan sa amin na mga bata. Lagi niya akong niyayakap. At gustung-gusto ko ito. Maaliwalas ang kanyang mukha. Para sa akin para itong sa Diyos, at lahat ng mga lubos na pagpapalang sinasabi ng mga banal tungkol sa Kanya. At inaawit! Sa lahat ng mga nakasisiyang pakiramdam sa aking buhay walang makakatulad sa kaligayahang nadarama ko sa paggapang ko paakyat sa kanyang kandungan at paghimlay habang nagtutumba-tumba siya at umaawit. Sa pag-iisip tungkol dito, iniisip ko kung ang babae sa ngayon, na taglay ang lahat ng kanyang mga pangarap at plano, ay natatanto kung gaano kalaki ang bahagi niya sa paghubog sa kanyang anak sa kabutihan o sa kasamaan. Iniisip ko kung natatanto niya kung gaanong pagmamahal at pansin ang dapat iukol sa buhay ng isang bata."

Mga ina, nangangailangan din ng gayong uri ng pagmamahal at pansin ang inyong mga anak na binatilyo at dalagita. Tila mas madali para sa mga ina at ama na ipahayag at ipakita ang kanilang pagmamahal sa kanilang mga anak kapag bata pa sila, subalit mas mahirap kapag mas matatanda na sila. Mapanalangin ninyong pagsumikapan ito. Hindi kailangang magkaroon ng puwang sa pagitan ng mga henerasyon. At ang susi ay pagmamahal. Kailangan ng ating mga kabataan ang pagmamahal at pansin, hindi ng pagpapalayaw. Kailangan nila ng pagpukaw ng damdamin at pag-unawa, hindi pagwawalang-bahala ng mga ina at ama. Kailangan nila ang oras ng mga magulang. Ang mabait na pagtuturo at pagmamahal at pagtitiwala ng isang ina sa isang anak na binatilyo o dalagita ay magliligtas sa kanila mula sa isang makasalanang mundo.

Mula sa talumpati ni Pangulong Benson sa isang fireside para sa mga magulang noong ika-22 ng Pebrero 1987.

# PAGTUTURO SA MGA ANAK SA PAMAMAGITAN NG HALIMBAWA AT TAGUBILIN

# 12

## MGA IDEYA PARA SA PAGSASAGAWA

Batay sa sarili ninyong mga pangangailangan at kalagayan, sundin ang isa o ang kapwa mga mungkahing ito.

- Pag-isipan ang mga pangangailangan ng inyong mga anak o mga pangangailangan ng inyong mga apo, pamangkin, o ibang batang kilala ninyo. Magplano para sa mga pagkakataong maturuan ang mga batang ito sa pamamagitan ng inyong mga kilos at salita.
- Repasuhin ang materyal sa pagtuturo sa mag-anak na matatagpuan sa Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin (36123 893), mga pahina 167–189, at sa Gabay na Aklat ng Mag-anak (31180 893), mga pahina 4–10. Kung kayo ay may-asawa, basahin at talakayin ang materyal na ito kasama ang inyong asawa.

## TAKDANG BABASAHIN

Pag-aralan ang mga sumusunod na lathalain. Kung kayo ay may-asawa, basahin at talakayin ang mga lathalaing ito kasama ang inyong asawa.

### ANG PINAKAMALAKING HAMON SA MUNDO—PAGIGING MABUTING MAGULANG

Elder James E. Faust
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

#### Isang Banal na Katungkulan ang Pagiging Isang Magulang

Nadama kong dapat kong talakayin ang isang paksang napili kong tawaging bilang pinakamalaking hamon sa mundo. May kinalaman ito sa pribilehiyo at responsibilidad ng pagiging mabubuting magulang. Sa paksang ang mga opinyon ay kasing-dami ng bilang ng mga magulang, bagama't may iilan na nag-aangking nasa kanila ang lahat ng kasagutan. Siguradong hindi ako isa sa kanila.

Palagay ko ay mas maraming katangi-tanging kabataang lalaki at babae sa ating mga miyembro sa kasalukuyan kaysa sa alinmang panahon sa buong buhay ko. Nangangahulugan lamang ito na karamihan sa mabubuting kabataang ito ay galing sa mabubuting tahanan at may mapagmahal at mapagmalasakit na mga magulang. Gayunman, nadarama kahit ng matatapat na magulang na maaaring nakagawa sila ng mga pagkakamali. Minsan, nang may nagawa akong bagay na hindi ko pinag-isipan, naalala ko ang sarili kong ina na bumubulalas, "Saan ako nagkulang?"

Iniutos ng Panginoon, "Palakihin ang inyong mga anak sa liwanag at katotohanan" (D at T 93:40). Para sa akin, wala nang iba pang mas mahalagang pagsisikap ng tao.

Hindi lamang isang malaking hamon ang pagiging ama o ina, ito ay isang banal na katungkulan. Isa itong pagsisikap na nangangailangan ng lubos na paglalaan. Sinabi ni Pangulong David O. McKay na ang pagiging mga magulang "ang pinakadakilang pagtitiwalang naibigay sa mga tao" (*The Responsibility of Parents to Their Children* [polyeto, walang petsa], 1).

#### Paglikha ng mga Matagumpay na Tahanan

Bagama't may ilang hamong nakahihigit sa pagiging mabubuting magulang, iilang pagkakataon lamang ang naglalaan ng mas malaking potensyal para sa kagalakan. Tiyak na walang mas mahalagang gawaing kailangang gawin sa mundong ito maliban sa paghahanda sa ating mga anak na magkaroon ng takot sa Diyos, maging maligaya, marangal, at makabuluhan. Wala nang matatagpuang ibang mas nakapagdudulot ng kaligayahan sa mga magulang kaysa sa igalang sila at ang kanilang mga turo ng kanilang mga anak. Ito ang kaluwalhatian ng pagiging magulang. Pinatotohanan ni Juan, "Wala nang dakilang kagalakan sa ganang akin na gaya nito, na marinig na ang aking mga anak ay nagsisilakad sa katotohanan" (3 Juan 1:4). Sa aking opinyon, ang pagtuturo, pagpapalaki, at pagsasanay sa mga anak ay nangangailangan ng higit na talino, matalas na pang-unawa, pagpapakumbaba, lakas, karunungan,

espirituwalidad, tiyaga, at pagsisikap kaysa sa anupamang hamon na dumarating sa ating buhay. Totoo ito lalo na kapag ang mga pundasyon ng dangal at kahinhinan ay naglalaho sa ating paligid. Upang magkaroon ng matagumpay na mga tahanan, kailangang maituro ang mga pahahalagahan, at kailangang magkaroon ng mga patakaran, pamantayan, at hangganan. Maraming lipunan ang nagbibigay sa mga magulang ng kakatiting na suporta sa pagtuturo at paggalang sa mga pahahalagahang moral. Ilang kultura ang nagiging halos walang halaga, at marami sa mga kabataan sa mga lipunang iyon ang pabagu-bago ang moralidad.

Samantalang ang mga lipunan sa kabuuan ay nabubulok at naglalaho ang kanilang moralidad at napakaraming tahanan ang nawawasak, ang pinakamalaking pag-asa ay pag-ukulan ng higit na pansin at pagsisikap ang pagtuturo sa susunod na henerasyon—ang ating mga anak. Upang magawa ito, kailangan muna nating palakasin ang mga pangunahing guro ng mga bata sa Primarya. Una sa mga ito ang mga magulang at iba pang miyembro ng mag-anak, at ang pinakamainam na kapaligiran ay dapat na sa tahanan. Kahit paano, sa anumang paraan, kailangan nating higit na pagsikapan na mas palakasin ang ating mga tahanan upang magsilbing kanlungan ang mga ito laban sa di kanais-nais at lumalaganap na paninira sa moralidad sa ating paligid. Ang pagkakaisa, kaligayahan, kapayapaan, at pagmamahalan sa tahanan ay makatutulong sa pagbibigay sa mga bata ng kinakailangang lakas ng kalooban upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa buhay. Si Barbara Bush, asawa ni Pangulong George Bush [ng Estados Unidos], ay nagsabi sa mga nagtapos sa Wellesley College ilang buwan na ang nakararaan:

"Ngunit anumang panahon, anumang sandali, isang bagay ang hindi magbabago: Mga ama at ina, kung may mga anak kayo, kailangang unahin ninyo sila. Kailangan ninyong basahan ang inyong mga anak at yakapin at mahalin sila. Ang inyong tagumpay bilang isang mag-anak, ang ating tagumpay bilang isang lipunan, ay nakasalalay hindi sa kung ano ang nangyayari sa White House kundi sa kung ano ang nangyayari sa loob ng inyong pamamahay" (*Washington Post*, ika-2 ng Hunyo 1990, 2).

Para maging mabuting ama at ina kailangan ng mga magulang na ipagpaliban ang marami sa kanilang sariling mga pangangailangan at hangarin upang bigyang-daan ang mga pangangailangan ng kanilang mga anak. Bunga ng sakripisyong ito, ang matatapat na magulang ay nagkakaroon ng dangal ng pagkatao at natututong ipamuhay ang mga di-makasariling katotohanang itinuro ng Tagapagligtas Mismo.

Napakalaki ng paggalang ko sa mga nag-iisang magulang na nagpupunyagi at nagsasakripisyo, na nagsisikap sa kabila ng mga halos di-makayang labanan na paghihirap ng tao na panatilihing magkakasama ang mag-anak. Dapat silang parangalan at tulungan sa kanilang mga pagsisikap na tulad ng sa bayani. Subalit ang gawain ng sinumang ina o ama ay mas dadali kung saan may dalawang gumaganap na magulang sa tahanan. Kadalasan ay hinahamon at pinahihirapan ng mga anak ang lakas at karunungan ng mga magulang.

**Gaano Kadalas Kayo Nagkakaroon ng Panalanging Pangmag-anak?**

Ilang taon na ang nakararaan, kinapanayam ni Pangulong Spencer W. Kimball si Bishop Stanley Smoot. Itinanong ni Pangulong Kimball, "Gaano kadalas kayo nagkakaroon ng panalanging pangmag-anak?"

Sagot ni Bishop Smoot, "Sinisikap naming magkaroon ng panalanging pangmag-anak dalawang beses isang araw, ngunit karaniwan ay minsanan lamang."

Sumagot si Pangulong Kimball, "Noong araw, ang pagkakaroon ng minsan sa isang araw na panalanging pangmag-anak ay pupuwede na. Ngunit sa hinaharap hindi ito sasapat kung nais nating iligtas ang ating mag-anak."

Iniisip ko kung ang pagkakaroon ng di-seryoso at madalang na gabing pantahanan ng mag-anak ay sasapat sa hinaharap upang bigyan ang ating mga anak ng sapat na kalakasang moral. Sa hinaharap, maaaring hindi maging sapat ang madalang na pangmag-anak na pag-aaral ng banal na kasulatan upang bigyang-lakas ang ating mga anak ng kalinisang kinakailangan upang mapaglabanan ang nabubulok na moralidad ng kapaligirang kanilang tinitirhan. Saang bahagi ng mundo matututuhan ng mga bata ang kalinisang-puri, paninindigan, katapatan, at pagiging disente ng tao kung hindi sa tahanan? Ang mga pagpapahalagang ito, mangyari pa, ay mapalalakas sa simbahan, ngunit mas palagian o tumatagal ang pagtuturo ng magulang.

**Kailangang Magpakita ng Halimbawa ang mga Magulang**

Kapag tinatangka ng mga magulang na turuan ang kanilang mga anak na umiwas sa panganib, hindi dapat sumagot ang mga magulang sa kanilang mga anak na, "Mas marami kaming karanasan at mas matalino kami sa mga pamamaraan ng mundo, at mas kaya naming sumuong sa panganib kaysa sa inyo." Nang dahil sa pagkukunwari ng mga magulang ay maaaring mapamintas at walang paniniwala ang mga anak sa mga itinuro sa kanila sa tahanan. Halimbawa, kapag nanonood ang mga magulang ng mga pelikulang ipinagbabawal nilang panoorin ng kanilang mga anak,

nababawasan ang paniniwala nila sa mga magulang. Kung inaasahang maging tapat ang mga anak, kailangang maging tapat din ang mga magulang. Kung inaasahang maging mabait ang mga anak, kailangan ding maging mabait ang mga magulang. Kung inaasahan ninyong maging marangal ang inyong mga anak, kailangan ninyong maging marangal.

Kabilang sa iba pang pinahahalagahan na kailangang ituro sa mga bata ng paggalang sa iba, simula sa sariling mga magulang at mag-anak ng bata; paggalang sa mga simbolo ng pananampalataya at makabayang paniniwala ng iba; paggalang sa batas at kaayusan; paggalang sa pag-aari ng iba; paggalang sa awtoridad. Ipinaalala sa atin ni Pablo na ang mga anak ay dapat "magsipagaral ang mga ito muna ng pamamahalang may kabanalan sa kanilang sariling sangbahayan" (I Kay Timoteo 5:4).

**Pagdidisiplina sa mga Bata**

Isa sa pinakamahihirap na hamon sa mga magulang ay ang wastong pagdidisiplina sa mga anak. Iba-iba ang pagpapalaki sa anak. Bawat anak ay iba at kakaiba. Ang pupuwede sa isa ay maaaring hindi pumuwede sa isa pa. Hindi ko alam kung sino ang sapat ang karunungan upang masabi kung anong klaseng disiplina ang napakarahas o kung ano ang napakaluwag maliban sa mga magulang ng mga bata mismo, na nagmamahal sa kanila nang labis. Nasa mapanalanging pag-unawa ito ng mga magulang. Tunay ngang ang pinakamahalaga at pangunahing alituntunin ay na ang pagdidisiplina sa mga anak ay kailangang higit na dahil sa pagmamahal kaysa sa pagpaparusa. Ipinayo ni Brigham Young na, ""Kung inatasan kayong parusahan ang isang tao, huwag na huwag magparusa nang higit sa pamahid na nasasainyo upang magbenda" (*Discourses of Brigham Young,* pinili ni John A. Widtsoe [1954], 278). Ang patnubay at disiplina, gayunpaman, ay siguradong isang kailangang-kailangang bahagi ng pagpapalaki ng bata. Kung hindi didisiplinahin ng mga magulang ang kanilang mga anak, ang publiko ang didisiplina sa kanila sa paraang hindi magugustuhan ng mga magulang. Kung walang disiplina, hindi igagalang ng mga bata ang mga patakaran ng tahanan o ng lipunan.

Ang pangunahing layunin ng pagdidisiplina ay ituro ang pagkamasunurin. Sinabi ni Pangulong David O. McKay: "Ang mga magulang na nagkukulang sa pagtuturo ng pagkamasunurin sa kanilang mga anak, kung sa [kanilang] mga tahanan ay hindi magkakaroon ng pagsunod ipag-uutos ito ng lipunan at makakamit ito. Kung gayon ay mas makabubuting ang tahanan, taglay ang kabaitan, awa at pag-unawa, ang magturo sa bata ng pagkamasunurin sa halip na walang-pakundangan siyang iwanan sa malupit at walang-awang disiplinang ipinagpipilitan ng lipunan kung hindi pa isinasakatuparan ng tahanan ang obligasyon nito" (*The Responsibility of Parents to Their Children,* 3).

**Pagtuturo sa mga Bata na Magtrabaho**

Ang mahalagang bahagi ng pagtuturo sa mga bata na maging disiplinado at responsable ay ang turuan silang magtrabaho. Habang lumalaki tayo, marami sa atin ang gaya ng taong nagsabing, "Gusto kong magtrabaho; natutuwa ako rito. Makauupo ako at mapagmamasdan ito nang maraming oras" (Jerome Klapka Jerome, in *The International Dictionary of Thoughts,* tinipon ni John P. Bradley, Leo F. Daniels, at Thomas C. Jones [1969], 782). Muli, ang pinakamahuhusay na guro ng alituntunin ng pagtatrabaho ay ang mga magulang mismo. Para sa akin, naging kagalakan ang pagtatrabaho nang una akong magtrabaho kasama ang aking ama, lolo, mga tiyo, at mga kapatid na lalaki. Sigurado akong mas madalas na naging panggulo ako sa halip na makatulong, pero matamis ang mga alaala at mahalaga ang mga leksyong natutuhan. Kailangang matuto ang mga bata ng responsibilidad at kasarinlan. Personal bang nag-uukol ng oras ang mga magulang, tulad ng itinuro ni Lehi, upang magpakita at magpamalas at magpaliwanag para ang mga bata ay, "kumikilos para sa kanilang sarili at hindi pinakikilos"? (2 Nephi 2:26).

Si Luther Burbank, isa sa mga pinakadakilang hortikultor, ay nagsabing, "Kung hindi natin pinag-ukulan ng pansin ang ating mga halaman gaya ng ginawa natin sa ating mga anak, mamumuhay tayo ngayon sa isang masukal na gubat" (sa *Elbert Hubbard's Scrap Book* [1923], 227).

**Mga Espesyal na Hamon sa mga Magulang**

Ang mga bata ay makikinabang din sa kalayaang moral tulad ng kung paano tayo nabibigyan ng pagkakataong umunlad. Ang kalayaang iyon ay nagpapahintulot din sa mga bata na ipagpatuloy ang kahaliling pipiliing maging makasarili, mag-aksaya, palayawin ang sarili, at sirain ang sarili. Kadalasang ipinahahayag ng mga bata ang kalayaang ito sa kanilang kabataan.

Hayaan ang mga magulang na malinis ang budhi, mapagmahal, at mapag-alala at ipinamumuhay ang mga alituntunin ng katwiran sa pinakamainam na paraan na maginhawahan sa pagkaalam na sila ay mabubuting magulang sa kabila ng mga kilos ng ilan sa kanilang mga anak. Ang mga bata mismo ay may responsibilidad na makinig, sumunod, at, dahil sila ay naturuan, na matuto. Hindi laging mananagot ang mga magulang sa lahat ng katiwalian ng kanilang mga anak dahil hindi nila matitiyak ang

magandang pag-uugali ng mga bata. Ilang bata ang maaaring magpahirap maging sa karunungan ni Solomon at sa pagtitiis ni Job.

Kadalasan ay may espesyal na hamon sa mga magulang na mayayaman o sobrang magpalayaw. Sa isang banda, ang ilang batang nasa gayong kalagayan ay binibihag ang kanilang mga magulang sa pamamagitan ng hindi pagsunod sa mga patakaran ng mga magulang maliban kung kukunsintihin ng mga magulang ang mga kagustuhan ng mga bata. Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell na, "Ang mga yaong sobrang magpalayaw sa kanilang mga anak ay masusumpungan na hindi na nila masasawata pa ang kanilang mga anak. Napakaraming bata ang sobra sa *layaw* na halos *sirang-sira* na sila" (sa Conference Report, Abr. 1975, 150; o *Ensign,* Mayo 1975, 101). Mukhang likas sa tao ang hindi natin lubos na pagpapahalaga sa mga materyal na bagay na atin mismong natamo

May katawa-tawa sa katotohanang ang ilang mga magulang ay nababahala nang husto para sa kanilang mga anak na tanggapin o maging popular sa kanilang mga kabarkada; subalit ito ring mga magulang na ito ay natatakot na baka gumagawa ang kanilang mga anak ng mga bagay na ginagawa ng kanilang mga kabarkada.

### Pagtulong sa mga Bata na Isaloob ang mga Pagpapahalaga

Kadalasan, ang mga batang nagpapasiya at nagtitikang umiwas sa mga droga, alak, at bawal na pakikipagtalik ay ang mga yaong ginamit at isinaloob ang mga matatag na pagpapahalaga ng kanilang tahanan gaya ng ipinamuhay ng kanilang mga magulang. Sa mga oras ng mahihirap na pagpapasiya mas malamang na sundin nila ang mga turo ng kanilang mga magulang kaysa sa halimbawa ng kanilang mga kabarkada o mga panlilinlang ng media na pinagaganda ang paglalasing, bawal na pakikipagtalik, pangangalunya, pagsisinungaling, at iba pang bisyo. Kagaya sila ng dalawang libong kabataang lalaki ni Helaman na "tinuruan ng kanilang mga ina, na kung hindi sila mag-aalinlangan, sila ay ililigtas ng Diyos" mula sa kamatayan (Alma 56:47). "At inilahad nila. . .ang mga salita ng kanilang ina, nagsasabing: Hindi kami nag-aalinlangan, nalalaman ito ng aming mga ina" (Alma 56:48).

Ang tila tumutulong na patibayin sa kinalalagyan ang mga turo at pagpapahalaga ng mga magulang sa mga buhay ng mga bata ay ang matibay na paniniwala sa Diyos. Kapag naging bahagi ng kaibuturan ng kanilang mga kaluluwa ang paniniwalang ito, mayroon silang lakas ng loob. Kaya nga, sa lahat ng mahahalagang dapat ituturo, ano ang dapat ituro ng mga magulang? Sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan na dapat turuan ng mga magulang ang kanilang mga anak ng "pananampalataya kay Cristo ang Anak ng buhay na Diyos, at ng pagbibinyag at ang kaloob na Espiritu Santo," at "ang doktrina ng pagsisisi" (D at T 68:25). Kailangang maituro sa tahanan ang mga katotohanang ito. Hindi maituturo ang mga ito sa mga pampublikong paaralan, ni maitataguyod ang mga ito ng pamahalaan o ng lipunan. Mangyari pa, makatutulong ang mga programa ng Simbahan, ngunit ang pinakamabisang pagtuturo ay nagaganap sa tahanan.

### Isang Libong Sinulid ng Pagmamahal

Ang mga sandali ng pagtuturo ng magulang ay hindi kailangang maging malaki o madula o makapangyarihan. Natututuhan natin ito mula sa Guro. Sinabi ni Charles Henry Parkhurst na:

"Ang kumpletong kagandahan ng buhay ni Cristo ay iyon lamang dagdag na kagandahan ng maliliit at di-mapupunang magagandang gawain—pakikipag-usap sa babae sa balon; . . .pagpapakita sa batang pinuno ng lihim na ambisyong nakatago sa kanyang puso na hindi nagpahintulot sa kanya na makapasok sa kaharian ng Langit; . . .pagtuturo sa isang maliit na pangkat ng mga tagasunod kung paano manalangin; . . .pagpapaningas ng apoy at pag-iihaw ng isda upang magkaroon ang mga disipulo ng almusal na naghihintay sa kanila pagdaong sa dalampasigan mula sa isang gabing pangingisda, na giniginaw, pagod, at bigo. Ang lahat ng ito, alam ninyo, ay madaling nagpapaunawa sa atin ng tunay na uri at himig ng mga interes [ni Cristo], na napakatiyak, napakakitid, napakahamak, napakaliit" ("Kindness and Love," sa *Leaves of Gold* [1938], 177).

At ganoon ang pagiging magulang. Ang maliliit na bagay ang siyang malalaking bagay sa tapiserya ng mag-anak na tinahi ng isang libong sinulid ng pagmamahal, pananampalataya, disiplina, sakripisyo, pagtitiyaga, at pagtatrabaho.

### Mga Anak ng Tipan

May ilang dakilang espirituwal na pangako na maaaring makatulong sa mga tapat na magulang sa Simbahang ito. Maaaring napagkalooban na ng mga banal na pangako ang mga anak ng walang hanggang pagbubuklod na ibinigay sa kanilang magigiting na ninuno na marangal na tumupad sa kanilang mga tipan. Ang mga tipang inalala ng mga magulang ay aalalahanin ng Diyos. Kung gayon ay maaaring makinabang at magmana ang mga anak ng mga dakilang tipan at pangakong ito. Ito ay dahil sa sila ay mga anak ng tipan (tingnan sa Orson F. Whitney, in Conference Report, Abr. 1929, 110–11).

Pagpalain ng Diyos ang nagpupunyagi, nagsasakripisyong mararangal na magulang sa daigdig na ito. Nawa ay igalang Niya ang mga tipan na tinupad ng matatapat na magulang sa ating mga miyembro at bantayan ang mga anak ng tipan.

Mula sa talumpati ni Elder Faust sa pangkalahatang komperensiya ng Simbahan noong Oktubre 1990 (tingnan sa Conference Report, Okt. 1990, 39–43; o *Ensign*, Nob. 1990, 32–35).

---

## Isang Lamesang Napalilibutan ng Pagmamahal

Elder LeGrand R. Curtis
Ng Pitumpu

Napakarami nang naisulat tungkol sa kahalagahan ng tahanan. Sinabi sa atin ni Elder Marion G. Romney na "sa puso ng nakamamatay na karamdaman ng lipunan ay ang kawalang-katatagan ng mag-anak."[1] Kinikilala namin na ang ilang tahanan ay malalaki, masagana, maging maluho. Ang iba ay napakaliit at hamak, na may kaunting kasangkapan. Subalit bawat isang "tahanan ay maaaring maging isang langit sa lupa kapag puno tayo ng pagmamahal, . . .kung saan natin nais mapunta," gaya ng ipinaalala sa atin ng isa sa ating mga pinakamamahal na himno.[2]

Isa sa mas mahahalagang kasangkapang matatagpuan sa karamihan sa mga tahanan ay ang lamesang pangkusina. Maaari itong maging maliit, maaari itong maging malaki, o isang klase ng maliit na despatso na halos walang paglagyan ng pagkain at mga kagamitan. Ang pangunahing gamit nito ay mukhang para maging isang lugar para makatanggap ng pagkain ang iba't ibang miyembro ng mag-anak.

Sa natatanging okasyong ito ang nais ko ay maihatid sa inyong pansin ang mas malalim, mas mahalagang gamit ng lamesang pangkusina, kung saan makatatanggap tayo ng higit pa sa pagkain para sa kapakanan ng ating katawan.

### Mga Talakayan tungkol sa Ebanghelyo sa paligid ng Lamesa

Karaniwan ay may dalawa o mahigit pang miyembro ang isang mag-anak na may iba't ibang gulang, ngunit kailangang magkita-kita ang mag-anak—hangga't maaari ay hindi lamang para kumain kundi manalangin, mag-usap-usap, makipag-ugnayan, makinig, at sama-samang umunlad. Malinaw na ipinahayag ito ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Ang aking samo—at sana ay mas mabisa kong maiparating ito—ay isang samo para iligtas ang mga bata. Napakarami sa kanila ang humahayo nang may sakit at takot; sa kalungkutan at kawalang-pag-asa. Kailangan ng mga bata ng sikat ng araw. Kailangan nila ng kaligayahan. Kailangan nila ng pagmamahal at pangangalaga. Kailangan nila ng kabaitan at kasariwaan at pagsuyo. Bawat tahanan, anuman ang halaga ng bahay, ay makapaglalaan ng isang kapaligiran ng pagmamahalan na magiging isang kapaligiran ng kaligtasan."[3]

Karamihan sa mga miyembro ng mag-anak ay napaiilalim sa maraming puwersa ng mundo sa labas ng tahanan, gayundin sa makapangyarihang impluwensiya ng radyo, telebisyon, mga videotape, at marami pang ibang bagay na ipinapasok natin sa ating mga tahanan.

Ilarawan ang isang mag-anak na nagtitipun-tipon sa paligid ng isang lamesa, marahil ay sa lamesang pangkusina, na nag-uusap-usap tungkol sa ebanghelyo, sa mga pulong sakramento, sa bagong *Ensign* o *New Era*, sa paaralan kasama ang lahat ng samot-sari nito, sa pangkalahatang komperensiya, sa mga aralin sa Panlinggong Paaralan, nakikinig sa magandang musika, nag-uusap-usap tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang mga turo. Maaari pang pahabain ang listahan. Makabubuting tiyakin hindi lamang ng mga magulang kundi lahat ng miyembro ng mag-anak na bawat taong naroroon ay may pagkakataong magsalita at sapat na oportunidad na makilahok.

### Panalanging Pangmag-anak sa Paligid ng Lamesa

Isipin ang potensyal ng isang mag-anak na nakaluhod sa paligid ng isang lamesa (nang walang telebisyon), nananalangin, sumasamo para sa tulong, nagpapasalamat sa Ama para sa mga pagpapala—na itinuturo sa lahat ng edad ang kahalagahan ng isang mapagmahal na Ama sa Langit. Ang panalanging pangmag-anak kasama ang mga musmos na magsisilakihan ay mananalangin balang-araw kasama ang kani-kanilang mag-anak.

Malinaw na ipinahayag ito ni Elder Thomas S. Monson:

"Itinagubilin ng Panginoon na magkaroon tayo ng panalanging pangmag-anak nang sabihin niyang: 'Manalangin kayo sa inyong mag-anak sa Ama, lagi sa aking pangalan, nang ang inyong mga asawa at inyong mga anak ay pagpalain.' (3 Nephi 18:21.)

"Samahan kaya ninyo ako habang tinitingnan natin ang isang tipikal na mag-anak na Banal sa mga Huling Araw na nag-aalay ng mga panalangin sa Panginoon?

Ang ama, ina, at bawat isa sa mga anak ay lumuluhod, tumutungo, at ipinipikit ang kanilang mga mata. Isang matamis na diwa ng pagmamahalan, pagkakaisa, at kapayapaan ang pumupuno sa tahanan. Habang pinakikinggan ng [isang] ama ang pagdarasal ng kanyang musmos na anak na lalaki sa Diyos na gawin ng tatay niya ang mga wastong bagay at maging masunurin sa mga utos ng Panginoon, sa palagay ba ninyo ay mahihirapan ang gayong ama na igalang ang panalangin ng kanyang pinakamamahal na anak? Habang pinakikinggan ng isang dalagita ang kanyang mabait na ina na sumasamo sa Panginoon na mabigyang-inspirasyon ang kanyang anak sa pagpili ng kanyang mga kasama, na ihahanda niya ang kanyang sarili para sa kasal sa templo, hindi ba kayo naniniwala na ang gayong anak ay maghahangad na igalang ang mapagpakumbaba, nagsusumamong hiling ng kanyang ina, na mahal na mahal niya? Kapag ang ama, ina, at bawat isa sa mga anak ay taimtim na nananalangin na ang mabubuting anak na lalaki sa mag-anak ay mamuhay nang marapat upang pagdating ng tamang panahon ay matawag na maglingkod bilang mga kinatawan ng Panginoon sa mga misyon ng Simbahan, hindi ba natin nakikita kung paano lumalaki ang gayong mga anak na lalaki sa pagkabinata nang may napakalaking paghahangad na maglingkod bilang mga misyonero?"[4]

Gaya ng sinabi ng marami, "Paano ninyo naaatim na palabasin ang inyong mga magulang at inyong mga anak sa mundo bawat araw nang hindi nagsasama-sama at nakikipag-usap sa Panginoon?" Susuriin ng matatalinong magulang ang kanilang mga iskedyul at plano nang isang beses man lang araw-araw upang tipunin ang mag-anak para sa mga pagpapala ng panalangin. Di maglalaon, matututo ang mga miyembrong kabataan kung paano maghahalinhinan at matututuhan ang mga pagpapahalagang matatagpuan sa panalanging pangmag-anak.

**Gawing Isang Masayang Lugar ang Tahanan**

Naipahayag ko na noon na "ang tahanan ay dapat maging isang masayang lugar dahil lahat ay nagsisikap upang manatili itong gayon. Sinasabi na ang kaligayahan ay gawang-bahay, at dapat tayong magsikap na pasayahin at gawing kanais-nais na lugar para sa atin at sa ating mga anak ang ating mga tahanan. Ang isang masayang tahanan ay isang nakasentro sa mga turo ng ebanghelyo. Nangangailangan ito ng palagian, maingat na pagsisikap ng lahat ng nasasangkot."[5]

Ang isang abalang tinedyer sa isang medyo malaking mag-anak ay nagreklamo tungkol sa oras na ginugugol ng mag-anak sa pagdarasal. Habang nagdarasal ang matalinong ina nang sumunod na araw, sadya niyang hindi isinama ang kabataang iyon sa pagdarasal. Sa pagwawakas ng panalangin, sinabi ng abalang anak, "Inay, hindi ninyo ako isinama sa pagdarasal!" Ipinaliwanag ng mapagmahal na ina na tumutugon lamang siya sa reklamo ng kabataang iyon. Nagreklamo ang abalang anak, "Isali ninyo ako."

**Pag-aaral ng Banal na Kasulatan sa Paligid ng Lamesa**

Ilarawan ang isang mag-anak sa paligid ng lamesa na may nakabuklat na mga banal na kasulatan, at tinatalakay ang maraming katotohanan at mga araling pag-aaralan. Tunay na ito ay isang lamesang naliligiran ng pagmamahalan!

Umaayon ang mga guro na kailangan ng mga bata na magbasa nang mas madalas sa labas ng paaralan. Mapagpapala natin ang ating mga anak sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan kasama sila araw-araw—sa lamesang pangkusina.

Ang pagkakaroon ng oras na nagkikita-kita ang mag-anak sa lamesang pangkusina ay maaaring mangailangan ng malaking pagbabago at maingat na pagpaplano, ngunit ano ang higit na mahalaga sa pagkakaisa ng mag-anak, sa espirituwal na pag-unlad ng mag-anak, sa pagtatayo ng mga tulay sa pagitan ng mga miyembro ng isang mag-anak habang sila ay nag-uusap-usap, nakikinig, at tumutugon, na naliligiran ng pagmamahalan? Ang pangunahin nating tagumpay ay ang pagsisikap—nang paulit-ulit.

**Patibayin ang mga Bigkis ng Mag-anak**

Maraming puwersa sa mundo ngayon na naghahangad paghiwa-hiwalayin ang mag-anak at ang tahanan. Magsusumikap ang matatalinong magulang upang patibayin ang mga bigkis ng mag-anak, pag-ibayuhin ang espirituwalidad sa tahanan, at tumuon kay Jesucristo at gawain sa templo. Sinabi sa atin ni Pangulong Howard W. Hunter:

"Idinadalangin ko na ituring natin ang isa't isa nang may higit na kabaitan, higit na paggalang, at higit na pagpapakumbaba at pagtitiis at pagpapatawad. . . .

"Ikalawa, at sa gayunding diwa, inaanyayahan ko rin ang mga miyembro ng Simbahan na itatag ang templo ng Panginoon bilang dakilang simbolo ng kanilang pagkamiyembro at ang panlangit na tagpo para sa kanilang mga pinakasagradong tipan. Magiging pinakamarubdob na pagnanais ng aking puso na maging marapat sa templo ang bawat miyembro ng Simbahan."[6]

Ang tagubiling ibinigay ni Pangulong Hunter ay maaaring dagdagan nang husto ng anumang mangyayari sa paligid ng lamesang pangkusina.

Sa ating mga tahanan dapat tayong magsanay kung paano pakikitunguhan ang iba. Gaya ng mahusay na pagkakasabi ni Goethe, "Kung pakikitunguhan ninyo [ang isang tao] nang ayon sa kung sino siya mananatili siyang gayon, ngunit kung pakikitunguhan ninyo siya na parang katulad ng. . .maaari [at nararapat siyang maging], magiging katulad siya [ng dapat niyang maging]."[7]

### Gawing mga Lugar ng Pagsamba ang mga Tahanan

Ipinahayag ni Elder Boyd K. Packer na: "Ang maipasok sa tahanan ang ilan sa mga bagay ng langit ay ang masiguro na mauuwi ang mga miyembro ng mag-anak sa pakikilahok sa simbahan. Ang gabing pantahanan ng mag-anak, mangyari pa, ay sadyang ginawa para dito—isang pagkikita-kita sa tahanan na maoorganisa upang maiakma sa pangangailangan ng bawat isa; at katulad lamang ito ng isang pulong sa simbahan, o maaari, gaya ng mga idinadaos sa kapilya."[8]

Ang payong ito ay sumasang-ayon din sa sinabi sa atin ni Elder Dean L. Larsen na: "Ang mga gusali ng ating simbahan ay hindi lamang mga lugar kung saan tayo sumasamba. Dapat ding maging mga lugar ng pagsamba ang ating mga tahanan. Makabubuti kung bawat araw ay 'makauuwi tayo sa simbahan.' Walang ibang lugar dapat kung saan ang Espiritu ng Panginoon ay mas tatanggapin at mas madaling matatamo kaysa sa sarili nating mga tahanan."[9]

Sa pagsisikap nating maisakatuparan ang lahat ng ito sa ating mga tahanan, makabubuti sa atin na tandaan ang mahalagang pahayag ni Pangulong Harold B. Lee na: "Tandaan na ang pinakamahalaga sa gawain ng Panginoon na gagawin mo [at ko] ay. . .sa loob ng mga dingding ng [ating] sariling tahanan."[10]

Ang samo ko ngayon ay maingat na pagmasdan ng bawat isa sa atin ang ating mga tahanan at ang lamesang pangkusina at patuloy na magsumikap na dalhin ang langit sa loob ng ating mga tahanan at lumapit kay Jesucristo.

Mula sa talumpati ni Elder Curtis sa pangkalahatang komperensiya ng Simbahan noong Abril 1995 (tingnan sa Conference Report, Abr. 1995, 109–11; o *Ensign,* Mayo 1995, 82–83).

MGA TALA

1. "Scriptures As They Relate to Family Stability," *Ensign,* Feb. 1972, 57.
2. "Home Can Be a Heaven on Earth," *Hymns,* no. 298.
3. Sa Conference Report, Okt. 1994, 74–75; or *Ensign,* Nob. 1994, 54.
4. *Pathways to Perfection* (1973), 26–27.
5. Sa Conference Report, Okt. 1990, 13; o *Ensign,* Nob. 1990, 12.
6. Sa "President Howard W. Hunter: Fourteenth President of the Church," *Ensign,* Hulyo 1994, 4–5.
7. In *Vital Quotations* (1968), ni Emerson Roy West, 171.
8. "Begin Where You Are—At Home," *Ensign,* Peb. 1972, 71.
9. Sa Conference Report, Okt. 1989, 78; o *Ensign,* Nob. 1989, 63.
10. *Strengthening the Home* (pamphlet, 1973), 7.

# Pagtuturo ng mga Alituntunin ng Ebanghelyo sa mga Bata

# 13

*Bahagi 1*

## Mga Ideya para sa Pagsasagawa

Batay sa sarili ninyong mga pangangailangan at kalagayan, sundin ang isa o ang kapwa mga mungkahing ito.

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 68:25–28. Habang nagbabasa kayo, tukuyin ang mga alituntunin at ordenansang iniutos ng Panginoon na ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak. Magplano ng ilang bagay na magagawa ninyo upang maituro ang mga alituntunin at ordenansang ito sa inyong mga anak o sa mga apo, pamangkin, o iba pang mga batang kilala ninyo.
- Habang binabasa ninyo ang sumusunod na lathalain, piliing ituon ang pansin sa isa o dalawa sa mga mungkahing ibinigay ni Elder Robert D. Hales. Sa paglitaw ng iba't ibang oportunidad, ituon ang pansin sa iba pang mungkahi mula sa lathalain.

## Takdang Babasahin

Pag-aralan ang sumusunod na lathalain. Kung kayo ay may asawa, basahin at talakayin ang lathalaing ito kasama ang inyong asawa.

### Pagpapatatag sa Mag-anak: Ang Ating Sagradong Tungkulin

Elder Robert D. Hales
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

**Pinatatatag ng Espiritu ang mga Mag-anak**

Ang pagpapatatag ng mag-anak ay ating sagradong tungkulin bilang mga magulang, anak, kamag-anak, pinuno, guro, at miyembro ng Simbahan.

Malinaw na itinuturo sa mga banal na kasulatan ang kahalagahan ng espirituwal na pagpapatatag ng mag-anak. Itinuro nina Amang Adan at Inang Eva ang ebanghelyo sa kanilang mga anak. Tinanggap ng Panginoon ang mga handog ni Abel na kanyang minamahal. Sa kabilang dako, si Cain ay "minahal si Satanas nang higit pa sa Diyos" at gumawa ng mabibigat na kasalanan. Sina Adan at Eva ay "nagdalamhati sa harapan ng Panginoon dahil kay Cain at sa kanyang mga kapatid," ngunit hindi sila huminto sa pagtuturo ng ebanghelyo sa kanilang mga anak (tingnan sa Moises 5:12, 18, 20, 27; 6:1, 58).

Dapat nating unawain na iba-iba ang mga kakayahan at talino ng ating mga anak. Ang ilan, tulad ni Abel, ay tila napagkalooban ng pananampalataya sa pagsilang. Ang iba'y nakikibaka sa bawat pagpapasiyang ginagawa nila. Bilang mga magulang, hindi natin dapat hayaang pahinain o alisin ng mga pananaliksik at pakikibaka ng ating mga anak ang ating pananampalataya sa Panginoon.

Nang ang Nakababatang si Alma ay "ginigiyagis ng pagdurusa. . .[at] sinasaktan ng alaala ng marami [niyang] kasalanan," naalala niyang narinig niya ang kanyang ama na nagtuturo tungkol sa pagparito ni "Jesucristo, ang Anak ng Diyos, upang magbayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan" (Alma 36:17). Ang mga salita ng kanyang ama ang umakay sa kanya sa pagbabalik-loob. Sa gayunding paraan, maaalala ng ating mga anak ang ating turo at patotoo.

Pinatotohanan ng 2,000 kabataang mandirigma sa hukbo ni Helaman na mabisang naituro sa kanila ng butihin nilang mga ina ang mga alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa Alma 56:47–48).

Sa sandali ng masidhing espirituwal na pananaliksik, sinabi ni Enos, "Ang mga salitang madalas kong marinig na sinasabi ng aking ama hinggil sa buhay na walang hanggan. . .ay tumimo nang malalim sa aking puso" (Enos 1:3).

Sa Doktrina at mga Tipan sinasabi ng Panginoon na kailangang turuan ng mga magulang ang kanilang mga anak "na maunawaan ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristong Anak ng buhay na Diyos, at ng pagbibinyag at kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, pagsapit ng walong taong gulang, . . .

"At tuturuan din nila ang kanilang mga anak na manalangin, at magsilakad nang matwid sa harapan ng Panginoon (D at T 68:25, 28).

### Nakapagpapatatag ng mga Mag-anak ang Pagtuturo ng Ebanghelyo

Habang itinuturo natin ang ebanghelyo sa ating mga anak sa pamamagitan ng salita at halimbawa, espirituwal na napatatatag at napatitibay ang ating mag-anak.

Malinaw ang mga salita ng ating mga buhay na propeta hinggil sa sagrado nating tungkulin na espirituwal na patatagin ang ating mga mag-anak. Noong 1995 nagbigay ng pahayag sa mundo ang Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawang Apostol na nagsasaad na "ang mag-anak ang sentro ng plano ng Lumikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak. . . . Ang mag-asawa ay may banal na tungkling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak. . . . Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, maglaan para sa kanilang pisikal at espirituwal na pangangailangan, turuan silang magmahal at maglingkod sa isa't isa, [at] sundin ang mga kautusan ng Diyos" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign,* Nob. 1995, 102).

Sa Pebrero ng taong ito, nanawagan ang Unang Panguluhan sa lahat ng magulang na "ilaan ang kanilang buong kakayahan sa pagtuturo at pagpapalaki ng kanilang mga anak sa mga alituntunin ng ebanghelyo na siyang magpapanatili sa kanilang malapit sa Simbahan. Ang tahanan ang batayan ng matwid na buhay, at walang ibang kasangkapan na makahahalili rito o makatutupad sa mahalagang gagampanan nito sa pagsusulong ng responsibilidad na ito na bigay ng Diyos."

Sa liham noong Pebrero, itinuro ng Unang Panguluhan na sa pamamagitan ng pagtuturo at pagpapalaki ng mga anak sa mga alituntunin ng ebanghelyo, mapangangalagaan ng mga magulang ang kanilang mga mag-anak mula sa mga nakasisirang elemento. Pinayuhan din nila ang mga magulang at anak "na magbigay ng pinakamataas na priyoridad sa panalanging pagmag-anak, gabing pantahanan ng mag-anak, pag-aaral at pagtuturo ng ebanghelyo, at mga makatuturang gawaing pangmag-anak. Gaano man kamarapat at kaangkop ang iba pang pangangailangan o gawain, hindi sila dapat pahintulutang alisin sa lugar ang banal na hinirang na mga tungkulin na tanging mga magulang at mga mag-anak lamang ang makagaganap nang sapat" (Liham ng Unang Panguluhan, ika-11 ng Pebrero 1999; isinaad sa *Church News,* ika-27 ng Pebrero 1999, 3).

Sa tulong ng Panginoon at ng Kanyang doktrina, lahat ng masasakit na epekto ng mga hamong maaaring kaharapin ng mag-anak ay mauunawaan at malalagpasan. Anuman ang mga pangangailangan ng mga miyembro ng mag-anak, mapatatatag natin ang ating mag-anak habang sinusunod natin ang payo ng mga propeta.

Ang susi ng pagpapatatag ng mag-anak ay ang pagkakaroon ng Espiritu ng Panginoon sa ating tahanan. Ang layunin ng ating mag-anak ay ang tumahak sa tuwid at makipot na landas.

### Mga Ideya para sa Pagpapatatag ng mga Mag-anak

Di-mabilang na mga bagay ang magagawa sa loob ng tahanan upang mapatatag ang mag-anak. Hayaan ninyong magbahagi ako ng ilang ideya na maaaring makatulong sa pagtukoy sa mga kinakailangang palakasin sa sarili nating mag-anak. Inihahandog ko ang mga ito nang may paghihikayat, na nalalamang bawat mag-anak—at bawat miyembro ng mag-anak—ay naiiba.

### Dapat Maging Ligtas na Lugar ang mga Tahanan

- Gawin nating ligtas na lugar ang tahanan kung saan makadarama ang bawat miyembro ng mag-anak ng pagmamahal at ng pagiging kabilang doon. Alalahanin na may iba't ibang angking kakayahan at talino ang bawat bata; bawat isa ay nangangailangan ng natatanging pagmamahal at pag-aalaga.
- Tandaan, "ang malumanay na sagot ay nakapapawi ng poot" (Mga Kawikaan 15:1). Nang ibuklod kami ng aking minamahal sa Salt Lake Temple, binigyan kami ni Elder Harold B. Lee ng matalinong payo: "Kapag pagalit kayong nagtaas ng boses, nililisan ng Espiritu ang inyong tahanan." Hindi natin dapat isara kailanman ang ating tahanan o ang ating puso sa ating mga anak dahil sa galit. Tulad ng alibughang anak, kailangang malaman ng ating mga anak na kapag nabatid nila ang kanilang pagkakamali makababaling sila sa atin para sa pagmamahal at payo.
- Gumugol ng oras para sa bawat anak, at hayaan silang pumili ng aktibidad at ng paksang pag-uusapan. Alisin ang mga makagagambala.

### Turuan ang Inyong mga Anak na Manalangin, Magbasa ng mga Banal na Kasulatan, at Makinig sa mga Karapat-dapat na Musika

- Hikayatin ang mga pansariling pag-uugaling pangrelihiyon ng inyong mga anak, tulad ng pansariling panalangin, pansariling pag-aaral ng banal na kasulatan, at pag-aayuno para sa mga natatanging pangangailangan. Sukatin ang

kanilang espirituwal na pag-unlad sa pamamagitan ng pagmamasid sa kanilang mga pananalita, at pakikitungo sa iba.

- Manalanging kasama ang inyong mga anak araw-araw.
- Magkasamang mag-aral ng mga banal na kasulatan. Natatandaan ko ang sarili kong ina at ama na nagbabasa ng mga banal na kasulatan habang nakaupo kaming mga anak sa sahig at nakikinig. Kung magkaminsan ay itinatanong nila, "Ano ang kabuluhan sa inyo ng banal na kasulatang iyon? Ano ang ipinadama nito sa inyo?" Pagkatapos ay makikinig sila sa amin habang sumasagot kami sa sarili naming mga salita.
- Basahin ang mga salita ng mga buhay na propeta at iba pang nagbibigay-inspirasyong lathalain sa magasin ng Simbahan para sa mga bata, kabataan, at mga nasa hustong gulang.
- Mapupuno natin ng himig ng karapat-dapat na musika ang ating mga tahanan habang sama-sama tayong umaawit mula sa aklat ng mga himno at *Aklat ng mga Awiting Pambata*.

**Magdaos ng Gabing Pantahanan ng Mag-anak at mga Pagsasanggunian sa Mag-anak**

- Magdaos ng gabing pantahanan ng mag-anak linggu-linggo. Bilang mga magulang, kung minsan ay masyado tayong natatakot magturo at magpatotoo sa ating mga anak. Pagkakamali ko rin iyon sa sarili kong buhay. Kailangan ng ating mga anak na mabahaginan natin sila ng mga espirituwal na damdamin at maturuan at magpatotoo sa kanila.
- Magdaos ng mga pagsasanggunian ng mag-anak upang talakayin ang mga plano at problema ng mag-anak. Ilan sa mga pinakamabisang pagsasanggunian ay ang isa-isang pakikipag-usap sa bawat miyembro ng mag-anak. Tulungan nating malaman ng ating mga anak na mahalaga ang kanilang mga ideya. Makinig at matuto sa kanila.

**Ibahagi ang Ebanghelyo, Suportahan ang mga Pinuno ng Simbahan, at Makilahok Bilang Mag-anak**

- Anyayahan ang mga misyonero na turuan sa ating tahanan ang mga kaibigan nating di-gaanong aktibo o di-miyembro.
- Ipakitang sinasang-ayunan at sinusuportahan natin ang mga pinuno ng Simbahan.
- Kumain nang sama-sama hangga't maaari, at magkaroon ng makabuluhang talakayan sa oras ng pagkain.
- Sama-samang gumawa bilang isang mag-anak, kahit na mas mabilis at madaling matapos ang trabaho kung tayong mag-isa lang ang gagawa nito. Kausapin ang ating mga anak habang magkasamang gumagawa. May ganyang pagkakataon kami ng aking ama tuwing Sabado.

**Turuan ang Ating mga Anak na Maging Mabuting Kaibigan at Maghanda para sa Hinaharap**

- Tulungan ang ating mga anak na matuto kung paano bubuo ng mabuting pakikipagkaibigan at magandang pakikitungo sa kanilang mga kaibigan sa ating mga tahanan. Makipagkilala sa mga magulang ng mga kaibigan ng ating mga anak.
- Turuan ang ating mga anak sa pamamagitan ng halimbawa kung paano magbadyet ng panahon at kabuhayan. Tulungan silang matutong umasa sa sariling kakayahan at ang kahalagahan ng paghahanda para sa hinaharap.

**Magbahagi ng mga Pamana at Tradisyong Pangmag-anak**

- Ituro sa ating mga anak ang kasaysayan ng ating mga ninuno at ang kasaysayan ng ating sariling mag-anak.
- Bumuo ng mga tradisyong pangmag-anak. Magplano at magsagawa ng mga makabuluhang bakasyon nang sama-sama, na isinasaalang-alang ang mga pangangailangan, talino, at kakayahan ng ating mga anak. Tulungan silang lumikha ng masasayang alaala, paunlarin ang kanilang mga talino, at magkaroon ng pagpapahalaga sa sarili.

**Ituro ang Kahalagahan ng Pagsunod sa mga Kautusan at Pagtanggap ng mga Ordenansa**

- Sa pamamagitan ng salita at halimbawa, magturo ng mga pagpapahalagang moral at matibay na hangaring sundin ang mga kautusan.
- Pagkatapos ng aking binyag at pagpapatibay, isinama ako ng aking ina sa isang tabi at tinanong, 'Ano ang nadarama mo?' Ipinaliwanag ko sa abot ng aking makakaya ang init ng damdamin ng kapayapaan, ginhawa, at kaligayahan na napasaakin. Ipinaliwanag ni Inay na ang nadarama ko ay ang natanggap kong kaloob, ang kaloob na Espiritu Santo. Sinabi niya sa akin na kung mamumuhay ako nang marapat doon, patuloy na mapapasaakin ang kaloob na iyon. Isang sandali ng pagkatuto iyon na nanatili sa akin sa buong buhay ko.

Ituro sa ating mga anak ang kahalagahan ng binyag at pagpapatibay, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, pakikibahagi ng sakramento, paggalang sa pagkasaserdote, at paggawa at pagtupad ng mga tipan sa templo. Kailangan nilang malaman ang kahalagahan ng pamumuhay nang karapat-

dapat sa isang rekomendasyon sa templo at paghahanda para sa kasal sa templo.

- Kung hindi pa kayo naibubuklod sa inyong asawa at mga anak sa templo, magsikap bilang mag-anak na makatanggap ng mga pagpapala ng templo. Magtakda ng mga layunin sa templo bilang mag-anak.
- Maging karapat-dapat sa pagkasaserdoteng taglay ninyo, mga kapatid, at gamitin ito para pagpalain ang buhay ng inyong mag-anak. . . .

**Alamin ang mga Gawain sa Komunidad, Paaralan, at Simbahan**

May mga mapagkukunan sa labas ng tahanan. Makapagpapatatag ng mag-anak ang matalinong paggamit sa mga ito.

- Hikayatin ang ating mga anak na maglingkod sa Simbahan at sa komunidad.
- Makipag-usap sa mga guro, tagasanay, tagapayo, namumunong guro sa klase ng ating mga anak, at mga pinuno ng Simbahan tungkol sa mga problema at pangangailangan ng ating mga anak.
- Alamin ang ginagawa ng ating mga anak sa mga libre nilang oras. Impluwensiyahan ang pagpili nila ng mga pelikula, programa sa telebisyon, at video. Kung gumagamit sila ng Internet, alamin kung ano ang ginagawa nila. Tulungan silang malaman ang kahalagahan ng makabubuting paglilibang.
- Hikayatin sila sa mga makabuluhang aktibidad sa paaralan. Alamin kung ano ang pinag-aaralan ng ating mga anak. Tulungan sila sa kanilang mga takdang-aralin. Tulungan silang maunawaan ang kahalagahan ng edukasyon at paghahanda para makapagtrabaho at sariling kasapatan.
- Mga kabataang babae: Dumalo sa Samahang Damayan pagtuntong ninyo sa ika-18 taon ng inyong kaarawan. Maaaring nag-aalangan ang ilan sa inyo sa pagbabagong iyon. Maaaring natatakot kayong hindi makabagay. Mga kapatid kong kabataang babae, hindi totoo iyan. Napakaraming nakalaan para sa inyo sa Samahang Damayan. Maaari itong maging isang pagpapala sa buong buhay ninyo.
- Mga kabataang lalaki: Igalang ninyo ang Pagkasaserdoteng Aaron. Ito ay pagkasaserdoteng maghahanda sa inyo para sa Pagkasaserdoteng Melquisedec. Maging ganap na aktibo sa korum ng mga elder kapag naordenan kayo sa Pagkasaserdoteng Melquisedec. Ang kapatiran, ang tagubilin sa korum, at ang mga pagkakataong maglingkod sa iba ay magpapala sa inyo at sa inyong mag-anak sa buong buhay ninyo.

**Sundin ang Halimbawa ng Pagmamahal ng Panginoon**

Mapalalakas ang bawat mag-anak sa iba't iba paraan kung nasa loob ng tahanan ang Espiritu ng Panginoon at nagtuturo tayo sa pamamagitan ng Kanyang halimbawa.

- Kumilos nang may pananampalataya; huwag tumugon nang may takot. Kapag nagsisimula nang subukan ng ating mga kabataan ang mga pinahahalagahan ng mag-anak, kailangang humingi ng gabay sa Panginoon ang mga magulang tungkol sa mga partikular na pangangailangan ng bawat mag-anak. Ito ang panahon para sa karagdagang pagmamahal at suporta at pagbibigay-diing muli sa mga turo tungkol sa paraan ng mga pagpili. Nakakatakot hayaang matuto ang ating mga anak sa mga pagkakamaling nagawa nila, ngunit mas malamang na kusang-loob nilang piliin ang paraan ng Panginoon at ang mga pinahahalagahan ng mag-anak kapag nanggagaling sa kalooban ang pagpili kaysa sa tinatangka nating igiit ang mga pinahahalagahang iyon sa kanila. Ang paraan ng pagmamahal at pagtanggap ng Panginoon ay mas mabuti kaysa sa paraan ng pamumuwersa at pamimilit ni Satanas, lalung-lalo na sa pagpapalaki ng mga kabataan.
- Tandaan ang mga salita ni Propetang Joseph Smith: "Wala nang iba pang natatantiyang makaaakay sa mga tao na talikuran ang kanilang kasalanan maliban sa pag-akay sa kanila, at pagkalinga sa kanila nang may pagmamahal. Kapag nagpapakita ng kahit kaunting kabaitan at pagmamahal sa akin ang isang tao, napakalakas ng kapangyarihan nito sa aking isipan, samantalang ang kasalungat nito ay malamang na lalo pang patindihin ang sakit ng damdamin at palungkutin ang isip ng tao" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 240).

**Babalik ang mga Anak na Naligaw**

- Bagama't nalulungkot tayo kapag, matapos gawin ang lahat ng magagawa natin, ay lumalayo pa rin sa landas ng kabutihan ang ilan sa ating mga anak, nakapagbibigay-kaaliwan sa atin ang mga salita ni Orson F. Whitney: "Bagama't gumagala ang ilan sa mga tupa, nakatutok sa kanila ang mata ng Pastol, at hindi magtatagal madarama nila ang mga galamay ng Banal na Maykapal na inaabot sila at ibinabalik silang muli sa kawan. Sa buhay mang ito o sa buhay na darating, magbabalik sila. Kinakailangang magbayad sila ng utang sa katarungan; pagdurusahan nila ang kanilang kasalanan; at maaaring tumahak sa matinik na landas; ngunit kung aakayin sila

nito sa wakas, tulad ng nagsisising alibughang anak, sa mapagmahal at mapagpatawad na puso ng [ina at] ama at sa tahanan, hindi mawawalang-kabuluhan ang masakit na karanasan. Ipanalangin natin ang [ating] mga mapagpabaya at di-masunuring mga anak; hawakan natin sila nang [ating] pananampalataya. Umasa, maniwala, hanggang sa makita ninyo ang kaligtasan ng Diyos" (binanggit ni Joseph Smith, sa Conference Report, Abr. 1929, 110).

### Makapagbibigay ng Lakas ang mga Kabinataan at Kadalagahan at Kamag-anak

- Paano kung wala kayong asawa o hindi nabiyayaan ng mga anak? Kailangan ba ninyong pag-ukulan ng pansin ang payong may kinalaman sa mga mag-anak? Oo. Isang bagay ito na kailangan nating malaman sa buhay sa mundo. Kadalasang nakapagbibigay ng natatanging uri ng lakas sa mag-anak ang mga walang asawang miyembro ng mag-anak, nagiging napakalaking pinagmumulan ng suporta, pagtanggap, at pagmamahal sa kanilang mga mag-anak at sa mga mag-anak na nakapalibot sa kanila.
- Maraming miyembro ng kamag-anak na nasa hustong gulang ang nakagaganap ng papel ng pagiging magulang sa sariling pamamaraan nila. May malaking impluwensiya sa mag-anak ang mga lolo at lola, tiya at tiyo, kapatid, pamangkin, pinsan, at iba pang miyembro ng mag-anak. Nais kong ipahayag ang aking pasasalamat sa sarili kong mga kamag-anak na gumabay sa akin sa pamamagitan ng halimbawa at patotoo. Kung minsan ay may mga bagay na nasasabi ang mga kamag-anak na hindi nasasabi ng mga magulang nang hindi nagkakaroon ng pagtatalo. Matapos ang mahabang personal na pakikipag-usap sa kanyang ina, isang kabataang babae ang nagsabi: "Natatakot akong sabihin sa inyo ni Itay na may nagawa akong hindi tama. Pero mas malubha ang mangyayari kung sasabihin ko ito kay Tiya Susan. Hindi ko kayang pasamain ang loob niya.

### Walang mga Perpektong Mag-anak

Gayong alam natin na narito tayo sa lupa upang matuto at palakasin ang ating pananampalataya, kailangang maunawaan natin na may pagsalungat sa lahat ng bagay. Sa isang pagsasanggunian sa tahanan ko, sinabi ng aking asawa, "Kapag iniisip ninyo na may perpektong mag-anak, hindi lang ninyo sila lubos na kilala."

### Isaayos ang Sambahayan at Mag-anak

Mga kapatid, bilang mga magulang pakinggan natin ang payo, maging ang mahigpit na utos na ibinigay ng Panginoon kay Joseph Smith at sa mga pinuno ng Simbahan noong 1833 na "isaayos [ninyo] ang inyong sambahayan" (D at T 93:43). "Ipinag-utos ko sa inyo na palakihin ang inyong mga anak sa liwanag at katotohanan" (D at T 93:40). "Ayusin ang [inyong] mag-anak, at tiyaking sila ay maging higit na masigasig at mapagmalasakit sa tahanan, at manalanging tuwina, o sila ay aalisin sa kanilang kinalalagyan" (D at T 93:50).

Ang mga propeta sa ating panahon ay nagbigay ng gayunding payo at babala sa mga magulang na ayusin ang ating mga mag-anak. Nawa ay mapagpala tayo ng inspirasyon at pag-ibig na tugunan ang oposisyon nang may pananampalataya sa loob ng ating pamamahay. Malalaman natin pagkatapos na lalo tayong mapapalapit sa Panginoon at sa isa't isa ng ating mga pagsubok. Nawa'y pakinggan natin ang tinig ng propeta at ayusin ang ating sariling mga tahanan (tingnan sa D at T 93:41–49). Napalalakas ang mag-anak kapag lumalapit tayo sa Panginoon, at bawat miyembro ng ating mag-anak ay napalalakas habang iniaangat at pinalalakas at minamahal at pinagmamalasakitan natin ang isa't isa. "Iniaangat mo ako at iniaangat kita at magkasama tayong papaitaas" (Kawikaang Quaker).

Nawa'y matanggap at mapanatili natin ang Espiritu ng Panginoon sa ating mga tahanan upang mapatatag ang ating mag-anak. Idinadalangin ko na bawat miyembro ng ating mag-anak ay mamalagi sa "makipot at makitid na landas na patungo sa buhay na walang hanggan" (2 Nephi 31:18).

Mula sa talumpati ni Elder Hales sa pangkalahatang komperensiya ng Simbahan noong Abril 1999 (tingnan sa Conference Report, Abr. 1999, 39–4; o *Ensign,* Mayo 1999, 32–34).

# Pagtuturo ng mga Alituntunin ng Ebanghelyo sa mga Bata 14

*Bahagi 2*

## Mga Ideya para sa Pagsasagawa

Batay sa sarili ninyong mga pangangailangan at kalagayan, sundin ang isa o higit pa sa mga mungkahing ito.

- Bilang mag-anak, magplano ng gawaing sama-sama kayong makapaglilingkod.
- Gumawa ng gawaing-bahay na kasama ang isa sa inyong mga anak o apo, pamangkin, o isa pang bata sa inyong mag-anak. Makipag-usap sa bata habang nagtatrabaho kayo. Samantalahin ang pagkakataong makapagturo nang hindi nagiging palapintas sa pagsisikap ng bata na makatulong.
- Basahin ang mga sumusunod na bahagi sa polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan* (34285 893): "Media: Mga Pelikula, Telebisyon, Radyo, Videocassette, mga Aklat, at mga Magasin" (mga pahina 13–14), "Musika at Pagsayaw" (mga pahina 16–17), at "Seksuwal na Kadalisayan" (mga pahina 17–20). Matapos ninyong repasuhin ang materyal, alamin kung sino sa inyong mga anak ang makikinabang mula sa pagbabasa at pagtalakay ng materyal na ito.

## Takdang Babasahin

Pag-aralan ang sumusunod na lathalain. Kung kayo ay may asawa, basahin at talakayin ang lathalaing ito kasama ang inyong asawa.

### Turuan ang mga Anak

Pangulong Boyd K. Packer
Gumaganap na Pangulo ng Korum
ng Labindalawang Apostol

Pinatutunayan ng bilang ng mga taong naririto at sa iba pang lugar ang di-mapatid na uhaw para sa katotohanan na kaakibat ng pagiging miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Habang idinadalangin ko kung ano ang pinakakapaki-pakinabang sa inyo, naisip ko na tatlong linggo mula ngayon sasapitin ko na ang aking ika-75 kaarawan at palipat na sa pinili kong tawaging *dakong itaas ng katanghaliang-gulang.*

Halos mahigit 50 taon na akong guro. Tiyak na makakatulong sa inyo ang isang bagay na natutuhan ko.

Natuto ako sa karanasang ito: Tuturuan tayo ng buhay ng ilang bagay na hindi natin inakalang gusto nating malaman. Maaaring maging pinakamahahalagang bagay ang mahihirap na leksyong ito.

May natutuhan pa akong iba tungkol sa pag-aaral sa aking pagtahak sa *dakong huli ng katanghaliang-gulang.* Pag-isipan ninyo ang pag-uusap na ito sa pagitan ng isang doktor at isang pasyente:

Doktor: "Paano ko kayo matutulungan? Ano ba ang problema ninyo?"

Pasyente: "Itong memorya ko, doktor. May babasahin ako, tapos ay hindi ko ito maalala. Hindi ko maalala kung bakit ako pumasok sa isang kuwarto. Hindi ko matandaan kung saan ko inilalagay ang mga bagay-bagay."

Doktor: "Ganoon ba, sabihin nga ninyo, kailan pa kayo binabagabag ng kondisyong ito?"

Pasyente: "Gaano katagal nang bumabagabag sa akin ang anong kondisyon, Dok?"

Ngayon, kung natawa kayo riyan, maaaring wala pa kayong 60 o pinagtatawanan ninyo ang inyong sarili.

**Pagtuturo sa mga Anak Habang Silay ay Bata Pa**

Kapag tumanda na kayo, hindi na kayo matututo o makapagsasaulo o makapag-aaral na tulad noong kabataan ninyo. Iyon kaya ay dahilan kung bakit ipinayo ni Propetang Alma na, "matuto ng karunungan sa iyong kabataan; oo, matuto sa iyong kabataan na sumunod sa mga kautusan ng Diyos"?[1]

Humihirap para sa akin ang magsaulo ng mga banal na kasulatan at mga taludtod ng tula. Noong kabataan ko isa o dalawang beses ko lang pinapaulit-ulit ang mga salita at matatandaan ko na ito. Kapag

inulit ko ito nang maraming beses, permanente na itong nakikintal sa isipan ko.

Ang kabataan ay panahon ng madaling pagkatuto. Iyan ang dahilan, kung bakit sa simula pa lang ay napakalaking alalahanin na ng mga pinuno ng Simbahan ang mga bata at kabataan.

Napakahalagang maituro ang ebanghelyo at mga leksyon ng buhay sa mga bata at kabataan.

Iniatang ng Panginoon ang unang responsibilidad sa mga magulang at binibigyan sila ng babala:

"Yayamang ang mga magulang ay may mga anak sa Sion, . . .na hindi nagtuturo sa kanila na maunawaan ang doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo ang Anak ng buhay na Diyos, at ng pagbibigay at ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, pagsapit ng walong taong gulang, ang kasalanan ay nasa ulo ng mga magulang."[2]

Pangunahing layunin ng Simbahang ito na turuan ang mga kabataan: una sa tahanan at pagkatapos sa simbahan.

**Pag-iimbak ng Kaalaman**

Isa pang bagay na natutuhan ko ay may kinalaman sa pag-alala natin sa natutuhan natin noong bata pa tayo. Sa ngayon maaaring maghintay ng maraming taon bago kailanganin ang kaalamang inimbak sa murang isipan.

Hayaan ninyong ilarawan ko ito. Lubos akong nababagabag na may mga miyembro na nagwawalang-bahala sa payo ng obispo o, sa kabilang dako naman, ay labis na umaasa sa kanya.

Napagpasiyahan kong magsalita sa pangkalahatang komperensiya tungkol sa obispo.

Mapanalangin akong naghanda, at naalaala ko ang isang pag-uusap 50 taon na ang nakararaan. Tinugunan nito ang pangangailangan ko bilang guro—ganap na tinugunan. Babanggitin kong muli ang pag-uusap na iyon gaya ng ginawa ko sa pangkalahatang komperensiya:

"Maraming taon na ang nakararaan naglingkod ako sa mataas na kapulungan ng istaka kasama ni Emery Wight. Sa loob ng 10 taon naglingkod si Emery bilang obispo ng panlalawigang Harper Ward. Ang kanyang asawa, si Lucille, ang aming naging pangulo ng Samahang Damayan.

"Sinabi sa amin ni Lucille na isang umaga ng tagsibol ay may isang kapitbahay ang kumatok sa pinto at hinanap si Emery. Sinabi niya sa kapitbahay na nasa labas ito at nag-aararo. Sumunod, nagsalita nang may labis na pagkabahala ang kapitbahay. Nang umagang iyon naparaan siya sa bukid at napansin niya ang mga kabayo ni Emery na nakatayo sa hindi pa natatapos na tudling na nakasabit ang renda sa ibabaw ng araro. Hindi matanaw kahit saan si Emery. Walang inakalang anuman ang kapitbahay hanggang sa dumaan siyang muli sa bukid nang malaunan, at hindi pa rin gumagalaw ang mga hayop. Inakyat niya ang bakod at tinawid ang bukid patungo sa mga kabayo. Hindi niya maapuhap kahit saan si Emery. Nagmamadali siyang nagtungo sa bahay para ipagbigay-alam kay Lucille.

"Payapang sumagot si Lucille, 'A, huwag kang mag-alala. Siguradong may nagkaproblema at sinundo ang obispo.'

"Ang imahen ng mga kabayong iyon na nakatayo sa bukid sa loob ng maraming oras ay sumasagisag sa dedikasyon ng mga obispo sa Simbahan at ng mga tagapayo na nakaalalay sa kanila. Bawat obispo at bawat tagapayo, sa matalinghagang pananalita, ay iiwanang nakatayo ang kanilang mga hayop sa hindi pa tapos na tudling kapag may isang nangangailangan."[3]

Kailanma'y hindi ko pa nagamit sa pananalita ang karanasang iyon—hindi iyon sumagi sa isip ko kailanman.

Gusto kong ihanda muna ito sa isipan ko bago magsalita sa komperensiya, kaya hinanap ko ang anak na babae ni Emery Wight. Pumayag siyang makipagkita sa akin sa kanilang lumang tahanan at ipinakita sa akin ang bukid na maaaring inaararo ng kanyang ama nang araw na iyon.

Dinala ako roon ng isa sa mga anak kong lalaki isang Linggo ng umaga. Kinunan niya ito ng ilang letrato.

Isang napakagandang umaga iyon ng tagsibol. Bagong araro ang bukid, tulad ng pagkakaararo dito maraming taon na ang nakararaan. Kumakain ang mga tagak sa bagong bungkal na lupa.

Ang dagliang pag-alala, na nagpapagunita sa pag-uusap na iyon, ay pangkaraniwan sa akin. Pinagtitibay nito ang katotohanan ng banal na kasulatan—isang bagay na nagkataong naisaulo ko noong aking kabataan—

"Ni huwag kayong mabalisa kung ano ang inyong sasabihin; kundi papagyamanin sa inyong mga isipan tuwina ang mga salita ng buhay, at ibibigay ito sa inyo sa oras na iyon yaong bahagi na nararapat ipagkaloob sa bawat tao."[4]

May kasunod na pangako sa mga nag-iimbak ng kaalaman:

"Sinuman ang tatanggap sa inyo, naroroon din ako, sapagka't ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at

ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo."[5]

Magandang leksyong iyon sa akin, pero hindi nagwakas doon ang leksyon ko.

Nagpinta at Naglilok noong kabataan ko. Natutuhan ko ito nang halos sa sarili ko lang. Habang lumalaki ang mga anak [ko], ginugol ko ang panahon ko sa pagtuturo sa kanila tungkol sa mga bagay na natutuhan ko sa buhay at tungkol sa paglililok at pagpipinta ko nang bata pa ako.

Nang magsilaki na sila, nag-aral ako ng paglililok para pampalipas-oras. Lumilok ako ng mga ibon at gumugol ng maraming oras sa paglililok. Kapag tinatanong ako kung, "Gaano mo katagal nililok ito?" lagi kong isinasagot, "Ewan ko. Kung alam ko lang noon, di ko tinapos ito."

Sa mga oras na iyon na ginagamit ko ang aking mga kamay sa paggawa, nagnilay-nilay ako tungkol sa kamangha-manghang paglikha, at dadaloy na ang inspirasyon. Habang lumililok ako ng kahoy, lumililok ako ng mga talumpati.

Napapahinga ako sa paglililok. Minsan kapag pagod ako at mainit ang ulo, sasabihin ng asawa ko, "Simulan mo na kayang maglilok."

Palagay ko kung tatalas nang kaunti ang memorya kong nasa *dakong huli ng katanghaliang-gulang*, maituturo ko ang isa sa aking mga nililok at masasabi kung anong talumpati ang kinakatawan nito. Natutuhan ko na sa mga payapang sandaling iyon sabay kong magagawa ang dalawang bagay.

**Paggapas ng Ani mula sa Pagtuturo**

Hindi ko na kayang maglilok. Masyado nang delikado para sa akin ang gawaing ito dahil sa aking salamin at ngayo'y naninigas na nang kaunti ang mga daliri ko at kasu-kasuan dahil sa polyo noong kabataan ko. Bukod pa riyan nalilimitahan ng mga hinihingi ng aking tungkulin ang panahon na inilalaan ko sa paglililok at paghahanda ng mga talumpati.

Nawala nang tuluyan sa akin ngayon ang kakayahang maglilok, ngunit hindi sa aming mga anak. Tinuruan namin sila nang sila'y mga bata pa.

Nananatili pa rin sa isipan ko ang larawan ng mga hayop na nakatayo sa bukid. Inisip ko na marahil makapipinta ako ng mga hayop ng obispo na nakatayo sa bukid na nakasabit ang renda sa ibabaw ng araro.

Nag-alangan ako dahil siyam na taon na ang nakararaan mula nang ipinta ko ang larawang iyon. Dalawang kaibigang may di-pangkaraniwang talino at inspirasyon ang nag-alok ng tulong para maipinta ko ang mga hayop ng obispo, at nakapahinga naman ako sa pagbibiyahe sa buwan ng Hulyo, kaya nagsimula ako.

Napakarami kong natutuhan mula sa dalawang kaibigang iyon, at talagang makikita ang impluwensiya nila sa ipininta ko. Ngunit nakatanggap pa ako ng tulong mula sa dalawang anak kong lalaki. Isa sa kanila ang kumuha ng mga letratong iyon ng inararong bukid, dahil lagi kong sinisikap na maging eksaktong-eksakto kapag naglalarawan ng bagay sa paglilok o sa pagpinta o sa talumpati.

Isa pang leksyon iyon. May makukuha akong bagay mula sa aming mga anak na natutuhan nila noong bata pa sila.

Ipinasiya ng isa kong anak na lalaki na maglilok ng mga hayop ng obispo na momoldehin sa tanso para maging katuwang ng ipininta ko. Maraming makabuluhang oras ang ginugol namin sa pagtutulungan.

Kumuha siya sa kamalig namin ng ilang lumang guwarnis na hindi nagalaw sa pagkakasabit sa loob ng mahigit 50 taon. Pinagpagan niya ito at iniuwi sa bahay. Itinali niya ang isang guwarnis sa isang napakatiyagang kabayong pangarera. Tahimik itong nakatayo habang inaayos niya ang guwarnis sa tamang lugar at gumagawa ng mga detalyadong drowing nito.

Nangolekta ng ilang lumang pang-araro ang kapitbahay niya. Isa roon ang luma ngunit magandang uri ng araro na idinrowing din niya.

At bumalik nga ang ibinigay sa mga anak na iyon sa kanilang kabataan. At tulad din sa iba pa naming mga anak, pinagbuti rin nila ang mga itinuro namin bilang mga magulang noong maliliit pa sila. At kung pahahabain man ang buhay namin sa mundo, may darating pang pangalawang tag-ani—ang aming mga apo—at marahil mayroon pang pangatlo.

**Gisinging Muli ang mga Natutulog na Talino**

May isa pa akong muling natutuhan. May ipininta ako noon na isang larawang bunga ng mga komentaryong narinig ko noong bata pa ako. Isinasalarawan nito ang Willard Peaks. Naringgan kong tinutukoy ito ng matatanda na *Ang Panguluhan.* Ang tatlong malahigante at purong taluktok na ito na nakatayong salungat sa langit ay sumasagisag sa mga pinuno ng Simbahan.

Siyam na taon na noon ang nakalipas. Dinala ako ng aking anak sa Willard, Utah, at kinunan ng letrato ang mga taluktok. Bumalik kaming muli kung kailan mas maraming anino at iba't ibang kulay.

Matapos ang mga taong iyon kinailangan kong gisingin ang hinayaan kong makatulog. Napakahirap gawin ito noong una. Ilang beses kong tinangkang sumuko. Isa sa mga kaibigan ko ang naghikayat sa akin sa pagsasabing, "Ituloy mo! Palaging may pagkakataon para makapagsimula."

Hindi ako sumuko, dahil lang sa ayaw akong payagan ng asawa kong gawin iyon. Natutuwa ako ngayon at hindi ko ginawa iyon. Marahil, ngayong nagsimula na naman ako nito, gagawa ulit ako ng isa pang dibuho balang araw—malay ninyo.

Palagay ko ang pagsisikap na makabalik muli sa pagpipinta ay hindi kaiba sa isang matagal na naging di-aktibo sa Simbahan at nagpasiyang bumalik sa kawan. Mayroong gayong panahon ng pakikibaka na masanay na muli sa anumang matagal nang tulog ngunit hindi naman talagang nawala. At nakakatulong ang pagkakaroon ng isa o dalawang kaibigan.

Iyan ang isa pang alituntunin ng pag-aaral—ang pagkakaroon ng mga leksyon mula sa karaniwang karanasan sa buhay.

Malapit nang matapos ang dibuho na *Ang mga Kabayo ng Obispo.* Nasa tubugan pa ng tanso ang nililok ng aking anak.

Nagkataong higit na maganda ang kanyang nililok kaysa sa ipininta ko. Iyan naman ang dapat asahan. Ang bata niyang mga kamay at isipan ay mas madaling matuto kaysa sa akin.

Sa pagsapit natin sa *dakong huli ng katanghaliang-gulang* nalalaman natin na hindi na madaling bumaluktot ang matatandang buto, hindi na madaling gumalaw ang matatandang kasu-kasuan. Hindi na madaling magtali ng sapatos sa oras na lumampas na kayo sa 60 taong gulang—sa panahong iyon ay ibinababa na nila ang mga sahig.

Nariyan na namang muli ang leksyong iyan, "Matuto ng karunungan sa iyong kabataan; oo, matuto sa iyong kabataan na sumunod sa mga kautusan ng Diyos."[6]

"Ang kaluwalhatian ng Diyos ay katalinuhan, o sa ibang salita, liwanag at katotohanan."[7]

"Ipinag-utos ko sa inyo na palakihin ang inyong mga anak sa liwanag at katotohanan."[8]

Ang makalangit na kaloob na Espiritu Santo ay iginagawad sa ating mga anak kapag sila ay walong taong gulang pa lamang.

"Ang Mang-aaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang *magtuturo* sa inyo ng *lahat* ng mga bagay, at *magpapaalala* ng *lahat* na sa inyo'y aking sinabi."[9]

Pansinin ang mga salitang *magtuturo* at *magpapaalala.*

Nagdudulot ng sariling gantimpala ang pagtuturo ng mga anak. Hindi pa ba ninyo nalalaman na kapag nagtuturo kayo higit kayong natututo sa itinuturo ninyo kaysa sa mga anak ninyo?

**Makaaasa Tayo sa mga Espirituwal na Alaala**

May kaibhan ang pagtatamo ng temporal na kaalaman sa pagtatamo ng espirituwal na kaalaman. Natututuhan iyan ng mga estudyante sa araw ng pagsusulit. Napakahirap tandaan ng isang bagay na hindi mo naman talagang pinag-aralan.

Totoo iyan sa temporal na kaalaman, ngunit espirituwal tayong matututo sa alaalang bumabalik sa panahon bago pa tayo isinilang. Maaaring maging matalas ang ating pakiramdam sa mga bagay na hindi naunawaan noong mas bata pa tayo.

May nadama ang makatang si Wordsworth tungkol sa buhay bago ang buhay na ito nang isinulat niya,

*Ang pagsilang ay paglimot at paghimlay;*
*Ang Kaluluwang bumangon, bituin ng buhay;*
*Lumubog sa ibang dako,*
*At nanggaling sa malayo:*
*Hindi sa pagkalimot na ganap,*
*Ni sa lubos na kahubaran,*
*Ngunit tumatahak sa maluwalhating ulap*
*Mula sa Diyos, na ating tahanan.*[10]

Hinugot ko ang mga taludtod na iyon sa aking alaala, kung saan ko inimbak ang mga ito sa isang klase sa Ingles sa kolehiyo.

Nagmumula sa mga karaniwang pangyayari sa buhay ang pinakamahahalagang leksyon.

May ilang naghihintay sa mapamilit na mga espirituwal na karanasan upang pagtibayin ang kanilang patotoo. Hindi iyan naidadaan sa ganyang paraan. Ang mga tahimik na panghihikayat at paramdam ng mga karaniwang bagay ang nagbibigay-katiyakan sa atin ng ating pagkakakilanlan bilang mga anak ng Diyos. Mas mababa ang uri ng ating pamumuhay kaysa sa ating mga pribilehiyo kapag naghahanap tayo ng mga palatandaan at tumitingin "nang lampas sa tanda"[11] para sa mga kagila-gilalas na pangyayari.

Tayo ay mga anak ng Diyos, dahil nabuhay tayong kasama Niya sa buhay bago tayo isinilang. Paminsan-minsan ay nahahawi ang tabing na iyan. Dumarating sa atin ang pamilyar na damdamin hinggil sa kung sino tayo at ang kalalagyan natin sa mga walang hanggang plano ng mga bagay-bagay. Tawagin natin iyang alaala o espirituwal na kabatiran, isa ito sa mga patotoong iyon na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay totoo. Dumarating ang gayong mga paghahayag kapag nagtuturo tayo.

Minsan ay narinig ko si Pangulong Marion G. Romney (1897–1988) na nagsasabing: "Lagi kong nalalaman kapag nagsasalita ako sa ilalim ng impluwensiya ng Espiritu Santo dahil lagi akong may natututuhan sa sinasabi ko."

Sinabi ng Panginoon sa mga elder:

"Kayo ay hindi isinugo upang maturuan, kundi upang turuan ang mga anak ng tao ng mga bagay na aking inilagay sa inyong mga kamay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng aking espiritu;

"At kayo ay kailangang maturuan mula sa kaitaasan. Pabanalin ang inyong sarili at kayo ay pagkakalooban ng kapangyarihan, nang kayo ay makapagbigay maging gaya ng aking sinabi."[12]

Kahit na kakaunti lang ang pag-ani ng mga napabalik-loob para sa mga misyonero, dumarating sa kanila at sa Simbahan ang espirituwal na kapangyarihan dahil natututo sila mula sa kanilang pagtuturo.

Ang pangulo ng korum ng mga diyakono ay uupo sa kapulungan at tuturuan ang kapwa nila diyakono.[13] Ang pangulo ng korum ng mga elder ay tuturuan ang mga miyembro ng kanyang korum alinsunod sa mga tipan.[14]

Sinabi ni Pablo kay Timoteo: "Ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba."[15]

Ipinaliwanag niya sa labindalawang salita kung paano naging gantimpala ng pagtuturo ang sarili nito:

"*Ikaw nga na nagtuturo sa iba, hindi mo tinuturuan ang iyong sarili?* Ikaw na nangangaral sa tao na huwag magnanakaw, ay nagnanakaw ka?

"Ikaw na nagsasabing ang tao ay huwag mangalunya, ay nangangalunya ka?"[16]

**Pagkukusang-loob na Matuto**

Noong isang araw nakatanggap ako ng liham na humihingi ng paumanhin tulad ng naranasan ko na sa maraming pagkakataon. Sinasabi sa liham kung gaano katindi ang hinanakit at galit ng miyembrong iyon sa akin sa matagal na panahon dahil sa pagsasalitang ibinigay ko. Humihiling ito ng kapatawaran.

Mabilis akong magpatawad. Kasangkapan lang ako kapwa sa pagbibigay ng pagsasalita at pagpapaabot ng kapatawaran.

Naglalaman ng maraming reperensiya ang mga banal na kasulatan na naghahayag kung gaano "kasakit"[17] para sa mga Israelita at Nephita na tanggapin ang mga turo ng mga propeta at apostol. Napakadaling tanggihan ang turo at kamuhian ang guro. Iyan na ang kapalaran ng mga propeta at apostol mula pa nang simula.

Itinuturo ng isa sa mga Lubos na Pagpapala na:

"Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalimura, at kayo'y pinag-uusig, at kayo'y pinagwiwikaan ng sarisaring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa akin.

"Magalak kayo at mangagsayang totoo: sapagkat malaki ang ganti sa inyo sa langit: sapagka't gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta na nangauna sa inyo."[18]

Karaniwan nang sinasabi sa mga liham na humihingi ng kapatawaran na, "Hindi ko maunawaan kung bakit kinailangan ninyong ipadama sa akin ang pagkaasiwa at pang-uusig ng budhi." Pagkatapos, dahil sa kanilang pagpupunyagi, lumilitaw ang kabatiran, ang inspirasyon, ang pag-unawa sa mga sanhi at epekto. Sa bandang huli ay nalalaman at nauunawaan nila kung bakit dapat maging ganoon ang ebanghelyo.

Binabanggit ko ang isa sa ilang paksang ito. Maaaring sa bandang huli ay makita ng isang miyembrong babae kung bakit binibigyang-diin natin ang kahalagahan ng pamamalagi ng mga ina sa tahanan sa piling ng kanilang mga anak. Nauunawaan niya na walang paglilingkod na makapapantay sa dakilang kapinuhang dumarating sa pamamagitan ng hindi makasariling pagkaina. Ni hindi niya kailangang kaligtaan ang sariling intelektuwal o kultural o sosyal na pagpapahusay. Naaakma ang mga bagay na iyon—sa tamang panahon—sapagkat naghahatid ang mga ito ng walang-maliw na kabutihang dulot sa pagtuturo ng mga bata.

Walang pagtuturo na makapapantay, mas espirituwal na makabuluhan, o mas nakapagpapadakila kaysa sa pagtuturo ng ina sa kanyang mga anak. Maaaring makadama ng kakulangan ang isang ina na hindi ganap na maalam sa banal na kasulatan dahil abala siya sa pagtuturo ng kanyang mag-anak. Hindi kukulangin ang matatanggap niyang gantimpala.

Nakikipagtalakayan tungkol sa doktrina si Pangulong Grant Bangerter kay Pangulong Joseph Smith, na nalilibot ang misyon niya sa Brazil. Nakinig si Sister Bangerter at sa wakas ay sinabi, "Pangulong Smith, nagpapalaki ako ng mga anak at wala akong oras para maging dalubhasa sa banal na kasulatan na gaya niya. Mapupunta ba ako sa kahariang selestiyal kasama ni Grant?"

Ilang sandaling payapang nagnilay-nilay si Pangulong Smith at pagkatapos ay nagsabi, "Siguro, kung ipaghuhurno mo siya ng pastel."

Mahihirapan nang husto ang isang lalaki upang mapantayan ang espirituwal na kagalingan na kusang tumitindi sa kanyang asawa habang tinuturuan nito ang kanyang mga anak. At kung nauunawaan man niya ang ebanghelyo, alam

niyang hindi siya maliligtas kung wala ang kanyang asawa.[19] Ang pinakapag-asa niya ay manguna sa pagiging maalalahanin at responsableng katuwang sa pagtuturo ng kanilang mga anak.

**Mga Pagpapala sa mga Guro**

Ngayon, pag-isipan ang pangakong ito:

"Masigasig kayong magturo at ang aking pagpapala ay dadalo sa inyo [ang guro] upang kayo [ang guro, ang ina, ang ama] ay lalong ganap na matagubilinan sa teoriya, sa alituntunin, sa doktrina, sa batas ng ebanghelyo, sa lahat ng bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos, na kapaki-pakinabang ninyong [ang ina, ang ama] mauunawaan."[20]

Pansinin na ang pangako ay sa guro sa halip na sa estudyante.

"Masigasig kayong magturo at ang aking biyaya ay dadalo sa inyo [na mga nagtuturo sa inyong mga anak o ang Primarya, Panlinggong Paaralan, Mga Kabataang Babae at Lalaki, pagkasaserdote, seminary, Samahang Damayan]" upang makaalam kayo:

"Ng mga bagay maging sa langit at sa lupa, at sa ilalim ng lupa; mga bagay na nangyari na, mga bagay na nangyayari, mga bagay na malapit nang mangyari; mga bagay na nasa tahanan, mga bagay na nasa ibang bansa; ang mga digmaan at ang mga bumabagabag sa mga bansa, at ang mga kahatulan na nasa lupa; at kaalaman din tungkol sa mga bansa at sa mga kaharian—

"Upang kayo [na nagtuturo] ay maging handa sa lahat ng bagay kapag kayo ay muli kong isusugo upang gawin ang tungkulin kung saan ko kayo tinawag, at ang misyon na aking iniatas sa inyo."[21]

Ipinropesiya ni Pablo sa batang si Timoteo na "sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib."[22] Sabi niya, "Ang masasamang tao at mga magdaraya ay lalong sasama nang sasama, na mangagdadaya, at sila rin ang mangagdadaya."[23]

Ngunit magiging ligtas pa rin tayo. Ang kaligtasan natin ay nasa pagtuturo sa mga bata:

"Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, At pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan."[24]

Pinayuhan ni Pablo si Timoteo:

"Dapatuwa't manatili ka sa mga bagay na iyong pinagaralan at sa pinagkaroonan mo ng katunayan, yamang nalalaman mo kung kanino mo nangatutuhan;

"At mula sa pagkasanggol ay iyang *nalalaman ang mga banal na kasulatan* na makapagpadunong sa iyo sa ikaliligtas sa pamamagitan ng ng pananampalataya kay Cristo Jesus."[25]

Ito ang Simbahan ni Jesucristo. Ito ay Kanyang Simbahan. Siya ang ating Halimbawa, ang ating Manunubos. Iniutos sa ating maging "gaya niya na matwid."[26]

Naging guro Siya ng mga bata. Inutusan Niya ang Kanyang mga disipulo sa Jerusalem na "Pabayaan ninyo ang maliliit na bata, at huwag ninyong pagbawalan silang magsilapit sa akin; sapagka't sa mga ganito ang kaharian ng langit." [27]

Sa kuwento tungkol sa ministeryo ng Tagapagligtas sa mga Nephita, mas makikilala natin Siya marahil nang higit pa sa alinpamang lugar:

"At ito ay nangyari na, na kanyang iniutos na ang kanilang maliliit na anak ay ilapit.

"Kaya inilapit nila ang kanilang maliliit na anak at inilapag sa lupa na nakapalibot sa kanya, at si Jesus ay tumayo sa gitna; at ang maraming tao ay nagbigay-daan hanggang sa ang lahat ay madala sa kanya. . . .

". . .Siya ay tumangis, at ang maraming tao ay nagpatotoo nito, at kinuha ang kanilang maliliit na anak, isa-isa, at binasbasan sila, at nanalangin sa Ama para sa kanila.

"At nang magawa na niya ito, siya ay muling tumangis;

"At nangusap siya sa maraming tao, at sinabi sa kanila: Masdan ang inyong mga musmos.

"At nang sila ay tumingin upang pagmasdan ay itinuon nila ang kanilang mga paningin sa langit, at kanilang nakitang bumukas ang kalangitan, at nakita nila ang mga anghel na bumababa mula sa langit na parang ito ay nasa gitna ng apoy; at sila ay bumaba at pinalibutan yaong mga musmos, at sila ay napalibutan ng apoy; at ang mga anghel ay naglingkod sa kanila.

"At ang maraming tao ay nakakita at nakarinig at nagpatotoo; at alam nila na ang kanilang patotoo ay totoo sapagkat lahat sila ay nakakita at nakarinig."[28]

Alam kong totoo ang tala. Pinatototohanan ko Siya at pagpalain kayong lahat na nagtuturo sa mga bata sa Kanyang pangalan.

Mula sa talumpating ibinigay sa isang debosyonal sa Brigham Young University Education Week noong ika-17 ng Agosto 1999 (tingnan sa *Ensign,* Peb. 2000, 10–17).

MGA TALA

1. Alma 37:35.
2. Doktrina at mga Tipan 68:25.
3. “The Bishop and His Counselors,” *Ensign,* May 1999, 57.
4. Doktrina at mga Tipan 84:85.
5. Doktrina at mga Tipan 84:88.
6. Alma 37:35.
7. Doktrina at mga Tipan 93:36.
8. Doktrina at mga Tipan 93:40.
9. Juan 14:26; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik.
10. “Ode: Intimations of Immortality,” taludtod 5.
11. Jacob 4:14.
12. Doktrina at mga Tipan 43:15–16.
13. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:85.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:89.
15. 11 Kay Timoteo 2:2.
16. Mga Taga Roma 2:21–22; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik.
17. Tingnan sa Juan 6:60; 1 Nephi 16:2; 2 Nephi 9:40; Helaman 14:10.
18. Mateo 5:11–12; Tingnan din sa Lucas 21:12; Juan 15:20; 3 Nephi 12:12.
19. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 131:1–4, 132:19–21.
20 Doktrina at mga Tipan 88:78; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik.
21. Doktrina at mga Tipan 88:79–80.
22. 11 Kay Timoteo 3:1.
23. 11 Kay Timoteo 3:13.
24. Mga Kawikaan 22:6.
25. 11 Kay Timoteo 3:14–15; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik.
26. 1 Juan 3:7.
27. Mateo 19:14.
28. 3 Nephi 17:11–12, 21–25.

# Paggabay sa mga Anak sa Paggawa Nila ng mga Pasiya 15

## Mga Idea para sa Pagsasagawa

Batay sa sarili ninyong mga pangangailangan at kalagayan, sundin ang isa o higit pa sa mga mungkahing ito.

- Sa takdang babasahin sa ibaba, apat na mungkahi ang ibinibigay ni Elder M. Russell Ballard upang tulungan tayong "magtayo ng moog ng pananampalataya sa ating mga tahanan at. . .maghanda sa ating mga kabataan na maging malinis at dalisay at ganap na karapat-dapat na makapasok sa templo." Repasuhin ang kanyang mga mungkahi at gumawa ng mga natatanging plano upang masunod ang mga mungkahing ito sa inyong tahanan.
- Mag-isip ng mga pagpapasiyang maaaring kaharapin ng bawat bata sa inyong mag-anak sa paaralan, sa tahanan, at sa ibang mga kapaligiran. Pag-isipan kung ano ang magagawa ninyo para maihanda ang bawat bata sa paggawa ng mabubuting pagpapasiya.

## Takdang Babasahin

Pag-aralan ang sumusunod na lathalain. Kung kayo ay may asawa, basahin at talakayin ang lathalaing ito kasama ang inyong asawa.

### Tulad ng apoy na Di-maapula

Elder M. Russell Ballard
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

**Kagalakan ng Kasal sa Templo**

Paminsan-minsan ay nagkakaroon ako ng pribilehiyong mangasiwa sa templo kapag ang dalawang karapat-dapat na dalaga at binata ay ikinakasal at ibinubuklod sa bahay ng Panginoon. Lagi nang mga natatanging panahon ang mga ito para sa mag-anak at mga kaibigan. Ang mga nadarama sa gayong mga panahon ay ang pinagsamang tamis at kasiyahan ng kaligayahan sa mundo at walang hanggang kagalakang nakikita sa luhaang mga mata ng mga ina na buong pusong nanalangin para sa araw na ito. Nakikita ninyo ito sa mga mata ng mga ama na, sa unang pagkakataon sa loob ng maraming buwan, ay nag-iisip ng iba maliban sa kung paano mababayaran ang lahat ng gastusin. Ngunit higit sa lahat ay nakikita ninyo ito sa mga mata ng marangal na magkasintahang ikakasal na namuhay nang tapat sa mga turo ng ebanghelyo, na umiiwas sa mga tukso ng mundo. May natatangi, hindi maitatatuwang damdaming madarama ng mga yaong nanatiling malinis at dalisay at marangal.

**Tiyak na Hindi Nagbabago ang mga Pamantayan ng Moralidad**

Napakarami sa ating mga kabataang lalaki at babae ang napadadaig sa mga impluwensiyang iginigiit ng mundo na dinadagsaan ng masasamang mensahe at kahalayan. Nagtataguyod si Lucifer ng masamang pakikipaglaban para sa mga kaluluwa ng mga kabataan at matatanda man, at tumataas ang bilang ng mga nabibiktima. Ang mga pamantayan ng mundo ay nagbago tulad ng mga buhangin ng disyertong tinangay ng hangin. Yaong dating hindi pa naririnig o hindi katanggap-tanggap ay karaniwan na ngayon. Napakalaki ng pagbabago ng pananaw ng mundo na yaong mga pinipiling kumapit nang mahigpit sa mga nakaugaliang pamantayan ng moralidad ay itinuturing na kakatwa, na halos parang kailangan nilang pangatwiranan ang kanilang pagnanais na sundin ang mga kautusan ng Diyos.

Ngunit isang bagay ang tiyak: hindi pa nagbabago ang mga kautusan. Huwag magkakamali tungkol sa bagay na iyan. Ang tama ay nananatiling tama. Ang mali ay nananatiling mali, gaano man katusong naikukubli ito sa mapitagan o politikal na kawastuhan. Naniniwala tayo sa kalinisang-puri bago ang kasal at katapatan pagkatapos nito. Ang pamantayang iyan ay isang di nagbabagong pamantayan ng moralidad. Hindi ito nakasalalay sa opinyon ng publiko ni sa sitwasyon o kalagayan. Hindi kailangang pagtalunan ito o ang iba pa mang pamantayan ng ebanghelyo.

**Pagpapatibay ng Pananampalataya sa Tahanan**

Ngunit may matinding pangangailangan para sa mga magulang, pinuno, at guro na tulungan ang

ating mga kabataan na matutuhan, mahalin, pahalagahan, at ipamuhay ang mga pamantayan ng ebanghelyo. Dapat magkasamang manindigan sa pagtatanggol ang mga magulang at kabataan laban sa tuso at mapanlinlang na kaaway. Kailangan nating maging matapat, mabisa, at determinado sa ating mga pagsisikap na ipamuhay ang ebanghelyo tulad ng pagsisikap niyang wasakin ito—at tayo.

Napakalaki ng hamong kinakaharap natin. Nalalagay sa panganib ang mga kaluluwa ng mga taong minamahal natin. Maaari bang magmungkahi ako ng apat na pamamaraan sa pagtatayo natin ng moog ng pananampalataya sa ating mga tahanan at lalung-lalo na sa pagtulong na makapaghanda ang ating mga kabataan sa pagiging malinis at dalisay at ganap na karapat-dapat na makapasok sa templo.

**Ituro sa mga Anak ang Ebanghelyo**

Ang una ay ang impormasyon sa ebanghelyo. Ang pinamahalaga, nakapagpapabagong-buhay na impormasyong nalalaman ko ay ang kaalamang tayo ay tunay na mga anak ng Walang-Hanggang Diyos Ama sa Langit. Hindi lang wasto ang pagkadoktrina nito, espirituwal na mahalaga ito. Sinabi ng Tagapagligtas sa Kanyang makapangyarihang tagapamagitan na panalangin, "At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, samakatuwid baga'y si Jesucristo" (Juan 17:3). Ang makilala ang Ama sa Langit at maunawaan ang ating kaugnayan sa kanya bilang ating Ama at ating Diyos ay ang makatagpo ng kabuluhan sa buhay na ito at pag-asa sa buhay na darating. Kailangang malaman ng ating mga mag-anak na Siya ay tunay, na sa katunayan ay mga anak Niya tayo at tagapagmana ng lahat ng mayroon Siya, ngayon at magpakailanman. Sa kaligtasang dulot ng kaalamang iyon, mas malamang na hindi maghanap ng masasamang libangan ang mga miyembro at mas malamang na umasa sa Diyos at mabuhay (tingnan sa Mga Bilang 21:8).

**Mamuhay Sang-ayon sa Tipan, Hindi Sang-ayon sa Kaginhawahan**

Kahit paano ay kailangan nating ikintal sa ating mga puso ang makapangyarihang patotoo ng ebanghelyo ni Jesucristo tulad ng sa ating mga tagabunsod na ninuno. Alalahanin ninyo noong bumagsak ang Nauvoo noong Setyembre ng 1846 at ang mga di-makayanang kalagayan ng mga Banal sa mga maralitang kampo. Nang umabot ang balita sa Winter Quarters, agad na ipinatawag ni Brigham Young ang mga miyembrong lalaki. Matapos ipaliwanag ang sitwasyon at paalalahanan sila ng tipang ginawa nila sa Templo ng Nauvoo na sinumang ayaw sumama, gaano man kadukha, ay maiiwan, ibinigay niya ang kahanga-hangang hamong ito:

"Ngayon ang panahon ng paggawa," sabi niya. "*Hayaan ang apoy ng tipan* na inyong ginawa sa Bahay ng Panginoon, *na magningas sa inyong mga puso tulad ng apoy na di-maapula*" (To the High Council at Council Point, Ika-27 ng Set. 1846, Brigham Young Papers, Historical Department Archives, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 1; idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik). Sa loob ng ilang araw, sa kabila ng halos naghihikahos na kalagayan sa Winter Quarters, maraming bagon ang sumulong pasilangan upang sagipin ang mga Banal sa mga maralitang kampo sa baybayin ng Ilog Mississippi.

Madalas nating naririnig ang paghihirap at ang pagsasakripisyong tiniis ng mga naunang Banal, at itinatanong natin sa ating sarili, Paano nila nagawa iyon? Ano ang nagbigay sa kanila ng gayong lakas? Bahagi ng kasagutan ay nakasalalay sa makapangyarihang mga salita ni Pangulong Young. Nakipagtipan sa Diyos ang mga naunang Banal sa mga Huling Araw na iyon, at ang mga tipang iyon ay nagningas na tulad ng di-maapulang apoy sa kanilang mga puso.

Kung minsan ay natutukso tayong hayaang higit na mapamahalaan ang buhay natin ng kaginhawahan kaysa ng tipan. Hindi laging madaling ipamuhay ang mga pamantayan ng ebanghelyo at panindigan ang katotohanan at magpatotoo tungkol sa Pagpapanumbalik. Kadalasan ay hindi madaling ibahagi ang ebanghelyo sa iba. Hindi laging maginhawang tumugon sa tungkulin sa Simbahan, lalung-lalo na yaong sumusubok sa ating kakayahan. Ang mga ipinangako nating gagawin, ay bihirang dumarating sa magiginhawang panahon. Ngunit walang espirituwal na kapangyarihan sa pamumuhay batay sa kaginhawahan. Dumarating ang kapangyarihan kapag pinananatili natin ang ating mga tipan. Habang tinitingnan natin ang buhay ng mga naunang Banal, nakikita natin na pangunahing puwersa sa kanilang buhay ang kanilang mga tipan. Sapat ang kapangyarihan ng kanilang halimbawa at patotoo upang makaimpluwensiya sa mga susunod pang salinlahi ng kanilang mga anak.

**Ituro sa mga Anak ang tungkol sa Moralidad**

Habang lumalaki ang ating mga anak, kailangan nila ng impormasyong mas tuwiran at mas payak na itinuro ng kanilang mga magulang tungkol sa kung ano ang angkop at hindi. Kailangang malaman ng mga bata at kabataan mula sa mga magulang na ang anumang uri ng pornograpiya ay kasangkapan ng diyablo; at kung susubukan ito ninuman, may

kapangyarihan ito para magpagumon, magpapurol, at maging mangwasak ng kaluluwa ng tao. Kailangang maturuan sila na huwag gumamit ng mahalay na salita at huwag gamitin kailanman ang pangalan ng Panginoon sa walang kabuluhan. Kailanma'y hindi dapat ikalat ang magagaspang na birong narinig. Turuan ang mga miyembro na huwag makinig sa musikang pumupukaw sa kahalayan. Kausapin silang mabuti tungkol sa seks at sa turo ng ebanghelyo tungkol sa kalinisang-puri. Hayaang magmula sa mga magulang sa tahanan ang impormasyong ito sa angkop na paraan. Kailangang malaman ng mga miyembro ng mag-anak ang lahat ng patakaran at espirituwal na mapalakas upang matupad nila ito. At kapag may pagkakamaling nagawa, dapat maunawaan at matanggap ang kagila-gilalas na Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo nang sa pamamagitan ng ganap at minsa'y mahirap na proseso ng pagsisisi, matamo ang pagpapatawad at patuloy na pag-asa, sa hinaharap. Hindi natin kailanman dapat isuko ang sarili at pangmag-anak nating pagsisikap na matagpuan ang buhay na walang hanggan.

Sa kasamaang-palad, napakaraming magulang sa daigdig natin ngayon ang bumibitiw sa responsibilidad na ituro ang mga pinahahalagahang ito at iba pang mga doktrina ng Simbahan sa kanilang mga mag-anak, at naniniwalang magagawa ito ng iba: ng mga kabarkada, ng paaralan, ng mga pinuno at guro ng Simbahan, o maging ng media. Araw-araw ang ating mga anak ay nag-aaral, at pinupuno ang kanilang mga isipan at puso ng mga karanasan at pang-unawa na lubos na nakaiimpluwensiya sa kanilang mga pansariling pinahahalagahang sistema.

### Palakasin ang Bawat Isa Laban sa Kasamaan

Mga kapatid, kailangang tagubilinan natin ang isa't isa at magkintal ng mas masidhing pananampalataya sa ating mga puso upang palakasin ang ating sarili upang magkaroon ng tapang na sundin ang mga kautusan sa patuloy na sumasamang daigdig. Kailangang maging lubos tayong napabalik-loob sa ebanghelyo ni Cristo nang ang apoy ng tipan ay magningas sa ating mga puso tulad ng di-maapulang apoy. At sa ganyang uri ng pananampalataya gagawin natin ang kinakailangan upang manatiling tapat at karapat-dapat.

### Buksan ang Linya ng Komunikasyon sa mga Anak

Ang pangalawa ay komunikasyon. Wala nang mas mahalaga pa sa ugnayan sa pagitan ng mga miyembro ng mag-anak maliban sa bukas, tapat na komunikasyon. Totoo ito lalung-lalo na sa mga magulang na nagsisikap ituro sa kanilang mga anak ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang kakayahang makipagsanggunian sa ating mga kabataan. . .at marahil ang mas mahalaga, ay ang tunay na pagdinig sa kanilang mga alalahanin. . . ang saligan kung saan itinatayo ang matatagumpay na ugnayan. Kadalasan ang nakikita natin sa mga mata at nadarama natin sa ating mga puso ay higit na makapagpaparating ng mensahe kaysa sa naririnig o sinasabi natin. Isang paalala sa inyong mga anak: Huwag kayong lapastangan sa mga magulang. Kailangan din ninyong matutong makinig, lalung-lalo na sa payo ng inyong ina at ama at sa mga panghihikayat ng Espiritu. Kailangang manmanan at samantalahin ang mga natatanging sandali ng pagtuturo na laging nagaganap sa ating mga ugnayang pangmag-anak, at kailangang magpasiya tayo ngayong magdaos ng gabing pantahanan ng mag-anak tuwing Lunes ng gabi.

May mabibisang sandali ng komunikasyon sa pamamagitan ng regular na panalanging pangmag-anak at sa pamamagitan ng pag-aaral ng mag-anak ng mga banal na kasulatan. Ang mga banal na kasulatan ay tutulong sa paglalarawan ng mga pinahahalagahan at layunin ng mag-anak, at ang sama-samang pag-uusap tungkol dito ay tutulong sa mga miyembro ng mag-anak na matutong maging sila ay maging panatag, espirituwal na malakas, at nagtitiwala sa sariling kakayahan. Nangangailangan ito ng panahon, kaya kailangang sama-sama tayong magsanggunian tungkol sa kung ilang oras dapat ipahintulot ang panonood sa telebisyon, gaano karaming pelikula, video, laro sa video, oras sa Internet, o mga gawain sa labas ng tahanan.

### Kailangang Maghimasok ang mga Magulang at mga Pinuno

Ang ikatlo ay panghihimasok. Tungkulin ng mga magulang na manghimasok kapag nakakakita sila ng mga maling pagpili. Hindi iyan nangangahulugan na inaagaw ng mga magulang sa mga anak ang mahalagang kaloob na pagpili. Dahil ang pagpili ay kaloob ng Diyos, sa huli ay kanila pa rin ang pagpili kung ano ang gagawin nila, paano sila kikilos, at ano ang paniniwalaan nila. Ngunit bilang mga magulang kailangan nating tiyakin na nauunawaan nila ang angkop na pag-uugali at ang mga kahihinatnan nito kung ipagpapatuloy pa rin nila ang mali nilang ginagawa. Tandaan, walang tinatawag na hindi makatwirang pagdidisiplina sa tahanan. Ang mga sine, magasin, telebisyon, video, ang Internet, at iba pang media ay naroon bilang mga panauhin at dapat lamang tanggapin kapag sila ay naaangkop para sa kasiyahan ng mag-anak. Gawing kanlungan ng kapayapaan at kabutihan ang inyong tahanan. Huwag hayaang dumihan ng masasamang impluwensiya ang

sarili ninyong espirituwal na kapaligiran. Maging mabait, maalalahanin, mahinahon, at mapagbigay sa sinasabi ninyo at sa pakikitungo ninyo sa isa't isa. Sa gayon ang mga layunin ng mag-anak na batay sa mga pamantayan ng ebanghelyo ay makapagpapadali sa paggawa ng mabubuting pasiya.

Ang gayunding alituntunin ay naaangkop sa inyong mga obispo, guro, at iba pang pinuno ng Simbahan habang umaalalay kayo sa mga mag-anak. Hindi kayo dapat magpabaya habang gumagawa ng mga maling pagpili ang mga yaong pinangangasiwaan ninyo. Kapag ang isa sa ating mga kabataan ay nasa mga panahon ng mabibigat na pagpapasiya sa buhay, halos lagi nang may isang tao—magulang, pinuno, guro—na makagagawa ng kaibhan sa pamamagitan ng panghihimasok nang may pagmamahal at kabaitan.

### Maging Mabuting halimbawa sa mga Bata

Ang ikaapat ay halimbawa. Katulad ng mahirap para sa napapagal na manlalayag na mahanap ang kanyang landas patawid sa karagatan nang walang tulong ng kompas, gayundin na halos imposible para sa mga bata at kabataan na makita ang kanilang landas sa mga karagatan ng buhay nang walang mapanggabay na liwanag ng mabuting halimbawa. Hindi natin sila maaasahang iwasan ang mga bagay na hindi naaangkop kung nakikita nila ang pagwawalang-bahala ng mga magulang sa mga alituntunin at pagkukulang sa pamumuhay ng ebanghelyo.

Bilang mga magulang, guro, at pinuno, banal na tungkulin natin na magpakita ng makapangyarihang pansariling halimbawa ng matwid na lakas, tapang, sakripisyo, mapagparayang paglilingkod, at pagpipigil sa sarili. Ito ang mga katangiang tutulong sa ating mga kabataan na mangunyapit sa gabay na bakal ng ebanghelyo at manatili sa makipot at makitid na landas.

### Nakakatulong ang Pamumuhay ng ebanghelyo para Maiwasan ang Pagkakamali

Sana'y masabi ko sa inyo na ang pagtutuon sa impormasyon, komunikasyon, panghihimasok, at halimbawa ay lagi nang magbubunga ng perpektong mag-anak na may mga perpektong anak na hindi kailanman maliligaw mula sa mga pamantayan ng ebanghelyo. Ngunit sa kasamaang-palad, hindi ganoon ang nangyayari. Ngunit ang mga mag-anak na nakaaalam, nagtuturo, at namumuhay sang-ayon sa mga alituntunin at pamantayan ng ebanghelyo ay mas malamang na mailigtas ang kanilang sarili sa sakit bunga ng mabibigat na pagkakamali. Kapag nananaig ang matagal nang naitatag na huwaran ng positibong komunikasyon at matapat na halimbawa, mas madali nang sama-samang magsanggunian tungkol sa mga pansariling suliranin at pagsikapan ang mga kinakailangang pagbabago na magpapala sa bawat miyembro ng mag-anak.

Pakinggan ang makahulugang payo ni Haring Benjamin:

"Hindi ko masasabi sa inyo ang lahat ng bagay kung saan kayo ay maaaring magkasala; sapagkat maraming magkakaibang daan at mga paraan, na lubhang napakarami kung kaya't hindi ko na yaon magagawang bilangin.

"Ngunit ito lamang ang masasabi ko sa inyo, na kung hindi ninyo babantayan ang inyong sarili, at ang inyong mga isipan, at ang inyong mga salita, at ang inyong mga gawa, at susunod sa mga kautusan ng Diyos, at magpapatuloy sa pananampalataya sa inyong mga narinig hinggil sa pagparito ng ating Panginoon maging hanggang sa katapusan ng inyong mga buhay, kayo ay tiyak na masasawi. At ngayon, o tao, pakatandaan at nang huwag masawi" (Mosias 4:29–30).

Mga kapatid, nawa'y pagpalain ng Diyos ang bawat isa sa atin nang manatiling nagniningas sa ating mga puso ang ating mga tipan na tulad ng apoy na di-maapula. Nawa'y maging handa tayo na espirituwal na panibaguhin ang ating mga sagradong tipan bawat linggo habang nakikibahagi tayo ng sakramento. Dalangin ko na parangalan natin ang Panginoon at maging sabik tayo sa paggawa ng ating bahagi sa pinakamasaya at dakilang araw na ito, upang itayo ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng pagpapalakas ng ating mga mag-anak.

Mula sa talumpati ni Elder Ballard sa pangkalahatang komperensiya ng Simbahan noong Abril 1999 (tingnan sa Conference Report, Ab. 1999, 111–15; o *Ensign,* Mayo 1999, 85–87).

# Pangmag-anak na Panalangin, Pangmag-anak na Pag-aaral ng Banal na Kasulatan, at Gabing Pantahanan ng Mag-anak

# 16

## Mga Ideya para sa Pagsasagawa

Batay sa sarili ninyong mga pangangailangan at kalagayan, sundin ang isa o pareho sa mga mungkahing ito.

- Kung palagiang nagdaraos ang inyong mag-anak ng pangmag-anak na panalangin, pangmag-anak na pag-aaral ng banal na kasulatan, at gabing pantahanan ng mag-anak, mapanalanging isipin ang mga paraan kung paano ninyo mapagbubuti ang isa sa mga tagpong ito. Kung hindi ginagawa ng inyong mag-anak ang mga bagay na ito, pag-isipan kung ano ang magagawa ninyo upang matulungan kayong itatag ang mga gawaing ito sa inyong tahanan.
- Bilang mag-anak, magplano ng gawaing sama-sama ninyong magagawa.
- Repasuhin ang materyal sa mga pahina 167–89 ng *Pagtuturo: Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (36123 893).

## Takdang Babasahin

Pag-aralan ang mga sumusunod na lathalain. Kung kayo ay may asawa, basahin at talakayin ang lathalaing ito kasama ang inyong asawa.

### Ang mga Pagpapala ng Panalanging Pangmag-anak

Pangulong Gordon B. Hinckley

Ipinahayag ni Apostol Pablo kay Timoteo:

"Datapuwa't alamin mo ito, na sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib.

"Sapagka't ang mga tao'y magiging maibigin sa kanilang sarili, maibigin sa salapi, mayayabang, mga mapagmalaki, mapagtungayaw, masuwayin sa mga magulang, mga walang turing, mga walang kabanalan,

"Walang katutubong pag-ibig, mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, mga mabangis, hindi mga maibigin sa mabuti,

"Mga lilo, mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kay sa mga maibigin sa Dios" (II Kay Timoteo 3:1–4).

Kinakailangan ang bagong pagbibigay-diin sa katapatan, ugali, at paninindigan sa ating panahon. Mababago lang ang kalakaran ng ating panahon kung itatayo nating muli sa mga himaymay ng ating buhay ang mga kabutihang siyang diwa ng tunay na sibilisasyon. Ang katanungang kinakaharap natin ngayon ay, Saan tayo magsisimula?

Nasisiyahan ako na kailangan itong magsimula sa pagkilala sa Diyos bilang ating Amang Walang Hanggan, sa ating kaugnayan sa Kanya bilang Kanyang mga anak, sa pakikipag-usap sa Kanya sa pagkilala sa Kanyang pinakamakapangyarihang katayuan, at sa araw-araw na pagsamo para sa Kanyang patnubay sa lahat ng ating mga gawain.

Sumasang-ayon ako na ang pagbalik sa dating kaugaliang pananalangin, ang pangmag-anak na panalangin sa mga tahanan ng mga tao, ay isa sa mga pangunahing panlunas na pipigil sa nakamamatay na sakit na sanhi ng pagkabulok ng karangalan ng ating lipunan. Hindi tayo makaaasa ng himala sa isang araw, ngunit magkakaroon tayo ng himala sa isang henerasyon.

Mga isa o dalawang henerasyon na ang nagdaan, ang panalanging pangmag-anak sa mga tahanan ng mga Kristiyano sa buong daigdig ay isang gawain sa maghapon na kasinghalaga ng pagkain. Nang mabawasan ang nakasanayang iyan, sumunod dito ang pagkabulok ng moralidad gaya ng ipinahayag ni Pablo.

Naniniwala ako na walang sapat na makahahalili sa umaga at gabing pagluhod nang sabay-sabay—ama, ina, at mga anak. Ito, higit pa sa malalambot na karpet, higit pa sa magagandang kurtina, higit pa sa mahusay na pagkakabalanse ng mga kulay, ang

bagay na siyang makagagawa ng mas maiinam at mas magagandang tahanan.

May isang bagay sa mismong pagkakaluhod na sumasalungat sa mga ugaling inilarawan ni Pablo: “mayayabang. . .matitigas ang ulo, mga palalo.”

May isang bagay sa mismong ginagawang sama-samang pagluhod ng ama at ina at mga anak na nagpapalaho sa ibang mga katangiang kanyang inilarawan: “masuwayin sa mga magulang. . .walang katutubong pag-ibig.”

May isang bagay sa ginagawang pagtawag sa Diyos na bumibigo sa posibleng paghantong sa kalapastanganan at sa pagiging maibigin sa kalayawan kaysa sa maging maibigin sa Diyos.

Ang kagustuhang maging makasalanan, gaya ng pagkakalarawan ni Pablo rito, ang maging walang utang-na-loob, ay napapawi kapag ang mga miyembro ng mag-anak ay sama-samang nagpapasalamat sa Panginoon para sa buhay at kapayapaan at lahat ng mayroon sila. At habang pinasasalamatan nila ang Panginoon para sa isa’t isa, may nabubuo sa loob ng mag-anak ng bagong pagpapahalaga, bagong paggalang, bagong pagsuyo para sa isa’t isa.

Ipinahayag ng banal na kasulatan: “Pasalamatan ninyo ang Panginoon ninyong Diyos sa lahat ng bagay” (D at T 59:7). At muli: “At walang bagay na magagawa ang tao na makasasakit sa Diyos, o wala sa kaninuman ang pag-aalab ng kanyang poot, maliban sa yaong mga hindi kumikilala sa kanyang ginawa” (D at T 59:21).

Sa sama-samang pag-alala sa harapan ng Panginoon sa mga maralita, sa nangangailangan, at sa mga nahihirapan, may nabubuong pagmamahal, nang di napapansin ngunit makatotohanan, para sa iba na higit sa sarili, ng paggalang sa iba, ng pagnanais na tugunan ang mga pangangailangan ng iba. Hindi mahihiling sa Diyos ninuman na tulungan ang isang kapitbahay na nangangailangan nang hindi nakadarama sa kanyang sarili mismo ng pagnanais na tulungan ang nangangailangang kapitbahay na iyon. Anong laking mga himala ang mangyayari sa buhay ng mga bata ng daigdig kung isasaisantabi nila ang sariling kasakiman at kalilimutan ang sarili sa paglilingkod sa iba. Ang binhing pagmumulan ng mapagkanlong at mabungang punong ito ang pinakamainam na maitatanim at maaalagaan sa araw-araw na pagsusumamo ng mag-anak.

Wala akong alam na ibang paraan upang maikintal ang pag-ibig sa bayan maliban sa pananalangin ng mga magulang sa harapan ng kanilang mga anak para sa bayang kanilang tinitirhan, na humihiling ng mga pagpapala ng Makapangyarihan para dito nang manatili itong malaya at mapayapa. Wala na akong alam na ibang paraan upang maitatag sa mga puso ng ating mga anak ang lubos na kinakailangang paggalang para sa awtoridad kaysa pag-alala sa sa araw- araw na pagsamo ng mag-anak sa mga pinuno ng ating kani-kanyang bayan na nagpapasan ng mga suliranin ng pamahalaan.

Natatandaan ko na nakita ko sa isang malaking paskil ang pangungusap na nagsasaad ng “Ang bayang nananalangin ay bayan ng kapayapaan.” Naniniwala ako rito.

Wala akong ibang alam na lubos na makakatulong na mapayapa ang di magandang samahan sa mag-anak, na sa mahinay na paraan ay magdudulot ng paggalang sa mga magulang na hahantong sa pagsunod, na makaaapekto sa diwa ng pagsisisi na labis na papawi sa pagkabulok ng mga wasak na tahanan, kaysa sa sama-samang panalangin, pagtatapat ng mga kahinaan sa harapan ng Panginoon, at paghingi ng pagpapala sa Panginoon para sa tahanan at sa mga naninirahan doon.

Matagal na akong humahanga sa ipinahayag ng isang taong matagal nang pumanaw. Sumulat si James H. Moyle sa kanyang mga apo hinggil sa pangmag-anak na panalangin sa kanyang sariling tahanan. Sabi niya: “Hindi kami natutulog hangga’t hindi lumuluhod sa panalangin upang magsumamo ng banal na patnubay at pagsang-ayon. Maaaring magkaroon ng di-pagkakasundo sa pinakamahuhusay na pinamahalaang mag-anak, ngunit ito ay mapapawi sa pamamagitan ng. . .diwa ng panalangin. . . . Isinusulong ng mismong sikolohiya nito ang mas matwid na buhay sa mga tao. Nauuwi ito sa pagkakaisa, pagmamahalan, kapatawaran, sa paglilingkod.”

Noong 1872 muling nagpakanluran si Koronel Thomas L. Kane, ang dakilang kaibigan ng ating mga miyembro sa mga panahon ng kanilang paghihirap sa Iowa at sa panahon ng pagdating ng hukbo sa Salt Lake Valley, kasama ang kanyang asawa at dalawang anak na lalaki. Naglakbay sila patungong St. George kasama si Brigham Young, at tumitigil bawat gabi sa mga tahanan ng mga miyembro ng Simbahan na nadaraanan nila. Sunud-sunod na mga liham ang ipinadala ni Gng. Kane sa kanyang amang nasa Philadelphia. Sinabi niya sa isa sa mga ito:

“Sa bawat isa sa mga lugar na pinaglagian namin sa paglalakbay na ito nananalangin kami pagkatapos na pagkatapos ng hapunan, at muli bago mag-almusal. Walang lumiliban. . . . Ang mga Mormon. . . ay lumuluhod kaagad, habang ang puno ng sambahayan, o isang panauhing pandangal ay nananalangin nang malakas. . . . Kaunting panahon lang ang ginugugol nila sa pagpapahayag ng mga katangian ng Diyos,

subalit humihiling ng kanilang mga pangangailangan, at pinasasalamatan Siya sa mga ibinigay Niya. . . . Ipinalalagay [nila] na alam ng Diyos ang ating mga pangalan at titulo, at hihiling ng pagpapala para sa [isang tao na binabanggit ang pangalan nito], . . .Nagustuhan ko ito nang makasanayan ko."

Ah, sana ay ganap nating mapapagyaman bilang mga tao ang kaugaliang ito, na lubos na mahalaga sa ating mga tagabunsod na ninuno. Bahagi na ng kanilang mga pagsamba ang pangmag-anak na panalangin gaya ng mga pulong na ginaganap sa Tabernakulo. Sa pananampalatayang kaakibat ng araw-araw na mga panalanging iyon, hinawan nila ang damo sa paligid ng mga halaman, pinatubigan ang tigang na lupa, pinamulaklak ang disyerto, pinamahalaan sa pagmamahal ang kanilang mga mag-anak, namuhay nang mapayapa sa piling ng isa't isa, at ginawang imortal ang kanilang mga pangalan habang kinalimutan nila ang mga sarili sa paglilingkod sa Diyos.

Ang mag-anak ang pangunahing yunit ng ating lipunan. Ang nananalanging mag-anak ang pag-asa ng mas mabuting lipunan. "Inyong hanapin ang Panginoon samantalang siya'y masusumpungan" (Isaias 55:6).

Mas mapagaganda ba natin ang ating mga tahanan? Oo, sa pamamagitan ng pagtukoy natin bilang mga mag-anak sa Pinagmumulan ng lahat ng tunay na kagandahan. Mapalalakas ba natin ang lipunan at magagawa itong mas magandang tirahan? Oo, sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kabutihan ng ating buhay-mag-anak sa pamamagitan ng sama-samang pagluhod at pagsusumamo sa Makapangyarihan sa pangalan ng Kanyang Minamahal na Anak.

Ang kaugaliang ito, ang pagbalik sa pagsamba ng mag-anak, na lumalaganap sa buong lupain at sa ibabaw ng daigdig, ay lubhang papawi sa loob ng isang henerasyon sa pangwawasak na sumisira sa atin. Ipanunumbalik nito ang paninindigan, paggalang sa isa't isa, at isang diwa ng pasasalamat sa puso ng mga tao.

Ipinahayag ng Panginoon, "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan" (Mateo 7:7).

Nagpapatotoo ako sa inyo na kung matapat ninyong maisasagawa ang pangmag-anak na panalangin, hindi kayo lilisan nang hindi nagagantimpalaan. Maaaring hindi kaagad mahalata ang mga pagbabago. Maaaring halos hindi na ito mapansin. Ngunit magkakatotoo ang mga ito, sapagkat ang Diyos "ay tagapagbigay ganti sa mga sa Kaniya'y nagsisihanap" (Sa Mga Hebreo 11:6).

Nawa'y maging matapat tayo sa pagkikita ng halimbawa sa kaugaliang ito sa harapan ng sanlibutan at sa panghihikayat sa iba na gayon din ang gawin.

Mula sa Ensign ng Pebrero 1991, mga pahina 2–5.

---

## "Kaya Ako ay Naturuan"

Elder L. Tom Perry
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

**Butihing mga Magulang**

Nagsisimula ang Aklat ni Mormon sa mga salitang ito: "Ako, si Nephi, na isinilang sa butihing mga magulang samakatwid, ako ay naturuan ng lahat halos ng karunungan ng aking ama" (1 Nephi 1:1). Magiging iba ang mundong ito kung ang mga pansariling talaarawan ng bawat isa sa mga anak ng ating Ama sa Langit ay magsisimula sa ganitong parirala—ang pagkakaroon ng butihing mga magulang at ang maturuan nila.

Nabubuhay tayo sa gayong katangi-tanging panahon sa kasaysayan, isang panahon kung kailan naipanumbalik ang ebanghelyo ng Panginoon sa kabuuan nito. Nag-iibayo ang uri at bilang ng puwersa ng ating mga misyonero; sa gayon, itinuturo ang ebanghelyo sa mas maraming wika sa mas maraming bansa at sa mas malalaking bilang ng mga nakikinig kaysa noon. Habang itinatatag ang mga purok at istaka sa pinakamaraming bahagi ng mundo, binigyang-inspirasyon ang mga malikhaing-isip na makabuo ng mga kagamitang pangkomunikasyon na may kakayahang maghatid ng mga tagubilin ng mga propeta sa mga tainga ng mas marami pang tao. Ang magandang balita ng ebanghelyo ay mas mabilis nang lalaganap ngayon upang magdala ng pag-asa ng walang-hanggang kapayapaan sa mga puso ng sangkatauhan.

**Buhay-Mag-anak na nasa Krisis**

Isa sa mga dakilang mensahe ng ebanghelyo ay ang doktrina ng walang-hanggang kalikasan ng mag-anak. Ipinahahayag namin sa buong mundo ang kahalagahan ng buhay-mag-anak, ngunit karamihan sa kaguluhan at paghihirap na natatagpuan nating umiiral sa daigdig ngayon ay nagmumula sa unti-unting pagkasira ng mag-anak. Ang mga karanasan

sa tahanan kung saan tinuturuan at sinasanay ng mga mapagmahal na magulang ang mga anak ay nababawasan.

Ang buhay-mag-anak kung saan sama-samang nakikipag-ugnayan ang mga anak at mga magulang sa pag-aaral, paglalaro, at pagtatrabaho ay nahalinhan na ng mabilis, kani-kanyang ininit na pagkain sa harap ng telebisyon sa gabi. Noong 1991 ipinalagay ng National Association of Countries, na nagpulong sa Salt Lake City, na ang kakulangan ng impluwensiya ng tahanan ay umabot na sa puntong naging krisis ito sa ating bansa at gumugol ng panahon sa kanilang mga pulong sa pagtalakay sa kanilang mga alalahanin. Tumukoy sila ng limang pangunahing konsepto na magdaragdag ng pagkakataong magtagumpay ang mag-anak.

Una, palakasin ang mga ugnayan sa pamamagitan ng mga gawaing pangmag-anak; ikalawa, magtatag ng mga makatwirang patakaran at inaasahan; ikatlo, magpalago ng pagpapahalaga sa sarili; ikaapat, magtakda ng mga maisasakatuparang adhikain; at ikalima, paminsan-minsang suriin ang mga kalakasan at pangangailangan ng mag-anak.

Biglang nagkaroon ng natatanging kabuluhan ang nagpupumilit at nagbababalang tinig ng ating mga propeta mula pa noong unang panahon. Gaya ng ipinayo at inihikayat sa atin, kailangan nating bigyang-pansin ang ating sariling mag-anak at pag-ibayuhin ang ating pagsisikap na maibahagi sa iba ang kaalaman sa katotohanan at ang kahalagahan ng mag-anak.

**Natutuhan nina Adan at Eva ang mga Tungkulin ng mga Magulang**

Sa simula pa lamang, ang mga tagubilin ng Panginoon kina Adan at Eva ay nagbigay-linaw sa kanilang mga responsibilidad bilang mga magulang. Maliwanag na nailarawan ang kanilang mga tungkuling gagampanan. Matapos nilang makatanggap ng mga tagubilin mula sa Panginoon, nalaman nating sinunod nila ang kanyang payo at sinasabi ito:

"At sa araw na yaon, pinapurihan ni Adan ang Diyos at napuspos, at nagsimulang magpropesiya hinggil sa lahat ng mag-anak sa mundo, na nagsasabing: Purihin ang pangalan ng Diyos, sapagkat dahil sa paglabag ko ang aking mga mata ay namulat, at sa buhay na ito ako ay makatatamo ng kagalakan, at muli sa laman aking makikita ang Diyos.

"At si Eva, na kanyang asawa, ay narinig ang lahat ng bagay na ito at natuwa, na nagsasabing: Kung hindi dahil sa ating paglabag tayo sana ay hindi nagkaroon ng mga binhi, at kailanman ay hindi nalaman ang mabuti at masama, at ang kagalakan ng ating pagkatubos, at ang buhay na walang hanggan na ibinibigay ng Diyos sa lahat ng masunurin.

"At pinapurihan nina Adan at Eva ang pangalan ng Diyos at ipinaalam ang lahat ng bagay sa kanilang mga anak na lalaki at babae" (Moises 5:10–12).

**Turuan at Sanayin ang mga Anak**

Oo, noong una pa man ang responsibilidad ng mga magulang sa pagtuturo sa kanilang mga anak ay isa sa mga tagubiling ibinigay ng Panginoon sa ating unang mga magulang sa lupa.

Ang mga paghahayag na natanggap nang muling naipanumbalik ang Simbahan sa panahong ito ay pinaaalalahanan ang mga magulang sa kanilang obligasyong turuan at sanayin ang kanilang mga anak. Sa ikasiyamnapu't tatlong bahagi ng Doktrina at mga Tipan, natatagpuan natin ang Panginoon na pinarurusahan ang ilan sa mga miyembrong lalaki dahil sa hindi pagbibigay ng pansin sa kanilang mga responsibilidad sa mag-anak. Isinasaad sa mga banal na kasulatan:

"Subalit ipinag-utos ko sa inyo na palakihin ang inyong mga anak sa liwanag at katotohanan. . . .

"Hindi mo tinuruan ang iyong mga anak ng liwanag at katotohanan, alinsunod sa mga kautusan; at yaong masama ay may kapangyarihan, sa ngayon, sa iyo, at ito ay dahilan ng iyong pagdurusa.

"At ngayon isang kautusan ang ibinibigay ko sa iyo—kung ikaw ay maliligtas ay isasaayos mo ang iyong sambahayan, sapagkat maraming bagay na hindi wasto sa iyong sambahayan" (D at T 93:40, 42–43).

**Kahalagahan ng Gabing Pantahanan ng Mag-anak**

Ilang taon na ang nakalilipas pinayuhan ng Simbahan ang lahat ng mga magulang na magdaos ng lingguhang gabing pantahanan ng mag-anak. Ngayon nasimulan na ang payong iyon sa mga tahanan ng mga miyembro ng Simbahan. Isinasaisantabi na ang Lunes ng gabi bilang gabi para magsama-sama ang mga mag-anak. Walang mga gawain sa Simbahan o mga pagtitipon sa labas na dapat idaos sa gabing ito. Pinangakuan tayo ng malalaking pagpapala kung magiging tapat ang ating mga mag-anak sa bagay na ito.

Pinayuhan tayo ni Pangulong Harold B. Lee:

"Tandaan ninyo ito ngayon; na kapag naunawaan ang ganap na saklaw ng misyon ni Elias, papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang. Naaangkop ito sa buhay na ito gaya ng ginagawa nito sa kabilang buhay. Kung

kinaliligtaan natin ang ating mga mag-anak dito sa pagdaraos ng gabing pantahanan ng mag-anak at nagkukulang tayo sa ating responsibilidad dito, ano ang magiging anyo ng langit kung mawalay sa atin ang ilan sa kanila dahil sa sarili nating kapabayaan? Hindi magiging langit ang langit hangga't hindi natin nagagawa ang lahat ng makakaya natin upang iligtas ang mga isinugo ng Panginoon sa pamamagitan ng ating angkan."

Pagkatapos ay nagpatuloy siya:

"Kaya, ang mga puso ninyong mga ama at ina ay kailangang maipabalik-loob sa inyong mga anak *ngayon din*, kung nasa inyo ang tunay na diwa ni Elias, at hindi ninyo iisiping naaangkop lamang ito sa mga nasa kabilang buhay. Hayaang mapabalik-loob ang inyong mga puso sa inyong mga anak, at turuan ang inyong mga anak; ngunit kailangan ninyong gawin ito kapag sapat na ang gulang nila upang maturuan nang wasto. At kung kinaliligtaan ninyo ang gabing pantahanan ng mag-anak, kinaliligtaan ninyo ang pagsisimula ng misyon ni Elias na parang kinaliligtaan ninyo ang pagsasaliksik ninyo sa inyong talaangkanan" (sa *Relief Society Courses of Study*, 1977–78 [1977], 2; idinagdag ang pagkakahilig ng mga salita).

Lagi kong iniisip ang masasayang araw noong bata pa ang aming mag-anak at nasa tahanan ang aming mga anak. Nirepaso ko sa aking isipan ang mga araw na iyon at inisip ko ang mga pagbabagong gagawin ko sa kaayusan at pamamahala sa aming mag-anak kung may pagkakataon kaming muling mabuhay sa panahong iyon. May dalawang bahagi akong nais pagbutihin kung mabibigyan ako ng pribilehiyong iyon na muling magkaroon ng mga musmos na anak sa aming tahanan.

Ang una ay ang gumugol ng mas maraming oras bilang mag-asawa sa mga kapulungang pangmag-anak sa pag-aaral, pakikipag-ugnayan, pagpaplano, at pagsasaayos upang higit na maisakatuparan ang aming mga tungkuling ginagampanan bilang magulang.

Ang pangalawang hiling ko, kung mabubuhay akong muli sa mga taong iyon, ay ang gumugol ng mas maraming oras sa mag-anak. Kinabibilangan ito ng mas walang-maliw at makabuluhang mga gabing pantahanan ng mag-anak.

**Nag-aambag sa Tagumpay ang mga Kabataan**

Ang buong pasanin ng pagpaplano at paghahanda para sa mga gabing pantahanan ng mag-anak ay hindi dapat iatang lamang sa mga magulang. Ang pinakamatatagumpay na nasaksihan ko ay kapag aktibong nakikilahok ang kabataan ng mag-anak.

Nananawagan ako sa inyong mga dakilang diyakono, guro, at mga saserdote, kayong mga kabataang babae sa Beehive, Mia Maid, at Laurel na gumawa ng malaking kontribusyon para sa tagumpay ng gabing pantahanan ng mag-anak. Maaaring kayo ang maging konsensiya ng mag-anak sa maraming tahanan. Kunsabagay, kayo ang may pinakaraming matatamo mula sa karanasang ito. Kung nais ninyong mabuhay sa daigdig ng kapayapaan, seguridad, at oportunidad, ang mag-anak na maaari ninyong iambag ay makadaragdag sa mabuting kapakanan, oo, maging ng buong sanlibutan.

Naaalala ko ang isang halimbawa nito na naganap sa Kapaskuhan isang taon nang isama namin sa pamamasyal ang aming mga apo. Upang tunay na makaranas ng pagsasama-sama, napagkasunduan naming sumakay sa isang van upang sama-samang magbiyahe. Nasa loob kaming Lolo at Lola at ang aking anak na lalaki at ang tatlo niyang mas nakatatandang anak. Naiwan sa bahay ang aking manugang kasama ang mga mas nakababatang miyembro ng mag-anak. Ako naman ang nagmamaneho, at nakaupo sa tabi ko ang aking asawa at siyang tagabigay ng direksyon ng pupuntahan. Mula sa may likuran ng van, narinig ko si Audrey, ang panganay, na nakikipagsanggunian sa kanyang ama. Sinabi niya: "Itay, isa sa mga layunin natin ngayong taon ay ang tapusin ang Aklat ni Mormon sa ating pangmag-anak na pag-aaral. Huling araw na ito ng taon. Bakit hindi natin tapusin ito ngayon para hindi tayo mahuli sa takdang oras?"

Napakagandang karanasan ang makinig sa aking anak at sa kanyang tatlong anak, na isa-isang naghahalinhinan sa pagbabasa ng mga huling kabanata ni Moroni at tinatapos ang kanilang layuning basahin ang buong Aklat ni Mormon. Alalahanin ninyo, isang kabataang babae ang nagbigay ng mungkahing ito, hindi isa sa mga magulang.

**Hamon sa Kabataan**

Kayo ay isang piling henerasyon—inilaan para sa natatanging panahong ito sa kasaysayan ng sangkatauhan. Napakarami ninyong maibibigay upang maidagdag sa paglago at pag-unlad ng mga mag-anak kung saan kayo nabibilang. Hinahamon ko kayong humakbang pasulong sa inyong mga mag-anak nang may natatanging siglang iyon ng diwa ng inyong kabataan upang tunay na ipamuhay ang ebanghelyo sa inyong mga tahanan. Tandaan ang payo ni Pangulong Joseph F. smith nang sabihin niyang:

"Nais kong malaman ng aking mga anak, at ang lahat ng mga anak ng Sion, na walang bagay sa

daigdig na ito na lubos na mahalaga sa kanila maliban sa kaalaman tungkol sa Ebanghelyo ayon sa pagkakapanumbalik nito sa mundo sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Walang makapupuno sa kawalan nito. Walang bagay sa daigdig na ito na makahahambing sa kahusayan sa kaalaman kay Jesucristo. Samakatwid, hayaang kalingain ng lahat ng mga magulang sa Sion ang kanilang mga anak, at ituro sa kanila ang mga alituntunin ng Ebanghelyo, at pagsikapan hangga't maaari na ipatupad sa kanila ang mga tungkulin nila—hindi nang wala sa loob, dahil napipilitan lang silang gawin ito, kundi ikintal sa mga puso ng mga bata ang diwa ng katotohanan at ang walang-maliw na pagmamahal para sa Ebanghelyo, nang sa gayo'y hindi nila gawin ang kanilang tungkulin para lamang bigyang-lugod ang kanilang mga magulang, kundi dahil kalugud-lugod din ito sa kanilang sarili" (sa *Collected Discourses Delivered by President Wilford Woodruff, His Two Counselors, the Twelve Apostles, and Others,* tinipon ni Brian H. Stuy, 5 tomo [1987–92], 5:436).

### Pasiglahing Muli ang Gabing Pantahanan ng Mag-anak

Para sa lahat ang gabing pantahanan ng mag-anak, maging ito man ay sa tahanang may mga magulang, isang magulang, o sa tahanang iisa lamang ang miyembro. Mga tagapagturo ng tahanan, nananawagan kami sa inyo na sa palagiang pagdalaw ninyo ay hikayatin at pasiglahing muli ang pagdaraos ng mga gabing pantahanan ng mag-anak.

Ipinaalala sa atin ng ating [dating] propeta, si Pangulong Ezra Taft Benson, ang pangangailangang magdaos ng mga gabing pantahanan ng mag-anak at ang mga bagay na nagpapatagumpay dito. Sinabi niya:

"Nilayon upang palakasin at pangalagaan ang mag-anak, ang programang gabing pantahanan [ng mag-anak] ng Simbahan ay nagtatakda ng isang gabi bawat linggo upang tipunin ng mga ama at ina ang kanialng mga anak sa tahanan. Nag-aalay ng panalangin, umaawit ng mga himno at iba pang awitin, nagbabasa ng mga banal na kasulatan, tinatalakay ang mga paksang pangmag-anak, ipinakikita ang mga talino, itinuturo ang mga alituntunin ng ebanghelyo, at kadalasa'y nagkakaroon ng mga palaro at nagsisilbi ng lutong meryenda" (sa Conference Report, Philippine Islands Area Conference 1975, 10).

Umaasa kami na bawat isa sa inyo ay isusulat ang bawat isa sa mga mungkahing ito na ginawa ng propeta tungkol sa dapat kapalooban ng gabing pantahanan ng mag-anak.

Pagkatapos ay nagpatuloy siya: "Ngayon, narito ang mga pagpapalang ipinangako ng propeta ng Diyos para sa mga magdaraos ng mga lingguhang gabing pantahanan [ng mag-anak]: "Kung susundin ng mga Banal ang payong ito, ipinangangako namin na darating ang malalaking pagpapala. Mag-iibayo ang pagmamahalan sa tahanan at pagsunod sa mga magulang. Mabubuo ang pananampalataya sa mga puso ng mga kabataan ng Israel, at matatamo nila ang lakas na labanan ang masasamang impluwensiya at tuksong dumadagsa sa kanila" (sa Conference Report, Philippine Islands Area Conference 1975, 10; tingnan din sa *Improvement Era,* Hunyo 1915, 734).

Hinihikayat namin ang bawat isa sa inyo na sumunod sa payo ng ating propeta. Sa lahat ng mga yunit ng mag-anak sa buong Simbahan, suriing muli ang pag-unlad ninyo sa pagdaraos ng mga palagiang gabing pantahanan ng mag-anak. Ang pagsasagawa ng programang ito ay magiging pananggalang at proteksyon sa inyo laban sa mga kasamaan ng ating panahon at magdudulot sa inyo, sa sarili o sa pangkalahatan, ng mas malaki at masaganang kagalakan ngayon at sa mga susunod na kawalang-hanggan.

Nawa'y pagpalain tayo ng Diyos upang mapasigla nating muli at mapatatag ang napakahalagang programang ito habang sama-sama tayong nagsasanggunian bilang mga miyembro ng mag-anak.

Mula sa talumpati ni Elder Perry sa pangkalahatang komperensiya ng Simbahan noong Abril 1994 (tingnan sa Conference Report, Abr. 1994, 47–51; o *Ensign,* Mayo 1994, 36–38).

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02363 57893 4
36357 893